Tagalog
2019

HANDBOOK NG NAGMAMANEHO SA CALIFORNIA



Makukuha ang handbook na ito sa **www.dmv.ca.gov**.

Gavin Newsom, Gobernador
Estado ng California

Brian C. Annis, Kalihim
Ahensya ng Estado ng California sa Transportasyon

William Davidson, Umaaktong Direktor
Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor

MGA TALA

Minamahal na kapwa Taga-California,

Ikaw man ay isang nagmamanehong may karanasan nang ilang dekada o isa kang tinedyer na nakakatanggap ng iyong pansamantalang pahintulot, nakatuon ang Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (*California Department of Motor Vehicles*) sa California sa pagtitiyak na nauunawaan ng bawat taong may driver license ang mga panuntunan ng daan at sumusunod sa mga kasanayan para sa ligtas na pagmamaneho.

May higit 27 milyong lisensyadong nagmamaneho sa ating malaking estado, at layunin natin na lahat sila – pati na rin ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta na gumagamit ng daan – ay ligtas na makauwi sa tahanan bawat araw. Ang *Handbook ng Nagmamaneho sa California (California Driver Handbook)* na ito ay isang gabay ng mga inaasahan at mga responsabilidad para sa mga nagmamaneho.

Sa pag-renew at pagkuha ng bagong driver license ng mga Taga-California sa taong ito, mayroon silang opsyon na mag-apply para sa "REAL ID" card na naaayon sa pederal na pamantayan. Kakailanganin ang DMV REAL ID card o iba pang dokumento ng pagkakakilanlan na inaprubahan ng pederal na pamahalaan upang sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa simula Oktubre 1, 2020. Ipinapaliwanag sa website ng DMV ang mga benepisyo at mga kinakailangan para sa REAL ID, kabilang ang mga dokumentong kailangan para mag-apply. Umaasa kaming mapapabilis ng mga napi-print na dokumentong ito ang iyong pagbisita sa tanggapan.

Pinapabuti ng DMV ang serbisyo sa customer sa pamamagitan ng pag-update ng mga mapagkukunang makukuha online. Sa pamamagitan ng pagbisita sa **dmv.ca.gov**, maa-access mo ang digital na kopya ng handbook na ito at mga pagsusulit para sa pag-ensayo, mga madalas na itanong at iba pang materyal para sa edukasyon at pagpapabuti ng iyong kakayahan sa pagmamaneho. Dahil ikaw man ay isang beteranong nagmamaneho o baguhan, lahat tayo ay nakikinabang sa mga mabuting kasanayan sa pagmamaneho.

Sana ay maging ligtas ang iyong mga paglalakbay,

BRIAN C. ANNIS
Kalihim
Ahensya ng Estado ng California sa Transportasyon (*California State Transportation Agency*)

MGA TALA

TALAAN NG MGA NILALAMAN

MGA BAGONG BATAS NG 2019 VII

IMPORMASYON NG DMV VIII

Saan Susulat ix

PANGKALAHATANG IMPORMASYON.....1

Pagtatatwa 1

Gawain at Bisyon ng DMV 1

Tumpak na Pagkakakilanlan 1

Pangunahing Impormasyon..... 2

ANG DRIVER LICENSE SA CALIFORNIA 2

Sino ang Dapat Magkaroon ng Driver License? 2

Mga Residente sa California..... 2

Residenteng Tauhan ng Militar sa California (Mga Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos)..... 2

Hindi Residenteng Tauhan ng Militar na Nakatalaga sa California 3

Mga Bagong Residente ng California ... 3

Mga Nasa Hustong Gulang na Bumibisita sa California 3

Kaligtasan para sa Tumatandang Nagmamaneho 3

PAGKUHA NG DRIVER LICENSE.....4

REAL ID Act 5

Kung Paano Nakakaapekto ang REAL ID Act sa Mga Taga-California 5

Kailangan ko ba ng REAL ID? 5

Paano Ako Maghahanda para Mag-apply para sa REAL ID Card?..... 5

Kinasal, Nag-diborsiyo, o Nagpalit ng Pangalan? 6

Mga Kinakailangan sa Aplikasyon para sa Pangunahing Klase C na Driver License..... 6

Mga Kinakailangan ng Pahintulot ng Mga Nasa Hustong Gulang 7

Mga Kinakailangan sa Driver License ng Mga Nasa Hustong Gulang 8

MGA KLASE NG DRIVER LICENSE 9

ANG PROSESO NG PAGSUSULIT.....10

Saan Kukunin ang Mga Pagsusulit..... 10

Mga Pagsusulit ng DMV 11

Pandaraya 12

ESPESYAL NA SEKSYON – MGA MENOR-DE-EDAD 12

Mga Kinakailangan ng Pahintulot ng Mga Menor-de-edad 12

Mga Limitasyon ng Pahintulot ng Mga Menor-de-edad 13

Mga Kinakailangan sa Driver License ng Mga Menor-de-edad 13

Mga Pagbubukod - Mga Limitasyon ng Driver License ng Mga Menor-de-edad ... 14

Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado 15

Pahintulot ng Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado 15

Driver License ng Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado... 15

Mga Pagkilos Laban sa Pansamantalang Driver License..... 15

Pagtatago ng Iyong Pansamantalang Driver License 16

Mga Menor-de-edad at Mga Cell Phone .. 16

IBA PANG IMPORMASYON SA PAGLILISENSYA 17

Upang Palitan ang isang Nawala/Ninakaw o May Sirang Driver License 17

Mga Pagbabago sa Pangalan..... 17

Mga Pagbabago sa Kategorya ng Gender..... 17

Mga Pag-renew ng Driver License..... 18

Pag-renew sa pamamagitan ng Koreo o Internet 18

Pagpapalugit ng Driver License 18

Driver License sa Iyong Pangangalaga...20

Mga Pagbabago sa Address 20

Paningin 20

Card ng Medikal na Impormasyon..... 20

Pag-donate ng Organ ng Katawan at Tissue 21

Pagtatalaga bilang Beterano at Impormasyon ng Benepisyo 21

Paano ko Makukuha ang Pagtatalaga bilang Beterano?..... 21

Magparehistro Upang Makaboto 22

Hindi Lisensyadong Mga Nagmamaneho..... 22

Mga Diplomatic na Driver License..... 22

Mga Card ng Pagkakakilanlan..... 22

Mga Walang Bayad na Card ng Pagkakakilanlan..... 23

Pag-renew ng Card ng Pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Koreo o Internet 23

Mga Paaralan sa Pagmamaneho..... 23

Programa Para sa Mature na Nagmamaneho..... 24

Mga Responsibilidad ng Taong Naglalakad 24

Bagong Teknolohiya..... 25

PAGPROTEKTA SA PASAHERO 26

Mga Seat Belt 26

Sistema sa Pagpigil ng Bata at Mga Pangkaligtasang Upuan 26

Ligtas na Pagsakay na May Mga Air Bag..... 27

Walang Bantay na Mga Bata sa Mga De-motor na Sasakyan 28

Pagmamaneho Nang May Abala 28
Mga Peligro sa Mainit na Panahon 28

MGA KONTROL NG TRAPIKO 29
Mga Traffic Signal Light 29
Mga Signal Light para sa Mga Taong Naglalakad 30
Mga Traffic Sign 31

MGA BATAS AT PANUNTUNAN NG DAAN ... 34
Mga Panuntunan ng Right-of-Way 34
Pangkalahatang Impormasyon 34
Mga Taong Naglalakad 34
Mga Tawiran 35
Mga Panulukan 35
Mga Roundabout 36
Sa Mga Daanan sa Bundok 37
Mga Limitasyon sa Bilis 37
Pinabagal na Mga Takbo 37

VISUAL NA PAGHAHANAP 42
Pag-scan 42
Alamin Kung Ano ang Nasa Unahan 42
Alamin Kung Ano ang Nasa Iyong Gilid 44
Alamin Kung Ano ang Nasa Likuran Mo 45
Gaano Kahusay Ka Nakakahinto? 45

KONTROL NG LINYA 46
Mga Kulay ng Linya 46
Pagpili ng Linya 47
Paglipat ng Mga Linya 47
Mga Linya sa Pag-overtake 47
Mga Linya ng Carpool/Mga Sasakyang May Dalawa O Higit Pang Pasahero 48
Mga Linya sa Pagkaliwa sa Gitna 48
Mga Lugar at Linya sa Pag-turnout 49
Mga Marka ng Dulo ng Linya 49
Mga Yield Line 49
Mga Lane sa Pagbibisikleta 49

MGA PAGLIKO 50
Mga Halimbawa ng Mga Pagliko sa Kanan at Kaliwa 52
Mga Legal na U-Turn 53
Mga Ilegal na U-Turn 56

PAGPARADA 56
Pagparada sa Burol 56
Parallel na Pagparada 57
Pagparada sa May Kulay na Mga Bangketa 58
Ilegal na Pagparada 59
Mga Espesyal na Panuntunan sa Pagparada 60

MGA KASANAYAN SA LIGTAS NA PAGMAMANEHO 60
Pagbibigay ng signal 60
Pagmamaneobra 61
Posisyon ng Kamay 61
Pagkontrol sa Sasakyan 61
Busina, Mga Headlight at Mga Emergency Signal 62
Gamitin ang Iyong Busina 62
Huwag Gamitin ang Iyong Busina 62
Gamitin ang Iyong Mga Headlight 63
Gamitin ang Iyong Mga Emergency Signal 63
Pagpapadala ng Text Message at Mga Cell Phone 64

PAGPOPOSISYON NG SASAKYAN 66
Pagsunod sa Mga Layo 66
Mga Taong Maaaring Maging Mapanganib sa Mga Nagmamaneho 66
Paghihiwalay ng Pagkakaiba 67
Puwang na Papasukan 67
Puwang na Tatawiran o Papasukan 67
Lalabasang Puwang 68
Pag-overtake 68
Kapag Naghahandang Mag-overtake 68
Pagbalik sa Lane Pagkatapos Mag-overtake 69
Kapag May Nag-o-overtake 69

PAGBABAHAGI NG DAAN 70
Malalaking Trak (Malalaking Rig) at Mga Sasakyang Panlibangan (Mga Recreational Vehicle) 70
Pagpreno 70
Mga Blind Spot ng Nagmamaneho ng Trak—ang "No Zone" 70
Pagliko 70
Pagmaneobra 72
Mga Bus, Streetcar, at Mga Trolley 72
Mga Light-Rail na Sasakyan 73
Mga Sasakyang Pang-emergency 74
Ang Mga Sasakyang Mabagal ang Takbo 74
Ang mga De-kuryenteng Sasakyan sa Komunidad at mga Mabagal na Sasakyan (Low-Speed Vehicle, LSV) 75
Ang Mga Sasakyang Hila ng Hayop 75
Mga Motorsiklo 75
Mga Bisikleta 76
Mga Bisikleta sa Mga Linya sa Paglalakbay 77
Ang Mga Bulag na Taong Naglalakad 80
Mga Nagtatrabaho sa Daan at Pinagtatrabahuhan (Mga Lugar na May Cone) 82
Mga Lugar na Doble ang Multa 82
Tumabi at Magmabagal 82
Mga Sasakyang may Mga Mapanganib na Kargada 83

Pakikitungo sa Siksikan sa Trapiko.....83
Pakikitungo sa Mga Agresibong Nagmamaneho at Matinding Galit sa Daan.....83

MGA ESPESYAL NA SITWASYON SA PAGMAMANEHO..... 84
Panatilihing Nakikita ang Iyong Sasakyan.....84
Ano ang Kundisyon ng Daan 84
Mga Curve 85
Mga Bilis ng Trapiko 85
Mga Panganib sa Pagmamaneho 85
Tubig sa Daan.....85
Madudulas na Daan.....85
Malalakas na Hangin.....86
Pagmamaneho sa Lugar na Mahamog o Lubhang Mausok 86
Pagmamaneho Nang May Nakakasilaw na Araw.....87
Pagmamaneho sa Dilim.....87
Pagmamaneho sa Ulan o Snow.....88
Mga Bahang Kalsada.....88
Pagmamaneho sa Hill Country o Mga Curve 89
Mga Pampigil sa Trapiko.....89
Linisin ang Mga Bintana at Salamin 89
Isaayos ang Upuan at Mga Salamin.....90
Kaligtasan ng Gulong.....90
Pagmamaneho na Hindi Nakakasama sa Kalikasan.....90
Iba Pang Panganib.....92
Ano ang Dapat na Gawin ng Nagmamaneho Sa Pagpapatupad na Paghinto 92

PANGANGASIWA NG MGA EMERGENCY ... 93
Mga Mekanikal na Tip 93
Pagdausdos sa Madudulas na Daan...93
Paglihis sa Daan 94
Pagbilis Dahil sa Pagdulas.....94
Na-lock na Mga Pagdulas ng Gulong 94
Hindi Paggana ng Accelerator.....95
Device sa Pag-lock ng Manibela 95
Ang Mga Banggaan Ay Hindi Mga Aksidente 95
Mga Dahilan ng Mga Banggaan.....95
Pagkasangkot sa Banggaan.....95
Pag-uulat ng Isang Banggaan.....96
Mga Tip sa Kaligtasan 97
Sa Freeway.....97
Sa Mga Riles ng Tren 98

PAGIGING HANDA NG NAGMAMANEHO 98
Paningin 98
Pandinig 98
Pagmamaneho Nang Pagod o Inaantok ..99
Mga Gamot.....99
Kalusugan at Mga Damdamin 99
Mga Kundisyong Dapat na Iulat ng Mga Doktor.....100

ALAK AT MGA DROGA 100
Ang Alkohol/Mga Droga at Pagmamaneho Ay Mapanganib 100
Paggamit o Pagdadala ng Alkohol o Mga Produktong Cannabis sa Sasakyan 101
Mga Nagmamanehong Wala Pang 21 (May Dalang Alkohol)..... 101
Anumang Edad ng Mga Nagmamaneho.....101
Mga Limitasyon ng Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo 102
Admin Mismo 102
Wala pang 21—Hindi Pagkunsinte para sa Paggamit ng Alkohol..... 103
Mga Hatol ng Hukuman sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.....103
Mga Nagmamanehong 21 at Pataas—Mga Programa kaugnay ng Pagmamaneho sa Ilalim ng Impluwensiya at Pinaghihigpitang Driver License.....106

KARAGDAGANG MGA BATAS/PANUNTUNAN SA PAGMAMANEHO 106
Mga Bagay na Hindi Mo Dapat Gawin:...106
Mga Bagay na Dapat Mong Gawin: 108

PANG-ADMINISTRATIBO.....108
Pinansiyal na Pananagutan.....108
Mga Kinakailangan sa Insurance.....108
Mga Banggaan sa Iyong Talaan 109
Mga Pagkabangga, Insurance, at Menor-de-edad 109
Pagkuha ng Tiket 110
Pag-iwas sa Opisyal ng Pulisya..... 110
Mga Punto sa Talaan ng Nagmamaneho..... 111
Mga Hatol sa Paaralan ng Lumalabag sa Trapiko 111
Pagkakasuspinde o Pagbawi 111
Pagiging Kumpidensiyal ng Talaan 112
Bandalismo/Graffiti—Lahat ng Edad 112
Mga Paligsahan ng Bilis/Pagmamanehong Walang Pag-iingat..... 112
Pagdadala ng Mga Baril 112
Mga Kinakailangan sa Pagpaparehistro ng Sasakyan..... 112
Mga Sasakyan sa California 113
Mga Sasakyan sa Labas ng Estado... 113
Mga Tip sa Pag-iwas na Manakaw ang Sasakyan..... 114

ONLINE NA FAST FACTS TUNGKOL SA DRIVER LICENSE AT IBA PANG LATHALAIN 115

Kailangan Mo Ba ng REAL ID Driver License o Card ng Pagkakakilanlan?

Nag-aalok ang California DMV ng REAL ID driver license at mga card ng pagkakakilanlan na alinsunod sa pederal na pamantayan.

Kakailanganin ang REAL ID o iba pang dokumentong alinsunod sa pederal na pamantayan upang sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa o pumasok sa pederal na pasilidad o base militar simula **Oktubre 1, 2020**.

Lahat ng may-bisang driver license at mga card ng pagkakakilanlan sa California ay maaaring gamitin para sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa hanggang Oktubre 1, 2020.

REAL ID

Upang mag-apply para sa REAL ID card:

- Gumawa ng appointment para bumisita sa isang tanggapan ng DMV (lubos na hinihikayat na magkaroon ng appointment).
- Bisitahin ang website ng DMV para listahan ng mga dokumentong kailangan para mag-apply.

Hindi kailangan ng mga taong wala pang 18 taong gulang na magkaroon ng REAL ID para makalipad. Dapat makipag-ugnayan ang mga bisita sa mga pederal na pasilidad o base militar bago bumisita upang matukoy kung aling uri ng pagkakakilanlan ang tatanggapin.

Mayroong higit pang impormasyon sa **REALID.dmv.ca.gov**.

MGA BAGONG BATAS NG 2019

MAY BISA MULA ENERO 1, 2019

Pagdaan at Pag-overtake sa Mga Sasakyang para sa Serbisyo sa Basura

Kinakailangan ng nagmamaneho ng sasakyan sa pampublikong daan o highway na lumalapit o nag-oovertake sa nakahintong sasakyan para sa serbisyo sa basura na dumaan nang may ligtas na distansya nang hindi nakakaantala sa ligtas na operasyon ng sasakyan para sa serbisyo sa basura, nang may konsiderasyon sa kaligtasan at mga kondisyon ng trapiko.

Pagtanggi sa Kemikal na Pagsusuri ng Nilalamang Alkohol sa Dugo

Inaalis ang mga kriminal na implikasyon para sa mga indibidwal na tumatangging mapasailalim sa kemikal na pagsusuri ng kanilang dugo para sa mga layunin ng pagtutukoy ng nilalamang alkohol o droga ng kanilang dugo kapag legal na inaresto dahil sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.

Mga De-motor na Scooter

Ipinagbabawal nito ang tao na magmaneho ng de-motor na scooter sa highway na may limitasyon sa bilis na higit sa 25 milya kada oras (mph) maliban na lang kung ito ay nasa Class II o IV na bikeway. Pinapayagan nito ang pagmamaneho ng de-motor na scooter sa highway na may limitasyon sa bilis na 35 mph at inaatasan lamang ang mga operator ng de-motor na scooter na wala pang 18 taong gulang na magsuot ng helmet.

IMPORMASYON NG DMV

Mga Oras na Bukas ng Tanggapan sa Field	
Lunes	8 a.m. hanggang 5 p.m.
Martes	8 a.m. hanggang 5 p.m.
Miyerkules	9 a.m. hanggang 5 p.m.
Huwebes	8 a.m. hanggang 5 p.m.
Biyernes	8 a.m. hanggang 5 p.m.
Sabado	Sarado
Linggo	Sarado

Maaaring may pinalawig na oras ang ilang tanggapan sa field at maaaring bukas tuwing Sabado, at nag-aalok lamang ang ilan ng driver license/card ng pagkakakilanlan o mga serbisyo sa pagpaparehistro ng sasakyan. Hindi inaalok ang mga behind-the-wheel na pagsusulit tuwing Sabado. Upang malaman kung mayroong mga pinalawig na oras ang iyong lokal na tanggapan sa field, o upang humanap ng lokasyon ng tanggapan sa field at mga pagpipilian sa serbisyo, bumisita sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133.

Mag-online sa **www.dmv.ca.gov** para sa (upang):

- Mga lokasyon ng tanggapan, oras, direksyon, numero ng telepono, at tinatanggap na paraan ng pagbabayad.
- Gumawa ng mga appointment upang bisitahin ang isang tanggapan sa field o kumuha ng pagsusulit sa pagmamaneho (maliban para sa mga pangkomersyong pagsusulit sa pagmamaneho).
- Kumpletuhin ang Elektronikong Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (*Electronic Driver License & ID Card Application*, eDL 44).
- Palitan ang iyong address sa mga rekord ng DMV.
- Mag-order ng mga personalized na plaka.
- Impormasyon ng driver license/card ng pagkakakilanlan.
- Impormasyon sa pagpaparehistro ng sasakyan/sasakyang-pandagat.
- Mga nada-download na form.
- Mga lathalain—mga handbook, brochure, at halimbawang pagsusulit.
- Impormasyon ng nakakatandang nagmamaneho.
- Impormasyon ng tinedyer na nagmamaneho.
- Mga link sa ibang estado at pederal na ahensya.
- I-renew ang iyong driver license o pagpaparehistro ng sasakyan.

Tumawag sa 1-800-777-0133 sa karaniwang oras ng negosyo upang:

- Kumuha/humiling ng impormasyon ng driver license at pagpaparehistro ng sasakyan, mga form, at lathalain.
- Maghanap ng mga lokasyon at oras ng tanggapan.
- Gumawa ng appointment sa pagsusulit sa pagmamaneho.
- Makipag-usap sa isang kinatawan ng DMV o humiling ng muling pagtawag (call back).

Tumawag sa 1-800-777-0133 para sa awtomatikong serbisyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang:

- I-renew ang pagpaparehistro ng iyong sasakyan gamit ang numero ng pagkakakilanlan para sa pag-renew (renewal identification number, RIN) na nakasaad sa iyong abiso sa pagsingil. Maaari kang magbayad gamit ang credit card o e-check.
- Gumawa ng appointment sa isang tanggapan sa field. Tiyaking alam mo ang numero ng iyong driver license o card ng pagkakakilanlan, numero ng plaka ng sasakyan, at/o numero ng pagkakakilanlan ng sasakyan (vehicle identification number, VIN).

Maaaring tumawag ang mga taong hindi nakakarinig o may problema sa pandinig o pananalita sa 1-800-368-4327 nang toll-free para sa tulong sa mga serbisyo ng DMV. Tanging mga na-type na mensahe mula sa isa pang TTY ang natatanggap at tinutugunan sa numerong ito.

Saan Susulat

Kung mayroon kang anumang mga komento o mungkahi patungkol sa lathalaing ito, mangyaring ipadala ang mga iyon sa:

Department of Motor Vehicles
Customer Communications Section, MS H165
PO Box 932345
Sacramento, CA 94232-3450

© Copyright, Department of Motor Vehicles 2019
Nakalaan ang lahat ng mga karapatan

Pinoprotektahan ang likhang ito ng Batas sa Copyright ng U. S. Pagmamay-ari ng DMV ang copyright ng likhang ito. Ipinagbabawal ng batas sa copyright ang sumusunod: (1) muling paggawa ng naka-copyright na likha; (2) pagbabahagi ng mga kopya ng naka-copyright na likha; (3) paghahanda ng mga likhang hango sa naka-copyright na likha; (4) pagpapakita sa publiko ng naka-copyright na likha; o (5) pagtatanghal sa publiko ng naka-copyright na likha. Ang lahat ng mga hiling para sa pahintulot upang gumawa ng mga kopya ng lahat o anumang bahagi ng lathalaing ito ay dapat na ipatungo sa:

Department of Motor Vehicles
Legal Office, MS C128
PO Box 932382
Sacramento, CA 94232-3820

Nakakatulong ang pag-sponsor ng advertising na tumustos sa mga gastos sa pag-print ng lathalaing ito. Ang mga produkto at serbisyong ibinigay ng mga sponsor ng advertising ay hindi pino-promote o ineendorso ng DMV, ngunit higit na pinahahalagahan ang makabuluhang ambag ng mga sponsor ng advertising.

Kung gusto mong mag-advertise sa lathalaing ito, pakitawagan ang Departamento ng Advertising ng Tanggapan ng Paglathala ng Estado (Office of State Publishing Advertising Department) sa 1-866-824-0603.

Bagong Elektronikong Aplikasyon ng Driver License/ Card ng Pagkakakilanlan

Para makatipid ng oras, maaaring gamitin ng mga customer ng DMV ang kanilang computer, tablet, o smartphone para sagutan ang online na elektronikong aplikasyon para sa Driver License o card ng pagkakakilanlan bago bumisita sa isang tanggapan ng DMV.

Available sa mga sumusunod na 10 wika:

- Ingles
- Chinese
- Japanese
- Korean
- Thai
- Spanish
- Hindi
- Khmer
- Tagalog
- Vietnamese

Higit pang matuto sa www.dmv.ca.gov

STATE OF CALIFORNIA
DMV
DRIVING CHANGE...
DEPARTMENT OF MOTOR VEHICLES

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Pagtatatwa

Nagbibigay ang handbook na ito ng buod ng mga batas at regulasyon na nakabalangkas sa *Kodigo sa Sasakyan ng California (California Vehicle Code,* CVC). Ang Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor (*Department of Motor Vehicles*, DMV), tagapagpatupad ng batas, at ang mga hukuman ay sumusunod sa buo at eksaktong wika ng CVC. Maaari mong tingnan ang CVC sa **Leginfo.legislature.ca.gov** o bumili ng kopya ng libro ng CVC sa alinmang tanggapan ng DMV. Makikita ang mga singilin sa CVC at DMV online sa **www.dmv.ca.gov**. Maaaring magbago ang mga singiling nakalista sa *Handbook ng Nagmamaneho sa California (California Driver Handbook)* .

Ang handbook na ito ay nakatakda para sa pangunahing Klase C na driver license. Para sa detalyadong impormasyon sa iba pang uri at pag-endorso ng driver license, sumangguni sa ibang Handbook ng California DMV: *Handbook ng Nagmamanehong Pangkomersyo sa California (California Commercial Driver Handbook), Handbook ng Mga Sasakyang Panlibangan at Trailer (Recreational Vehicles and Trailers Handbook), Handbook ng Mga Nagmamaneho ng Ambulansya (Ambulance Driver Handbook), Gabay sa Pagsasanay ng Magulang-Tinedyer sa California (California Parent-Teen Training Guide), at Handbook ng Motorsiklo sa California (California Motorcycle Handbook)*.

Gawain at Bisyon ng DMV

Ang DMV ay isang ahensya ng gobyerno sa pang-estadong antas na ang dalawang pangunahing gawain ay magbigay ng lisensya sa mga nagmamaneho sa California at irehistro ang mga sasakyan sa loob ng estado. Gayunpaman, pinapanatili at pinapangasiwaan din ng DMV ang marami pang ibang gawain.

Bisyon ng DMV na maging pinagkakatiwalaang lider sa paghahatid ng mga makabagong serbisyo. Ang bisyong ito ay suportado ng misyon ng DMV na buong pagmamalaking mapagsilbihan ang publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng lisensya sa mga nagmamaneho, pagrerehistro sa mga sasakyan, pagpapanatiling ligtas ang mga pagkakakilanlan, at pangangasiwa ng industriya ng de-motor na sasakyan.

Tumpak na Pagkakakilanlan

Ang pagiging maaasahan, matapat, at kumpidensiyal ng lahat ng driver license/card ng pagkakakilanlan sa California ay mahalaga sa lahat ng antas ng pamahalaan, pribadong sektor, at pangkalahatan ng publiko.

Kritikal na kumpletong napatunayan at tumpak ang mga dokumentong ito. Inaatasan ng batas ng California ang lahat ng aplikanteng nag-a-apply para sa isang orihinal na driver license/card ng pagkakakilanlan o REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan sa California na magsumite ng isang dokumento ng pagkakakilanlan, social security card, kung kwalipikado, at 2 dokumento ng paninirahan sa California. Ang iyong totoong buong pangalan na ipinapakita sa iyong dokumento ng pagkakakilanlan ay makikita sa iyong driver license/card ng pagkakakilanlan.

Pangunahing Impormasyon

Kapag mayroon kang driver license sa California, ibig sabihin, pinahintulutan ka ng estado na magmaneho sa mga pampublikong kalsada. Maaari kang mag-apply para sa isang driver license sa karamihan ng mga tanggapan ng DMV sa field (sumangguni sa pahina viii). Pagkatapos mong kumpletuhin ang iyong aplikasyon para sa isang driver license, mabayaran ang bayarin sa aplikasyon, maipasa ang lahat ng naaangkop na pagsusulit sa kaalaman, maipakita na kasiya-siya ang iyong pisikal at/o mental na kundisyon, at maipakita ang iyong kakayahang magmaneho nang ligtas, maaaring ibigay at ipadala sa iyo ang lisensya. Kung mayroon kang medikal na kundisyon o isang kapansanan, maaaring hilingin sa iyo ng DMV na kumuha ng pagsusulit sa pagmamaneho. Maaari mo ring kailanganing magbigay ng salaysay mula sa iyong manggagamot patungkol sa kasalukuyang kundisyon ng iyong kalusugan.

Isang paglabag sa batas ang magmaneho sa California nang walang may bisang driver license. Kung ginawa mo iyon, maaari kang bigyan ng sitasyon, maaaring ma-impound ang iyong sasakyan, at maaaring kailanganin mong humarap sa hukuman.

ANG DRIVER LICENSE SA CALIFORNIA

Sino ang Dapat Magkaroon ng Driver License?

Mga Residente sa California

May driver license dapat sa California ang mga residente ng California na nagmamaneho sa mga pampublikong highway o gumagamit ng mga paradahang bukas sa publiko, maliban na lang kung sila ay:

- Isang opisyal o empleyado ng pamahalaan ng Estados Unidos na gumagamit ng isang sasakyang pag-aari o kinokontrol ng pamahalaan ng Estados Unidos para sa pederal na negosyo, maliban na lang kung sila ay gumagamit ng isang pangkomersyong sasakyang de-motor.
- Nagmamaneho o nagpapatakbo ng mga kagamitan sa pagsasaka na hindi pinapatakbo o inililipat sa highway.
- Nagmamaneho o nagpapatakbo ng isang off-highway na sasakyan para dumaan sa highway.

Residenteng Tauhan ng Militar sa California (Mga Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos)

Kung aktibo kang nagsisilbi sa militar sa labas ng estado at may bisa ang iyong driver license sa California, magkakaroon ng bisa ang driver license mo at ng iyong asawa habang wala ka sa California at sa loob ng 30 araw pagkalipas ng petsa ng iyong paglabas kung marangal ang iyong naging paglabas sa labas ng California. Dalhin ang iyong driver license at dokumento ng paglabas o pag-alis sa serbisyo sa loob ng nabanggit na 30 araw (CVC §12817).

Tumawag sa 1-800-777-0133 upang kumuha ng card na Palugit ng Lisensya para sa Tao sa Mga Hukbong Sandatahan (*Extension of License for Person in Armed Forces*, DL 236) na nagbibigay ng palugit sa iyong driver license sa California.

Tandaan: Walang bisa ang iyong driver license kung ito ay nasuspinde, nakansela, o pinawalang-bisa.

Hindi Residenteng Tauhan ng Militar na Nakatalaga sa California

Kung may edad kang 18 taon pataas, sumangguni sa seksyong “Mga Residente ng California” at “Mga Nasa Hustong Gulang na Bumibisita sa California” sa handbook na ito para sa karagdagang impormasyon. Ang mga taong binigyan ng lisensya na karapat-dapat para sa mga palugit na pang-militar ay dapat na magdala ng dokumentasyon mula sa kanilang pinanggagalingang estado upang patunayan ang kanilang katayuan sa nagpapatupad ng batas.

Mga Bagong Residente ng California

Kapag ikaw ay naging residente ng California at nais mong magmaneho sa California, dapat kang mag-apply para sa isang driver license sa California sa loob ng 10 araw. Itinatatag ang paninirahan sa iba't ibang paraan, kabilang ang sumusunod:

- Pagpaparehistro upang bumoto sa mga eleksyon sa California.
- Pagbabayad ng matrikula sa isang kolehiyo o unibersidad sa California.
- Paghahain ng pagbubukod sa buwis ng ari-arian ng may-ari ng tahanan.
- Pagtanggap ng anumang ibang pribilehiyo o benepisyo na hindi karaniwang ibinibigay sa mga hindi residente.

Mga Nasa Hustong Gulang na Bumibisita sa California

Ang mga bisitang may edad na mahigit 18 taon, na mayroong may bisang driver license mula sa pinagmulan nilang estado o bansa ay maaaring magmaneho sa California nang hindi kumukuha ng driver license sa California hangga't may bisa ang driver license mula sa kanilang estado o bansa.

Kaligtasan para sa Tumatandang Nagmamaneho

Naglathala ang DMV ng handbook na para sa mga nakakatandang nagmamaneho. Mangyaring bumisita sa **www.dmv.ca.gov** upang tumingin o mag-download ng kopya ng *Gabay sa Senior para sa Ligtas na Pagmamaneho (Senior Guide for Safe Driving*, DL 625), tumawag sa 1-800-777-0133 upang humiling ng kopya na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, pumunta sa lokal na tanggapan sa field ng DMV, o makipag-ugnayan sa *Programa ng Ombudsman para sa Senior na Nagmamaneho (Senior Driver Ombudsman Program)* sa iyong lugar:

Mga Los Angeles at Central Coast County
(310) 615-3552

Mga Sacramento at Northern California County
(916) 657-6464

Mga Orange at San Diego County
(714) 705-1588

San Francisco, Oakland, at Mga Bay Area
(510) 563-8998

PAGKUHA NG DRIVER LICENSE

Kapag nag-apply ka para sa isang orihinal na driver license sa California, dapat kang magsumite ng mga katanggap-tanggap na dokumentong nagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan/petsa ng kapanganakan, paninirahan, at dapat mong ibigay ang iyong Social Security Number kung kinakailangan. Kapag kinakailangan ang isang dokumento, maliban sa katibayan ng paninirahan, sundin ang mga sumusunod:

- Magbigay ng isang sertipikadong kopya, o isang may bisang orihinal na dokumento.
- Magbigay ng dokumentong may isang nakatatak na selyo o orihinal na nakatatak na marka, kung naaangkop.
- **Huwag** magbigay ng photocopy. Katanggap-tanggap ang photocopy para sa mga dokumento sa paninirahan.
- **Hindi** dapat magpakita ng mga card o dokumentong ikaw mismo ang nag-laminate; gayunpaman, maaaring tanggapin ng DMV ang mga naka-laminate o mga metal na card ng Social Security Number.

Kung magsusumite ka ng isang dokumento ng pamamalagi para sa limitadong panahon, maaaring mag-expire ang iyong driver license/card ng pagkakakilanlan kasabay ng pag-expire ng iyong dokumento ng pagkakakilanlan. Kung naiiba ang pangalan sa iyong dokumento sa pangalan sa iyong Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (*Driver License & ID Card Application*), dapat ka ring magdala ng isang katanggap-tanggap na dokumento ng totoong buong pangalan. Kukunin din ang iyong fingerprint, lagda, at larawan (sumangguni sa seksyong "Mga Kinakailangan sa Aplikasyon para sa Pangunahing Klase C na Driver License" sa pahina 6). Para sa anumang iba pang transaksyon ng driver license/card ng pagkakakilanlan, dapat kang magpakita ng pagkakakilanlang larawan.

- Kasama sa mga halimbawa ng mga katanggap-tanggap na dokumento ang: Katibayan ng Kapanganakan sa Estados Unidos, Pasaporte sa Estados Unidos, Mga Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos, Katibayan ng Naturalisasyon, Card ng Permanenteng Residente, o isang banyagang pasaporte na mayroong may bisang I-94. Dapat ay mahigit sa 2 buwan ang layo ng expiration date ng I-94 mula sa petsa kung kailan ka bibisita sa tanggapan sa field.
- Kasama sa mga halimbawa ng mga dokumento para sa pagpapatunay ng totoong buong pangalan ang: mga dokumento sa pag-ampon kung saan makikita ang legal mong pangalan bilang resulta ng pag-ampon, dokumento sa pagpapalit ng pangalan kung saan makikita ang dati at bago mong legal na pangalan, katibayan ng pagpapakasal, katibayan o dokumento ng pagpaparehistro na nagpapatunay ng pagsasama, o pagpapawalang-bisa ng isang dokumento sa pagpapakasal kung saan nakasaad ang legal mong pangalan bilang resulta ng kautusan ng hukuman.
- Kasama sa mga halimbawa ng mga katanggap-tanggap na dokumento ng paninirahan ang: bill ng utility sa bahay (kasama ang cellular phone), mga dokumento ng insurance, titulo o pagpaparehistro ng isang sasakyan o sasakyang-pandagat sa California, o talaan ng isang institusyon ng pananalapi. Maaaring gumamit ang isang magulang, legal na tagapangalaga, o bata ng isang katibayan ng kapanganakan, at maaaring gumamit ang isang asawa o kinakasama ng isang lisensya sa pagpapakasal o katibayan ng pagpaparehistro ng pagsasama upang alamin ang kaugnayan niya sa indibidwal na binanggit sa mga katanggap-tanggap na dokumento ng paninirahan. Makakakita ng isang kumpletong listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumento sa **www.dmv.ca.gov.**

REAL ID Act

Kung Paano Nakakaapekto ang REAL ID Act sa Mga Taga-California

Simula Oktubre 1, 2020, iaatas ng pederal na pamahalaan na maging REAL ID Compliant ang iyong driver license/card ng pagkakakilanlan kung nais mo itong gamitin bilang pagkakakilanlan para sumakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa o pumasok sa mga base militar at karamihan ng mga pederal na pasilidad.

Kung mayroon kang pasaporte ng Estados Unidos, card ng pasaporte, pagkakakilanlan ng militar, o anumang anyo ng pagkakakilanlan na aprubado ng Administrasyon ng Kaligtasan sa Transportasyon (*Transportation Security Administration*, TSA), tatanggapin pa rin ang mga ito para makasakay ng eroplano. Ipinasa ang pederal na REAL ID Act ng 2005 bilang tugon sa mga pangyayari noong 9/11. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa REAL ID Act, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Lupain (*Department of Homeland Security*) sa **www.dhs.gov**.

Kailangan ko ba ng REAL ID?

Opsyonal ang REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan.

Kung mayroon kang may bisang pasaporte ng Estados Unidos o card ng pasaporte, pagkakakilanlan ng militar, o iba pang pagkakakilanlang pederal na aprubado, maaari mo itong gamitin bilang iyong anyo ng ID para makalagpas sa checkpoint ng TSA sa mga airport sa buong bansa at sa pagbisita sa isang pederal na gusali na may mahigpit na seguridad o pasilidad ng hukbong militar anumang oras.

Kung alam mong hindi ka sasakay sa eroplanong bumibiyahe sa loob ng bansa o bibisita sa isang pederal na pasilidad na may mahigpit na seguridad o base militar, hindi mo kailangan ng REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan.

Hindi mo kailangan ng REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan para gawin ang alinman sa mga sumusunod:

- Magmaneho.
- Bumoto.
- Mag-apply o makatanggap ng mga pederal na benepisyo (Pakikipag-ugnayan sa Mga Beterano (*Veterans Affairs*), Pangasiwaan ng Panlipunang Seguridad (*Social Security Administration*, SSA), atbp.).
- Pumasok sa pederal na pasilidad na hindi kailangan ng pagkakakilanlan (hal. post office).
- Bumisita sa ospital o tumanggap ng mga serbisyong pangligtas ng buhay.

Paano Ako Maghahanda para Mag-apply para sa REAL ID Card?

Upang mag-apply para sa REAL ID card, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Magbigay ng katibayan ng pagkakakilanlan.
- Magbigay ng 2 dokumento ng paninirahan sa California.
- Magpakita ng katibayan ng iyong Social Security Number, kung kwalipikado.
  - — **Tandaan:** Maaari kang humiling ng kapalit na social security card online sa **www.ssa.gov**.

Tandaan: Sumangguni sa website ng DMV para sa kumpletong listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumentong REAL ID Compliant.

Kinasal, Nag-diborsiyo, o Nagpalit ng Pangalan?

Maaaring kailangan mo magbigay ng dokumento ng pagpapalit ng pangalan.

Maaaring kailangan ang (mga) dokumento ng pagpapalit ng pangalan, tulad ng lisensya ng kasal, upang makapagbigay ng REAL ID Compliant na driver license/card ng pagkakakilanlan na may totoong buong pangalan mo. Kung naiiba ang pangalan sa iyong dokumento ng pagkakakilanlan sa pangalang inilagay mo sa aplikasyon, dapat kang magdala ng isang dokumento na nagtataguyod ng iyong totoong buong pangalan. Halimbawa:

- Mga dokumento sa pag-ampon na naglalaman ng iyong legal na pangalan bilang resulta ng pag-aampon.
- Mga dokumento sa pagpapalit ng pangalan na naglalaman ng iyong legal na pangalan sa parehong bago at pagkatapos ng pagpapalit ng pangalan.
- Katibayan ng pagpapakasal.
- Isang katibayan, deklarasyon, o dokumento sa pagpaparehistro na nagpapatunay ng pagbuo ng pagsasama sa tahanan.
- Isang dokumento ng pagpapawalang-bisa ng kasal/pagsasama sa tahanan na naglalaman ng legal na pangalan bilang resulta ng aksiyon ng korte.

Mga Kinakailangan sa Aplikasyon para sa Pangunahing Klase C na Driver License

Upang mag-apply para sa Klase C na driver license, dapat kang:

- Magsumite ng nakumpleto at nilagdaang form ng Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (DL 44/eDL 44). Maaaring kumpletuhin nang mas maaga ang eDL44 online. Ang paglagda sa form na ito ay nangangahulugan na sumasang-ayon kang magpasailalim sa kemikal na pagsusuri upang matukoy ang nilalamang alkohol o droga ng iyong dugo kapag hiniling ng isang opisyal ng pulisya. Kung tatanggi ka sa paglagda sa salaysay na ito, hindi magbibigay ng pahintulot o driver license ang DMV.
- Magsumite ng (mga) katanggap-tanggap na dokumento na nagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan at petsa ng kapanganakan.
- Magbigay ng iyong totoong buong pangalan.
- Magsumite ng (mga) katanggap-tanggap na dokumento ng paninirahan.
- Magbigay ng iyong Social Security Number, kung kwalipikado, na papatunayan sa SSA sa elektronikong paraan.
- Magbayad ng hindi nare-refund na bayarin sa aplikasyon. Para sa 12 buwan ang bayaring ito. (Kung hindi matugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa loob ng 12 buwan, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.)

— Pinapahintulutan kang sumubok nang 3 beses para maipasa ang bawat kinakailangang pagsusuri ng kaalaman. (Kung bumagsak ka sa pagsusuri ng kaalaman nang 3 beses, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.)

— Pinapahintulutan kang sumubok nang 3 beses para sa pagsusuri sa pagmamaneho.

Mahalaga: Kung bumagsak ka sa pagsusulit, dapat kang magbayad ng $7 na bayarin para sa muling pagsusulit para sa mga kasunod na (mga) pagsusulit at mag-iskedyul ng pagsusulit sa pagmamaneho para sa ibang araw. Kung bumagsak ka sa pagsusulit sa pagmamaneho nang 3 beses, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.

- Pumasa sa isang pagsusulit sa paningin. Dapat kang pumasa sa isang pagsusulit sa paningin, na mayroon o walang mga corrective lens, na mayroong visual acuity na mas mahusay kaysa 20/200 sa hindi bababa sa isang mata nang hindi gumagamit ng bioptic telescopic lens o parehong bioptic device upang matugunan ang pinakamababang pamantayan ng vision acuity (CVC §12805(b)).
- Magpakuha ng larawan.
- Magbigay ng fingerprint scan.
- Lagdaan ang iyong pangalan.

Mga Kinakailangan ng Pahintulot ng Mga Nasa Hustong Gulang

Kung ikaw ay may edad na hindi bababa sa 18 taon, nakakatugon sa mga kinakailangan sa aplikasyon, at pumasa sa mga kinakailangang pagsusulit, maaaring bigyan ka ng pahintulot sa tagubilin sa California. Dapat na mayroon kang pahintulot sa tagubilin habang nag-aaral na magmaneho. Ang kasama mong nagmamaneho ay dapat may edad na 18 taon pataas at mayroong may bisang driver license sa California. Dapat na nakaupo nang malapit sa iyo ang taong ito upang makontrol niya ang sasakyan anumang oras. Hindi nagpapahintulot sa iyo ang isang pahintulot sa tagubilin na magmaneho nang nag-iisa–kahit patungo sa tanggapan ng DMV sa field upang kunin ang pagsusulit sa pagmamaneho.

Kung gusto mong sumailalim sa isang propesyonal na pagtuturo at pagsasanay sa nagmamaneho, sumangguni sa seksyong “Mga Paaralan sa Pagmamaneho” at “Programa para sa Mature na Nagmamaneho” sa pahina 23 at 24.

Upang kumuha ng pahintulot sa motorsiklo, dapat kang:

- Kumumpleto ng mga kinakailangan sa aplikasyon.
- Magsumite ng katibayan ng pagkumpleto ng form ng Pagsasanay sa Motorsiklo (*Motorcycle Training*, DL 389) kung wala pang 21 taong gulang.
- Pumasa sa isang pagsusulit sa kaalaman.

Tandaan: Kung mayroon kang pahintulot sa motorsiklo, hindi ka maaaring magsakay ng mga pasahero, dapat ka lamang magmaneho sa mga oras na maliwanag pa ang araw, at hindi ka maaaring magmaneho sa freeway.

Mga Kinakailangan sa Driver License ng Mga Nasa Hustong Gulang

Kung ang edad mo ay hindi bababa sa 18 taong gulang at hindi ka pa nabigyan ng lisensya, dapat mong matugunan ang sumusunod na pamantayan:

- Sumunod sa mga kinakailangan para sa pahintulot sa pagmamaneho.
- Kapag handa ka na, gumawa ng appointment upang kunin ang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho.
- Kapag pumunta ka para sa pagsusulit sa pagmamaneho, dalhin ang iyong pahintulot sa tagubilin.
- Pumasa sa behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho. Kung bumagsak ka sa pagsusulit, dapat kang magbayad ng bayarin para sa muling pagsusulit para sa ikalawa o susunod na pagsusulit at magpaiskedyul ng behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa ibang araw.

Kung mayroon kang driver license sa labas ng estado, dapat mong:

- Gawin ang lahat ng hakbang na kinakailangan para sa isang pahintulot sa tagubilin.
- Dalhin ang iyong may bisang driver license sa labas ng estado sa DMV. Mawawalan ng bisa at ibabalik sa iyo ang iyong driver license sa labas ng estado, maliban na lang kung nag-a-apply ka para sa isang pangkomersyong driver license (commercial driver license).

Tandaan: Ang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa mga may-ari ng mga driver license sa labas ng estado o teritoryo ng Estados Unidos ay karaniwang ipinagpapaliban. Gayunpaman, maaaring kailanganin ng DMV ng isang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa anumang uri ng aplikasyon para sa driver license. Mandatoryo ang mga behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa mga may-ari ng driver license sa labas ng bansa.

MGA KLASE NG DRIVER LICENSE

Klase C na driver license -

- *Maaari kang magmaneho ng:*
  - — 2-axle na sasakyan na may kabuuang timbang ng sasakyan na 26,000 pounds (lbs.) o mas kaunti.
  - — 3-axle na sasakyan na may bigat na 6,000 lbs. o mas mababang kabuuan.
  - — Housecar na 40 feet o mas mababa.
  - — 3 gulong na motorsiklo na may 2 gulong na matatagpuan sa harap o likod.
  - — Vanpool na sasakyan na nakadisenyo na magsakay ng higit sa 10 tao, ngunit hindi lalampas sa 15 tao kabilang ang nagmamaneho.

Tandaan: Maaaring magmaneho ang isang nagmamaneho ng vanpool nang may Klase C na lisensya, ngunit dapat ay mayroon siyang patunay ng isang medikal na pagsusuring kinakailangan para sa isang Klase B na lisensya kapag nagmamaneho ng mga vanpool. Dapat na magpanatili ang nagmamaneho sa vanpool na sasakyan ng salaysay na nilagdaan sa ilalim ng parusa ng perjury, na hindi siya nahatulan ng hindi maingat na pagmamaneho, pagmamaneho nang lasing, o hit-and-run sa nakaraang 5 taon (CVC §12804.9(j)).

- *Maaari kang humila ng:*
  - — Isahang sasakyan na mayroong kabuuang timbang ng sasakyan na 10,000 lbs. o mas mababa, kabilang ang tow dolly, kung ginagamit.
- *Gamit ang sasakyang 4,000 lbs. o mas mabigat nang walang karga, maaari kang humila ng:*
  - — Trailer coach o fifth-wheel na trailer na panlakbay na mas mababa sa 10,000 lbs. na kabuuang timbang ng sasakyan kapag ang paghihila ay hindi para sa kompensasyon.
  - — Fifth-wheel na trailer na panlakbay na lumalampas sa 10,000 lbs. ngunit mas mababa sa 15,000 lbs. na kabuuang timbang ng sasakyan, kapag ang paghihila ay hindi para sa kompensasyon, **at** mayroong pag-endorso.
- *Ang isang magsasaka o empleyado ng magsasaka ay maaaring magmaneho ng:*
  - — Anumang kumbinasyon ng mga sasakyan na mayroong kabuuang timbang ng sasakyan na 26,000 lbs. o mas mababa, kung ginagamit nang eksklusibo sa mga pagpapatakbong pang-agrikultura **at** hindi ito para sa pagpapaupa o kompensasyon.

Tandaan:

- Hindi maaaring mag-tow ang mga Klase C na binigyan ng lisensya ng mahigit sa 1 sasakyan.
- Ang isang pampasaherong sasakyan, ano pa man ang bigat, ay hindi maaaring humila ng mahigit 1 sasakyan.
- Hindi maaaring mag-tow ang isang de-motor na sasakyan na wala pang 4,000 lbs. kapag walang karga ng anumang sasakyang may bigat na 6,000 lbs. o higit pa sa kabuuan (CVC §21715(b)).

Ang ibang mga klase ng mga driver license/pag-endorso ay:

- Hindi Pangkomersyong Klase A
- Hindi Pangkomersyong Klase B
- Pangkomersyong Klase A
- Pangkomersyong Klase B
- Pangkomersyong Klase C
- Motorsiklo na Klase M1
- Motorsiklo na Klase M2
- Mga pangkomersyong pag-endorso:
  - Mga Doble/Triple
  - Mga Mapanganib na Materyal
  - Transportasyon ng Pasahero
  - Tank Vehicle
- Katibayan ng Nagmamaneho ng Ambulansiya
- Pag-endorso ng Bus ng Paaralan
- Katibayan ng Nagmamaneho ng Trak na Panghila
- Pagpapatunay ng Katibayan ng Pagsasanay ng Transit
- Katibayan ng Sasakyan para sa Trabahong Pambukid
- Pag-endorso ng Bumbero

Tandaan: Dapat magsumite ang mga lisensyadong pangkomersyong bumbero ng isang Form ng Ulat sa Medikal na Pagsusuri (*Medical Examination Report Form*, MER) MCSA-5875, at Form ng Katibayan ng Medikal na Tagasuri (*Medical Examiner's Certificate Form*, MEC) MCSA-5876. Maaaring magsumite ang mga hindi pangkomersyong lisensyadong bumbero ng nagpapatunay sa sariling Talatanungan sa Kalusugan (*Health Questionnaire*, DL 546).

ANG PROSESO NG PAGSUSULIT

Saan Kukunin ang Mga Pagsusulit

Maaari mong kunin ang mga pagsusulit sa pagmamaneho para sa kaalaman, paningin, at behind-the-wheel sa karamihan ng mga tanggapan ng DMV sa field na nagbibigay ng mga serbisyo sa driver license.

Upang makatipid ng oras, gumawa ng appointment sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133 sa karaniwang oras ng negosyo.

Tandaan: Kailangan ang mga pagsusulit sa kaalaman at paningin kapag nag-a-apply para sa isang orihinal na driver license o nag-a-upgrade sa ibang klase ng driver license.

Mga Pagsusulit ng DMV

Kasama sa iyong mga pagsusuri sa driver license ang:

- Isang pagsusuri sa paningin (dalhin ang iyong mga salamin sa mata o magsuot ng mga contact lens kung kinakailangan para sa pagmamaneho).
- Isang pagsusulit sa kaalaman.
  - — Gumagamit ang DMV ng isang naka-automate na TouchScreen Terminal (TST) sa pagbibigay ng pagsusulit sa kaalaman.
- Isang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho (kung kinakailangan). Para sa pagsusulit sa pagmamaneho, dapat ay mayroon kang appointment at dapat kang magdala/magsama ng:
  - — Luma mong driver license o pahintulot sa tagubilin, kung mayroon.
  - — Isang lisensyadong nagmamaneho na may edad na 18 taon pataas, na mayroong may bisang driver license sa California.
  - — Katibayan na ang sasakyan ay maayos na naka-insure.

Mahalaga: Kung gumagamit ka ng isang inaarkilang sasakyan, dapat ay nakalista ang aplikante para sa pagsusulit sa pagmamaneho sa kontrata ng pag-arkila. Dapat ay walang ibinubukod na pagsusulit sa pagmamaneho ang kontrata.

— Isang sasakyan na ligtas imaneho, at wastong pagpaparehistro. Dapat na gumagana nang maayos ang mga ilaw ng preno, busina, preno sa pagparada, at signal sa pagliko. Hindi maaaring pudpod ang mga gulong ng sasakyan, kung saan wala pang 1/32 pulgada ang lalim ng tread sa anumang 2 magkatabing groove. Dapat na naibababa ang bintana sa gilid ng nagmamaneho. Dapat na nagbibigay-daan sa iyo at sa tagasuri ang windshield ng ganap na hindi nahaharangang field ng paningin. Dapat ay mayroon itong kahit 2 rear view mirror lang (kung saan ang isa ay nasa kaliwang bahagi sa labas ng sasakyan).

— Hihilingin sa iyong hanapin ang mga kontrol para sa mga ilaw sa harapan ng sasakyan, wiper ng salamin sa harapan ng sasakyan, defroster, at flasher na pang-emergency ng sasakyan. Dapat mong ipakita kung paano gamitin ang preno sa pagparada.

Tandaan: Ang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho ay muling i-iiskedyul kung ang sasakyan ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa itaas o kung tatanggi kang gamitin ang iyong sinturong pangkaligtasan sa panahon ng pagsusulit sa pagmamaneho.

Ang teknolohiya, kasama ang mga back up na camera at pagparada nang mag-isa ay **hindi** maaaring gamitin para lang sa isang pagsusulit sa pagmamaneho.

Para sa iyong kaligtasan, hindi pinahihintulutan ang mga alaga o pasahero maliban sa tagasuri ng DMV o iba pang awtorisadong tauhan sa iyong pagsusulit sa pagmamaneho.

Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa brochure ng Fast Facts ng *Paghahanda para sa Iyong Pagsusulit sa Pagmamaneho (Preparing for Your Driving Test*, FFDL 22), mga video ng DMV, at halimbawang pagsusulit online sa **www.dmv.ca.gov**.

Pandaraya

Ang paggamit ng mga tulong sa pagsusulit ay mahigpit na ipinagbabawal. Kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa: *Handbook ng Nagmamaneho sa California*, mga cheat sheet, at/o elektronikong device sa komunikasyon gaya ng cell phone, hand-held na computer, atbp. Kung gagamit ka ng anumang tulong sa pagsusulit sa panahon ng pagsusulit sa kaalaman, mamarkahan ang nasabing pagsusulit sa kaalaman bilang bagsak. Maaari ring umaksiyon ang DMV laban sa pribilehiyo mong magmaneho o ng ibang taong tumutulong sa iyo sa proseso ng pagsusulit.

ESPESYAL NA SEKSYON – MGA MENOR-DE-EDAD

Mga Kinakailangan ng Pahintulot ng Mga Menor-de-edad

Ang menor-de-edad ay isang taong wala pang 18 taong gulang. Dapat ay palagdaan ng mga menor-de-edad ang kanilang mga aplikasyon (para sa driver license o anumang pagbabago ng klase ng driver license) sa kanilang (mga) magulang o legal na tagapangalaga. Kung ang parehong magulang/tagapangalaga ay may joint custody, dapat lumagda ang pareho.

Tandaan: Hindi maaaring magtrabaho ang mga menor-de-edad bilang isang nagmamaneho na binabayaran at hindi sila maaaring magmaneho ng bus ng paaralan na naglalaman ng mga estudyante.

Upang kumuha ng pahintulot ikaw ay dapat na:

- Hindi bababa sa 15½ na taong gulang.
- Kumpletuhin ang form ng Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (DL 44/eDL 44).
- Palagdaan sa iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga ang aplikasyon.

Tandaan: Maaari mong sagutan ang Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan online, at lalagdaan ng iyong (mga) magulang o (mga) legal na tagapangalaga ang form sa elektronikong paraan.

- Ipasa ang pagsusulit sa kaalaman. Kung babagsak ka sa pagsusulit, dapat kang maghintay ng 7 araw (1 linggo), hindi kasama ang araw kung kailan ka bumagsak sa pagsusulit, bago mo ito muling kunin.
- Kung ikaw ay may edad na 15½–17½ taon, kakailanganin mong magbigay ng katibayan na:
  - Nakumpleto mo ang pagtuturo sa nagmamaneho (Katibayan ng Pagkumpleto ng Pagtuturo sa Nagmamaneho (*Certificate of Completion of Driver Education*)) **O**
  - Nakatala at lumalahok ka sa isang inaprubahang pinag-isang programa sa pagtuturo sa nagmamaneho/pagsasanay sa nagmamaneho (Katibayan ng Pagpapalista sa isang Pinag-isang [Silid-aralan] Programa sa Pagtuturo sa Nagmamaneho at Pagsasanay sa Nagmamaneho (*Certificate of Enrollment in an Integrated [Classroom] Driver Education and Driver Training Program*)). Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa brochure ng Fast Facts na *Probisyonal na Pagbibigay ng Lisensya (Provisional Licensing*, FFDL 19) sa **www.dmv.ca.gov**.

Walang bisa ang pansamantalang pahintulot **hanggang sa simulan mo** ang iyong behind-the-wheel na pagsusulit sa nagmamaneho kasama ang isang tagapagturo o umabot sa edad na 17½. Kung mayroon kang pahintulot at planong magmaneho sa labas ng California, suriin ang mga kinakailangan sa paglilisensya sa estado o bansang iyon.

Tandaan: Kung ikaw ay may edad na hindi bababa sa 17½ taon, maaari kang humingi ng pahintulot nang hindi sumasailalim sa pagtuturo o pagsasanay sa pagmamaneho. Gayunpaman, hindi ka makakakuha ng driver license kung wala ka pang 18 taong gulang.

Mga Limitasyon ng Pahintulot ng Mga Menor-de-edad

Walang bisa ang iyong pahintulot hanggang sa simulan mo ang pagsasanay sa pagmamaneho; lalagdaan ng iyong tagapagturo ang pahintulot upang patotohanan ito. Dapat kang magsanay kasama ng isang lisensyadong nagmamaneho sa California: magulang, tagapangalaga, guro sa pagmamaneho, asawa, o isang nasa hustong gulang na may edad na 25 taon pataas. Dapat na umupo malapit sa iyo ang tao upang makontrol ang sasakyan anumang oras. Ang pansamantalang pahintulot ay hindi nagbibigay sa iyo ng pahintulot na magmaneho nang mag-isa sa anumang oras, kahit papunta lang sa isang tanggapan ng DMV sa field upang kumuha ng isang pagsusulit sa pagmamaneho.

Mga Kinakailangan sa Driver License ng Mga Menor-de-edad

Ikaw ay dapat na:

- Hindi bababa sa 16 na taong gulang.
- Nagpapatunay na natapos mo ang parehong pagtuturo sa nagmamaneho at pagsasanay sa nagmamaneho.
- Nagkaroon ng pahintulot sa tagubilin sa California o isang pahintulot sa tagubilin mula sa isa pang estado sa loob ng hindi bababa sa 6 na buwan (sumangguni sa seksyong Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado sa pahina 15).
- Magbigay ng (mga) lagda ng (mga) magulang o (mga) tagapangalaga sa iyong pahintulot sa tagubilin na nagpapakita na nakumpleto mo ang 50 oras ng pinamahalaang pagsasanay sa pagmamaneho (ang 10 oras ay dapat na pagmamaneho sa gabi) tulad nang nakabalangkas sa *Gabay sa Pagsasanay ng Magulang-Teen sa California* (DL 603). Bisitahin ang pangtinedyer na website sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133 upang humingi ng booklet na ito.
- Magbayad ng hindi nare-refund na bayarin sa aplikasyon.

Tandaan: Para sa 12 buwan ang bayaring ito. Kung hindi matugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa loob ng 12 buwan, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.

- Ipasa ang bawat isa sa mga kinakailangang pagsusuri ng kaalaman. Kung hindi mo maipapasa ang pagsusuri ng kaalaman nang 3 beses, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.
- Ipasa ang pagsusulit sa pagmamaneho (sa loob ng 3 pagsubok).

Mahalaga: Kung babagsak ka sa pagsusulit sa pagmamaneho, dapat kang magbayad ng bayarin para sa muling pagsusulit, magpaiskedyul ng susunod na pagsusulit, at maghintay ng 14 na araw (2 linggo), hindi kasama ang araw kung kailan hindi pumasa sa pagsusulit, bago ka muling sumailalim sa pagsusulit. Kung hindi mo maipapasa ang pagsusulit sa pagmamaneho nang 3 beses, wala nang bisa ang aplikasyon at kailangan mong mag-apply muli.

Kapag mayroon ka nang pansamantalang driver license, maaari ka nang magmaneho nang **mag-isa**, basta't wala kang kinasangkutang anumang banggaan o paglabag sa trapiko sa iyong talaan sa pagmamaneho. Sa unang 12 buwan pagkatapos mong makakuha ng lisensya, hindi ka maaaring magmaneho mula 11 p.m. hanggang 5 a.m. **at** magsakay ng mga pasaherong wala pang 20 taong gulang, maliban na lang kung may kasama kang isang lisensyadong magulang o tagapangalaga sa California, isang lisensyadong nagmamaneho sa California na may edad na 25 taon pataas, o isang lisensyado o sertipikadong guro sa pagmamaneho.

Sa oras na tumungtong ka sa edad na 18 taon, matatapos na ang "pansamantalang" bahagi ng iyong driver license. Maaari mong itago ang iyong larawan ng pansamantalang driver license o magbayad ng bayarin para sa duplicate na driver license nang walang salitang "provisional" (pansamantala).

Mga Pagbubukod - Mga Limitasyon ng Driver License ng Mga Menor-de-edad

Pinapayagan ng batas ang mga sumusunod na pagbubukod kapag hindi magagamit ang makatuwirang transportasyon at kinakailangang magmaneho ka. Dapat na mayroon ka ng nilagdaang paunawa na ipinapaliwanag ang pangangailangang magmaneho at ang petsa kung kailan matatapos ang pangangailangang magmaneho para sa mga sumusunod na pagbubukod (ang mga pinalayang (emancipated) menor-de-edad ay nakabukod sa kinakailangang ito):

- Medikal na pangangailangang magmaneho kapag hindi sapat ang mga pagpipilian sa makatuwirang transportasyon. Dapat na lagdaan ang paunawa ng isang manggagamot na mayroong diyagnosis at posibleng petsa ng paggaling.
- Pagpasok o aktibidad na pinapahintulutan ng paaralan. Dapat na lagdaan ang paunawa ng isang prinsipal, dean, o taong itinalaga ng paaralan.
- Pangangailangan sa trabaho o pangangailangang magpatakbo ng sasakyan bilang bahagi ng iyong trabaho. Dapat na lagdaan ang paunawa ng isang amo na magpapatunay ng trabaho.
- Ang kinakailangang magmaneho para sa isang malapit na miyembro ng pamilya. Kinakailangan ang isang paunawa na nilagdaan ng iyong (mga) magulang o (mga) legal na tagapangalaga, na ipinapahayag ang dahilan at posibleng petsa ng pagtatapos ng pangangailangang magmaneho para sa malapit na miyembro ng pamilya.

Pagbubukod: Hindi nalalapat ang mga pangangailangang ito sa isang pinalayang menor-de-edad. Dapat magbigay sa DMV ang mga pinalayang menor-de-edad ng mga dokumento ng korte na nagpapakita na nagbigay ang korte ng petisyon para sa emansipasyon (pagpapalaya) at magbigay ng form ng Katibayan ng Patunay ng Insurance sa California (*California Insurance Proof Certificate*, SR 22/SR 1P) sa halip ng (mga) pirma ng kaniyang (mga) magulang o (mga) guarantor. Walang pagbubukod ang mga pinalayang menor-de-edad mula sa mga kinakailangan mula sa pinag-isang programa sa pagtuturo sa nagmamaneho at pagsasanay sa nagmamaneho.

Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado

Dapat sumunod ang lahat ng aplikanteng menor-de-edad sa labas ng estado sa mga kinakailangan sa aplikasyon na nakabalangkas sa seksyong "Mga Kinakailangan sa Aplikasyon para sa Pangunahing Klase C na Driver License" sa pahina 6 at **dapat** may lagda ng (mga) magulang at/o (mga) legal na tagapangalaga sa form ng Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (DL 44/eDL 44).

Pahintulot ng Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado

Dapat makatugon ang mga aplikante para sa pahintulot ng mga menor-de-edad sa labas ng estado sa mga kinakailangang nakalista sa seksyong "Mga Kinakailangan sa Pahintulot ng Mga Menor-de-Edad" sa pahina 12. Bukod pa rito, kung kinuha mo ang iyong mga kurso sa pagtuturo o pagsasanay sa nagmamaneho sa isang estado bukod sa California, maaaring tumanggap ang DMV ng isang nasagutang form ng Sa Mga Sekondaryang Paaralan Bukod sa Mga Paaralan sa California (*To Secondary Schools Other Than California Schools*, DL 33) mula sa sekondaryang paaralan sa labas ng estado. Maaari kang kumuha ng isang form ng DL 33 sa iyong lokal na tanggapan ng DMV sa field, o sa pamamagitan ng pagtawag sa DMV sa 1-800-777-0133. Ipadala ang form ng DL 33 sa iyong sekondaryang paaralan sa labas ng estado at hilingin sa kanilang sagutan at ibalik ito sa iyo.

Driver License ng Mga Menor-de-Edad sa Labas ng Estado

Hihilingin sa iyong ipakita ang driver license mo sa labas ng estado at ipasa ang isang pagsusulit sa kaalaman bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon. Ang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa mga may-ari ng mga driver license sa labas ng estado ay karaniwang hindi na pinapakuha. Gayunpaman, maaaring kailanganin ng DMV ng isang behind-the-wheel na pagsusulit sa pagmamaneho para sa anumang uri ng aplikasyon para sa driver license.

Tandaan: Mapapailalim ang mga menor-de-edad na aplikante sa labas ng estado sa lahat ng mga paghihigpit sa probisyon sa ilalim ng batas ng California sa unang taon ng driver license o hanggang sa makatungtong siya sa edad na 18 taon.

Mga Pagkilos Laban sa Pansamantalang Driver License

Dalawang beses na mas mataas ang bilang ng mga banggaan na kinasasangkutan ng mga tinedyer kaysa sa mga nasa hustong gulang na nagmamaneho, habang kalahati lamang ng milyang namaneho kumpara sa mga may hustong gulang ang kanilang naisagawa. Apat (4) na beses na mas malaki ang insidente ng aksidente sa daan bawat milya ng mga kabataan kaysa sa insidente ng mga nasa hustong gulang na nagmamaneho bawat milya. Namamatay ang mga bagong nagmamaneho sa kalsada dahil sa kawalan nila ng karanasan sa pagmamaneho, kakulangan ng kanilang kaalaman sa sasakyan, at pangangailangan nilang sagarin ang kanilang sarili at ang sasakyan.

Pagtatago ng Iyong Pansamantalang Driver License

Susubaybayan ng DMV ang iyong talaan sa pagmamaneho at gagawa ng mga pagkilos batay sa anumang mga aksidente sa daan o paglabag tulad ng mga sumusunod:

- Kung nakakuha ka ng ticket sa trapiko at nabigong humarap sa korte, sususpendihin ng DMV ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho hanggang sa humarap ka sa korte.
- Kung mayroon kang 1 "may pagkakamali" na aksidente sa daan o pagkakasala sa loob ng 12 buwan, papadalhan ka ng liham ng babala ng DMV.
- Kung mayroon kang 2 "may pagkakamali" na aksidente sa daan o pagkakasala (o kumbinasyon ng pareho) na paglabag sa batas trapiko sa loob ng 12 buwan, hindi ka makakapagmaneho sa loob ng 30 araw, maliban kung kasama ang iyong lisensyadong magulang o iba pang lisensyadong nasa hustong gulang na hindi bababa sa 25 taon ang edad.
- Kung mayroon kang 3 "may pagkakamali" na aksidente sa daan o pagkakasala (o anumang kumbinasyon) na paglabag sa batas trapiko sa loob ng 12 buwan, sususpendihin ka sa loob ng 6 na buwan at isasailalim sa probation sa loob ng 1 taon.
- Kung mayroon kang 4 o higit pang "may pagkakamali" na mga aksidente sa daan o point count na mga pagkakasala na paglabag sa batas trapiko habang nasa probation, sususpendihin kang muli (iniuulat din sa DMV ang mga paglabag sa batas trapikong naresolba sa hukumang pang-kabataan).
- Kung mapapatunayang umiinom ka ng alak o gumagamit ka ng isang pinaghihigpitang substance, at may edad kang 13–21 taong gulang, uutusan ng hukuman ang DMV na suspindihin ang iyong driver license sa loob ng 1 taon. Kung wala kang driver license, uutusan ng hukuman ang DMV na ipagpaliban ang pagiging kwalipikado mong mag-apply para sa isang driver license. Maaari ka ring atasang sumailalim sa isang programa para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.

Ipagpapatuloy ang anumang paghihigpit, pagkakasuspinde, o probation sa kabuuang termino nito hanggang sa paglipas ng ika-18 mong kaarawan. Maaaring isagawa ang iba pang **mas mahigpit** na mga pagkilos kung pinapatunayan ang mga ito ng iyong talaan sa pagmamaneho. Tandaan, kung sinuspinde o binawi ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho, **hindi ka maaaring magmaneho** sa California.

Mga Menor-de-edad at Mga Cell Phone

- Labag sa batas ang paggamit ng isang menor-de-edad ng cell phone o wireless na elektronikong device para sa komunikasyon habang nagmamaneho. **Huwag** sumagot ng mga tawag o magpadala/sumagot sa mga text message.
- Napapailalim sa mga multa ang mga pagkakasala para sa mga paglabag sa batas na ito.

Mga Pagbubukod: Maaari kang gumamit ng cell phone upang makipag-ugnay sa nagpapatupad ng batas, isang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan, departamento ng bumbero, o iba pang pang-emergency na entidad sa isang pang-emergency na sitwasyon.

IBA PANG IMPORMASYON SA PAGLILISENSYA

Upang Palitan ang isang Nawala/Ninakaw o May Sirang Driver License

Kung mawawala, mananakaw, o masisira ang iyong driver license, dapat kang pumunta sa isang tanggapan ng DMV sa field, kumpletuhin ang form na DL 44/ eDL 44 (maaaring kumpletuhin nang mas maaga ang eDL44 online), at magbayad ng bayarin para sa pagpapalit. Dapat ka ring magpakita ng isang pagkakakilanlan na may larawan. Kung hindi makumpirma ng DMV ang iyong pagkakakilanlan, hindi ka bibigyan ng pansamantalang driver license.

Kung isa kang menor-de-edad, dapat na lagdaan ng iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga ang aplikasyon. Kung ang parehong magulang/tagapangalaga ay may joint custody, dapat lumagda ang pareho. Sa oras na may maibigay na kapalit na driver license, mawawalan na ng bisa ang dating driver license. Sirain ang lumang driver license kapag nahanap na ito.

Mga Pagbabago sa Pangalan

Kung legal mong papalitan ang iyong pangalan dahil sa pagpapakasal o iba pang dahilan, tiyaking papalitan mo ito sa SSA bago ka pumunta sa DMV. Personal na dalhin ang iyong driver license sa DMV, kasama ng katibayan ng pagpapakasal mo o iba pang katanggap-tanggap na pagpapatunay ng iyong "totoong buong pangalan" (sumangguni sa seksyong "Pagkuha ng Driver License" sa pahina 4). Dapat mong kumpletuhin ang form ng Aplikasyon para sa Driver License at Card ng Pagkakakilanlan (DL 44/eDL 44) (maaaring kumpletuhin nang mas maaga ang eDL44 online) at bayaran ang naaangkop na bayarin. Beberipikahin ng DMV ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at Social Security Number sa SSA sa elektronikong paraan.

Kukuha ng bagong larawan, fingerprint, at lagda.

Mga Pagbabago sa Kategorya ng Gender

Simula Enero 1, 2019, maaaring mag-apply ang mga customer para sa kategorya ng gender na lalaki, babae, o nonbinary. Hindi mo na kailangang magbigay ng form ng Medikal na Sertipikasyon at Awtorisasyon (*Medical Certification and Authorization*, DL 329) na kinumpleto ng isang doktor o sikolohista na nagpapatunay ng identipikasyon sa gender o kilos ng aplikante. Kung nais mong kumuha ng driver license/card ng pagkakakilanlan na may kategorya ng gender na iba sa pinipiling kasarian sa iyong dokumento ng pagkakakilanlan o umiiral na driver license/ card ng pagkakakilanlan sa California, kailangan mong personal na magsumite ng nakumpletong form ng Kahilingan sa Kategorya ng Gender (*Gender Category Request*, DL 329 S) sa DMV.

Mga Pag-renew ng Driver License

Magpapadala ang DMV ng abiso sa pag-renew sa nakatala mong address sa humigit-kumulang 90-120 araw bago mawalan ng bisa ang iyong driver license. Sundin ang mga tagubilin sa abiso sa pag-renew. Kung wala kang matatanggap na abiso sa pag-renew, mag-online o tumawag upang magpaiskedyul ng appointment upang i-renew ang iyong driver license (sumangguni sa pahina viii).

Tandaan: Hindi ka makakatanggap ng abiso sa pag-renew kung mayroon kang nakabinbin na aplikasyon na naka-file sa DMV.

Maaaring maging kwalipikado ang mga kwalipikadong nagmamaneho na i-renew ang kanilang driver license online sa website ng DMV sa **www.dmv.ca.gov** o sa pamamagitan ng koreo.

Maaaring magbigay ang DMV ng driver license para sa 5 taon. Mag-e-expire ang driver license sa iyong kaarawan sa taong nakasaad sa driver license, maliban na lang kung iba ang nakasaad. Labag sa batas ang magmaneho nang nag-expire na ang driver license. Maaaring kailanganin ng isang pagsusulit sa pagmamaneho bilang bahagi ng anumang transaksyon sa driver license. Hindi kinakailangan ang mga pagsusulit sa pagmamaneho dahil lamang sa edad. Kung hindi makumpirma ng DMV ang iyong pagkakakilanlan, hindi ka bibigyan ng pansamantalang driver license.

Para sa iba pang mga uri ng driver license (DL) sumangguni sa *Handbook ng Nagmamanehong Pangkomersyo sa California* (DL 650), *Handbook ng Mga Sasakyang Panlibangan at Trailer* (DL 648), o *Handbook ng Motorsiklo sa California* (DL 665).

Pag-renew sa pamamagitan ng Koreo o Internet

Kung wala kang natanggap na 2 magkasunod na 5 taong palugit sa driver license, **maaari** kang maging kwalipikado na mag-renew sa pamamagitan ng koreo o Internet nang hindi kumukuha ng isang pagsusulit sa kaalaman kung:

- Mag-e-expire ang kasalukuyan mong driver license bago ka tumungtong sa edad na 70 taon.
- Wala kang pansamantalang driver license (CVC §14250).
- Hindi ka lumabag sa isang nakasulat na pangako na humarap sa korte o magbayad ng multa sa loob ng nakalipas na 2 taon.
- Hindi ka sinuspinde para sa pagmamaneho nang may ilegal na antas ng konsentrasyon ng alkohol sa dugo (blood alcohol concentration, BAC), o tumanggi o nabigong kumpletuhin ang isang kemikal o paunang pagsusuri sa pag-screen ng alkohol sa loob ng nakalipas na 2 taon.
- Wala kang kabuuang bilang ng puntos ng paglabag na mas mataas pa sa 1 puntos.

Pagpapalugit ng Driver License

Kung mawawala ka sa California (ng hanggang 1 taon), maaari kang humiling ng isang 1 taong libreng palugit **bago mag-expire ang iyong driver license**. Ipadala ang iyong kahilingan sa DMV, PO Box 942890, Sacramento, CA 94290-0001. Isama ang iyong pangalan, numero ng driver license, petsa ng kapanganakan, address ng tirahan sa California, at address sa labas ng estado. Ang mga nagmamanehong may limitadong tagal ng panahon ay hindi kwalipikado sa pagpapalugit na ito.

LAKTAWAN ANG PILA!

Gamitin ang mga Kiosk na DMV NOW para sa Pag-renew ng Pagpaparehistro at Iba Pa.

Mag-scan • Magbayad • Mag-print

DMV NOW

Para maghanap ng lokasyon, bumisita sa **cadmvnow.com/info**

Driver License sa Iyong Pangangalaga

Dapat ay palagi mong dalhin ang iyong driver license kapag nagmamaneho ka. Kailangan mo itong ipakita ito sa sinumang pulis na humiling na makita ito. Kung ikaw ay sangkot sa isang banggaan, dapat mo itong ipakita sa ibang sangkot na (mga) nagmamaneho (sumangguni sa seksyong "Pagkasangkot sa isang Banggaan" sa pahina 95).

Mga Pagbabago sa Address

Kapag lumipat ka, dapat mong ibigay sa DMV ang iyong bagong address sa loob ng 10 araw. Walang bayarin upang baguhin ang iyong address. Maaari mong abisuhan ang DMV tungkol sa pagbabago ng iyong address para sa iyong driver license/card ng pagkakakilanlan, at (mga) sasakyan online sa **www.dmv.ca.gov**. Maaari ka ring mag-download ng form ng Pagbabago ng Address (*Change of Address*, DMV 14) at ipadala ito sa address sa form, o tumawag sa DMV sa 1-800-777-0133 at humiling na padalhan ka sa koreo ng DMV 14. Hindi magbibigay ng bagong driver license/card ng pagkakakilanlan kapag nagpalit ka ng address. Maaari mong i-type o isulat ang bago mong address sa isang maliit na piraso ng papel, lagdaan, at lagyan ng petsa ang nasabing papel at dalhin ito (huwag gumamit ng tape o mga staple) kasama ng iyong driver license/card ng pagkakakilanlan. Kung papalitan mo ang iyong address sa isang tanggapan sa field, bibigyan ka ng isang kinatawan ng DMV ng isang Card para sa Pagpapalit ng Address (*Change of Address Card*, DL 43) upang sagutan at dalhin kasama ng iyong driver license/card ng pagkakakilanlan.

Mahalaga: Palitan ang iyong address sa Serbisyong Pangkoreo ng U.S. (*U.S. Postal Service*) para tiyaking ang pakikipag-ugnayan ng DMV ay naipapadala sa iyong kasalukuyang address sa pagpapadala. Responsibilidad mong tiyakin na tama ang iyong address sa pagpapadala sa DMV.

Paningin

Sinasala ng DMV ang lahat ng nagmamaneho upang sukatin ang paningin nang may o walang mga corrective lens. Kung hindi mo matugunan ang pamantayan sa paningin ng DMV (20/40), kakailanganin mong bumisita sa isang espesyalista sa paningin. Bibigyan ka ng kinatawan ng DMV ng form ng Ulat sa Pagsusuri sa Paningin (*Report of Vision Examination*, DL 62) na kukumpletuhin ng espesyalista sa paningin. Kung hindi malala sa 20/70 ang iyong paningin, maaari kang bigyan ng DMV ng 30 araw na pansamantalang driver license upang bigyan ka ng panahong ipasuri ang iyong paningin. Ang visual acuity ng lahat ng mga nagmamaneho na nag-a-apply para sa isang driver license ay dapat na mas malinaw sa 20/200 (mas mainam kung iwawasto) sa kahit isang mata lang bago siya bigyan ng driver license. Bawal kang gumamit ng isang bioptic telescope o katulad na lens upang matugunan ang 20/200 na pamantayan ng visual acuity sa mas malinaw na mata.

Card ng Medikal na Impormasyon

Tumawag sa 1-800-777-0133 upang kumuha ng isang Card ng Medikal na Impormasyon (*Medical Information Card*, DL 390) upang ilista ang iyong blood type, mga allergy, pangalan ng doktor, at iba pang medikal na impormasyon. Madadala ito kasama ng iyong driver license/card ng pagkakakilanlan.

Pag-donate ng Organ ng Katawan at Tissue

Maaari kang mag-sign up upang i-donate ang iyong mga organ at tissue para sa pag-transplant pagkatapos ng iyong pagkamatay. Kapag nag-a-apply ka para sa isang driver license/card ng pagkakakilanlan at naglagay ng tsek sa kahong "Yes, add or keep my name on the donor registry" (Oo, idagdag ang aking pangalan sa registry ng donor), idadagdag ang iyong pangalan sa Talaan ng Donor ng Organ at Tissue ng Donate Life California (*Donate Life California Organ Tissue Donor Registry*) at maglalagay ng Pink na tuldok ng DONOR sa iyong driver license/card ng pagkakakilanlan. Dapat mong markahan ang ***Yes*** (Oo) upang mapanatili ang tuldok ng DONOR sa iyong driver license/card ng pagkakakilanlan. Kapag nilagyan mo ng tsek ang kahong "I do not wish to register to be an organ or tissue donor at this time" (Hindi ko nais magparehistro bilang donor ng organ o tissue sa oras na ito), hindi maaalis ang iyong pangalan sa talaan. Kung gusto mong alisin ang iyong pangalan sa talaan, dapat kang makipag-ugnayan sa Donate Life California. Maaaring alisin ng DMV ang pink na tuldok sa iyong driver license/card ng pagkakakilanlan ngunit hindi ka maaaring alisin sa talaan. Maaari ka ring magbigay ng $2 na boluntaryong kontribusyon upang suportahan at i-promote ang pag-donate ng organ at tissue sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa kahong "Would you like to make a voluntary $2 contribution?" (Nais mo bang magbigay ng $2 na boluntaryong kontribusyon?). Gaya ng nakabalangkas sa California Anatomical Gift Act, legal na may-bisa ang iyong pahintulot at, maliban kung wala pang 18 taong gulang ang donor, hindi kinakailangan ng iyong pasya ang pahintulot ng sinumang ibang tao. Para sa mga nakarehistrong donor na wala pang 18 taong gulang, ang legal na tagapangalaga ang gagawa ng pinal na pasya sa pag-donate. Maaari mong limitahan ang iyong donasyon sa mga partikular na parte ng katawan o tisyu, maglagay ng mga paghihigpit sa paggamit (halimbawa, pag-transplant o pananaliksik), makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa donasyon, alisin o i-update ang iyong katayuan bilang donor o impormasyon kabilang ang iyong pangalan at address, o alisin ang iyong pangalan mula sa talaan sa website ng Donate Life California sa: **donateLIFEcalifornia.org**.

Pagtatalaga bilang Beterano at Impormasyon ng Benepisyo

Sa halagang $5, binibigyan ng DMV ang magigiting na naglingkod sa ating bansa ng opsyong markahan ang harapan ng kanilang driver license/card ng pagkakakilanlan ng salitang "VETERAN" (BETERANO) upang ipahiwatig na sila ay naglingkod sa Mga Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos. Bukod pa rito, ire-refer ng DMV ang mga beterano sa Kagawaran sa Pakikipag-ugnayan sa Mga Beterano sa California (*California Department of Veterans Affairs*) upang matukoy kung sila ay kwalipikado para sa mga naipon nilang benepisyo habang naglilingkod sa Mga Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos.

Paano ko Makukuha ang Pagtatalaga bilang Beterano?

- Bisitahin ang Mga Opisyal sa Serbisyo ng Mga Beterano ng County (*County Veterans Service Officers*, CVSO) upang makakuha ng isang nalagdaan at sertipikadong *Form ng Pagpapatotoo sa Katayuan ng Beterano (Veteran Status Verification Form*, VSD-001).
- Bumisita sa tanggapan ng DMV sa field upang humiling na idagdag ang pagtatalaga bilang Beterano sa driver license/card ng pagkakakilanlan.
- Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng DMV sa **www.dmv.ca.gov** o sumangguni sa brochure ng Fast Facts na *Isa Ka Bang Beterano? (Are You a Veteran?*, FFDL 43). Nais ng programang CalVet Connect

ng Kagawaran sa Pakikipag-ugnayan sa Mga Beterano sa California (CalVet) na makatanggap ka ng impormasyon patungkol sa mga benepisyo, tulad ng pagtatrabaho, pabahay, edukasyon, at mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan, kung saan maaaring karapat-dapat ka. Lagyan ng tsek ang kahong "If you have served, would you like to receive benefits information for which you may be eligible?" (Kung naglingkod ka, gusto mo bang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga benepisyo kung saan maaaring kwalipikado ka?) sa form ng DL 44. Ipapadala ng DMV ang iyong pangalan at address sa pagpapadala sa CalVet upang ipadala nila sa iyo ang impormasyon tungkol sa mga benepisyo. Upang makakita ng tanggapan ng CalVet malapit sa iyong lugar, sumangguni sa listahan ng lokal na pamahalaan sa iyong libro ng numero ng telepono, o bisitahin ang website ng CalVet sa **www.calvet.ca.gov**, o bisitahin ang **www.dmv.ca.gov**.

Magparehistro Upang Makaboto

Maaari kang magparehistro upang makaboto o ma-update ang iyong pagpaparehistro ng botante sa DMV kapag nag-a-apply para sa isang orihinal na driver license/pagkakakilanlan, nagre-renew ng iyong driver license/pagkakakilanlan, o nagpapalit ng iyong address. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **www.dmv.ca.gov**.

Hindi Lisensyadong Mga Nagmamaneho

Labag sa batas na ipahiram ang iyong sasakyan sa isang tao na hindi lisensyado o sinuspinde o ipinawalang-bisa ang pribilehiyo sa pagmamaneho. Kapag nahuli ang isang hindi lisensyadong tao na minamaneho ang **iyong** sasakyan, maaari itong i-impound sa loob ng 30 araw (CVC §14607.6). Walang tao ng kahit anong edad ang maaaring magmaneho sa isang highway o sa isang pampublikong pasilidad sa pagpaparada maliban kung mayroon siyang may bisang driver license o pahintulot. Isinasaad din ng batas na hindi mo maaaring kunin sa trabaho, payagan, o pahintulutan ang sinumang tao na gamitin ang iyong sasakyan sa isang pampublikong kalye o highway, maliban kung lisensyado siyang magmaneho ng ganoong uri ng sasakyan. Dapat na hindi bababa sa 21 taon ang edad ng isang tao upang magmaneho ng karamihan sa pangkomersyong ipinapaupang sasakyan sa interstate na pagnenegosyo o upang magbiyahe ng mga mapanganib na materyal o basura.

Mga Diplomatic na Driver License

Hindi kailangang magbigay ng mga hindi residente na mayroong may bisang diplomatic na driver license mula sa Kagawaran ng Estado ng Estados Unidos (*U.S. Department of State*) ng mga kinakailangan sa paglilisensya ng nagmamaneho sa California.

Mga Card ng Pagkakakilanlan

Nagbibigay ang DMV ng mga card ng pagkakakilanlan sa mga kwalipikadong tao, anuman ang kanilang edad. Upang makakuha ng isang orihinal na card ng pagkakakilanlan, dapat kang magsumite ng isang dokumento ng pagkakakilanlan, dokumento ng paninirahan, at dapat mong ibigay ang iyong Social Security Number (sumangguni sa seksyong "Pagkuha ng Driver License" sa pahina 4). May-bisa ang card ng pagkakakilanlan hanggang sa ika-6 na kaarawan pagkatapos ng petsa ng pagbibigay. Kung natutugunan mo ang ilang kinakailangan para sa mga partikular

na programa sa tulong sa publiko, maaaring kwalipikado ka para mag-apply para sa binawasang bayarin para sa card ng pagkakakilanlan. Ang mga organisasyon ng pamahalaan o non-profit na organisasyon ang nagpapasya kung kwalipikado ba ang isang indibidwal para sa binawasang bayarin para sa card ng pagkakakilanlan.

Tandaan: Kung may edad kang 62 taon pataas, maaari kang kumuha ng isang **libreng** card ng pagkakakilanlan ng senior citizen na may mga salitang "Senior Identification Card" (Card ng Pagkakakilanlan ng Senior Citizen) sa harap. Maybisa ang card ng pagkakakilanlan ng Senior hanggang sa ika-8 kaarawan pagkatapos ng petsa ng pagbibigay.

Mga Walang Bayad na Card ng Pagkakakilanlan

- Maaaring maging kwalipikado ang mga nagmamaneho na wala nang kakayahang ligtas na magmaneho, dahil sa isang pisikal at/o mental na kundisyon na ipagpalit ang kanilang may bisang driver license para sa isang walang bayad na card ng pagkakakilanlan, kung matutugunan nila ang ilang partikular na alituntunin.
- Kung ikaw ay isang "taong walang tirahan" tulad ng inilalarawan sa McKinney-Vento Act na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, batang walang tahanan, taong walang tahanan, o indibidwal o pamilya na tumatakas mula sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, seksuwal na pananakit, pag-i-stalk, o iba pang kundisyon na nagbabanta sa buhay, maaaring kwalipikado ka para sa isang walang bayad na card ng pagkakakilanlan.

Bumisita sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133 para sa karagdagang impormasyon.

Pag-renew ng Card ng Pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Koreo o Internet

Makakatanggap ang mga customer na kwalipikadong i-renew ang kanilang mga card ng pagkakakilanlan ng isang abiso humigit-kumulang 90-120 araw bago mag-expire ang kasalukuyan nilang card ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng koreo o Internet. Hindi maaaring ma-renew sa pamamagitan ng koreo o Internet ang mga card ng pagkakakilanlan na binawasan ang bayarin.

Mga Paaralan sa Pagmamaneho

Kapag nag-aaral na magmaneho, dapat kang maghanap ng kwalipikadong pagtuturo, maaaring sa isang pampubliko o pribadong high school o propesyonal na paaralan sa pagmamaneho na lisensyado ng estado. Binibigyan ng lisensya ng DMV ang mga propesyonal na paaralan at tagaturo sa California na nakakaabot sa mahihigpit na pamantayan sa pagiging kwalipikado. Dapat na may insurance sa pananagutan, may bond, at nagpapanatili ng mga kumpletong ulat para sa pagsusuri ng DMV ang mga paaralan. Napapailalim ang mga sasakyan sa taunang pagsusuri. Dapat na pumasa sa isang nakasulat na pagsusuri ang mga tagaturo bawat 3 taon o magpakita ng katibayan ng nagpapatuloy na pag-aaral sa larangan ng kaligtasan sa trapiko. Kung ginagamit mo ang mga serbisyo ng isang propesyonal na paaralan sa pagmamaneho, hilingin na makita ang card ng pagkakakilanlan ng tagaturo. Bisitahin ang **www.dmv.ca.gov** o sumangguni sa brochure ng Fast Facts na *Pagpili ng Paaralan sa Pagmamaneho*

(Selecting a Driving School for Driver Education and Driver Training (DE/DT), FFDL 33) para sa karagdagang impormasyon.

Programa Para sa Mature na Nagmamaneho

Ang Programa para sa Mature na Nagmamaneho ay isang 8 oras na kurso para sa mga nagmamanehong may edad na 55 taon pataas. Kabilang sa kursong ito ang maraming paksa na may kinalaman sa mature na nagmamaneho at available mula sa mga tagapagbigay ng kurso na inaprubahan ng DMV. Bisitahin ang website ng DMV para sa higit pang impormasyon. Maaaring mag-alok ang iyong kompanya sa insurance ng mga diskwento para sa mga nakakumpleto sa klase at nakatanggap ng katibayan ng pagkumpleto. May bisa ang katibayan sa loob ng 3 taon, at mare-renew ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang 4 na oras na kurso.

Mga Responsibilidad ng Taong Naglalakad



Dapat na may kaalaman ang mga taong naglalakad (kabilang ang mga jogger) sa mga kundisyon ng trapiko. Mag-ingat sa mga nagmamaneho bago ipagpalagay na mayroon kang right-of-way kapag tumatawid sa isang kalye. Mangyaring malaman na halos walang tunog ang mga hybrid at electric na sasakyan kapag tumatakbo sa electric power at maaaring hindi mo marinig ang mga ito na parating sa isang panulukan. Ibigay ang right-of-way sa mga sasakyan kapag tumatawid ka sa isang kalye sa pagitan ng mga panulukan at sa mga lugar na walang mga crosswalk o signal para sa mga taong naglalakad. **Tandaan:** Hindi nangangahulugan na ibibigay ng nagmamaneho ang right-of-way kapag nakipagtitigan sa nagmamaneho. Huwag biglaang umalis sa kurbada o iba pang ligtas na lugar, at lumakad o tumakbo patungo sa daanan ng sasakyan na malapit upang maging mapanganib sa iyo. Totoo ito kahit na nasa crosswalk ka. Ayon sa batas, dapat ay palaging magbigay-daan ang nagmamaneho sa isang taong naglalakad, ngunit kung hindi kaagad makakahinto ang nagmamaneho upang huwag kang mabundol, maaari ka pa ring mabundol. Iwasan ang mga gambala bilang isang taong naglalakad. Huwag gamitin ang iyong mobile na telepono o wireless na elektronikong device para sa komunikasyon habang naglalakad. Upang maiwasang maging panganib sa mga sasakyan at iba pang mga taong naglalakad, dapat may kamalayan ka sa iyong paligid sa lahat ng oras. Palaging sumunod sa mga traffic signal light. May mga signal para sa mga taong naglalakad o traffic signal light man ang panulukan o wala, dapat kang sumunod sa mga panuntunan ng taong naglalakad (sumangguni sa pahina 29 at 30). Sa isang panulukan kung saan hindi kinokontrol ng mga traffic signal light ang trapiko, kinakailangan ng mga nagmamaneho na ibigay ang right-of-way sa mga taong naglalakad sa loob ng anumang mga crosswalk, **minarkahan o hindi minarkahan**.

Kapag naging berde o “WALK” ang isang traffic signal light, tumingin sa kaliwa, kanan, at sa kaliwa muli, at magbigay-daan sa anumang sasakyan sa panulukan bago magbago ang traffic signal light.

Kung nagsimulang mag-blink o magbago ang traffic signal light sa “DON’T WALK,” o sa isang nakataas na kamay pagkatapos mong makatawid sa isang hating kalye, maaari kang magpatuloy na tumawid sa kalye. Huwag ihinto o antalahin ang trapiko nang hindi kinakailangan habang tumatawid sa kalye. Hindi pinapayagan ang mga taong naglalakad sa anumang toll bridge o highway crossing, maliban kung may bangketa at mga sign na nagsasabing pinapahintulutan ang trapiko ng taong naglalakad.

Kung walang mga bangketa, lumakad nang nakaharap sa paparating na trapiko (tingnan ang larawan sa pahina 24). Huwag maglakad o mag-jog sa anumang freeway kung saan sinasabi sa iyo ng mga sign na hindi pinapayagan ang mga taong naglalakad. Huwag maglakad o mag-jog sa linya ng bike maliban kung walang bangketa. Sa gabi, gawing nakikita ang iyong sarili sa pamamagitan ng:

- Pagsusuot ng damit na puti, mapusyaw, o may nagre-reflect na materyal.
- Pagdadala ng flashlight.

Bagong Teknolohiya

Maaaring may teknolohiya rin ang iyong sasakyan na magagamit mo upang makipag-usap gamit ang iyong cell phone o magpatugtog ng musika mula sa isang wireless na elektronikong device para sa komunikasyon. Kasabay ng pagdami ng mga ganitong teknolohiya, mahalagang panatilihin nating nakatuon ang ating atensyon sa kalsada at iwasan ang mga abala sa pagmamaneho. Narito ang ilang tip upang mabawasan ang mga abalang dulot ng teknolohiya:

- Huwag mag-input ng mga tagubilin sa navigation habang nagmamaneho.
- Huwag ayusin ang musika o iba pang wireless na elektronikong device para sa komunikasyon habang nagmamaneho.
- Para sa mga navigation device, gamitin ang audio na function sa navigation kung maaari.

Tandaan: Ang teknolohiya, tulad ng mga back up na camera at pagparada nang mag-isa ay **hindi** maaaring gamitin para lang sa isang pagsusulit sa pagmamaneho. Layunin ng pagsusulit sa pagmamaneho na tiyaking marunong kang magmaneho.

PAGPROTEKTA SA PASAHERO

Mga Seat Belt



Ang pagsusuot ng mga seat belt ay inaatas ng batas. Laging magsuot ng seat belt at siguruhing lahat ng iyong mga pasahero ay gumagamit ng mga seat belt o sistema sa pagpigil ng bata. Tataas ang posibilidad na makaligtas ka sa karamihan ng mga uri ng mga banggaan kung magsusuot ka ng mga seat belt (parehong lap belt **at** harness sa balikat). Mahalagang isuot ang seat belt sa tamang paraan.

- Ang harness sa balikat ay isinusuot sa balikat at dibdib nang may kakaunting puwang, kung mayroon. Hindi dapat suotin ang harness sa balikat sa ilalim ng braso o sa likuran. Ang pagsuot sa harness sa maling paraan ay maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa loob ng katawan sa isang banggaan.
- Dapat i-adjust ang lap belt para ito ay komportable at nakalagay sa iyong balakang pagkatapos isuot. Kung hindi, sa isang banggaan, maaaring lumusot ka sa belt, at magresulta sa pinsala o kamatayan.
- Dapat na isuot ng mga buntis ang lap belt nang pinakamababa hangga't maaari sa ibaba ng tiyan, at dapat na ilagay ang mga shoulder strap sa pagitan ng mga suso at sa gilid ng umbok sa tiyan.

Dapat na isuot mo at ng lahat ng pasahero ang seat belt o, bibigyan **ka** at/o ang iyong (mga) pasahero ng sitasyon. Kung wala pang 16 na taong gulang ang pasahero, maaaring bigyan ka ng sitasyon kung hindi niya suot ang kanyang seat belt.

Ipinapakita ng larawan kung ano ang maaaring mangyari sa isang banggaan. Kung nabangga ka mula sa gilid, maaari kang itulak ng pagkakabangga nang pabalik-balik sa upuan. Pinapanatili ka ng mga seat belt at mga harness sa balikat sa mas mahusay na posisyon upang makontrol ang sasakyan at maaaring mabawasan ang mga seryosong pinsala sa katawan. Ipinapakita rin ng larawan na kapag bumangga ka, hihinto ang iyong sasakyan, ngunit magpapatuloy ang iyong katawan sa bilis ng iyong takbo hanggang sa tumama ka sa dashboard o windshield.

Sistema sa Pagpigil ng Bata at Mga Pangkaligtasang Upuan

Dapat mong panatilihing ligtas ang iyong anak sa pamamagitan ng isang sistema sa pagpigil ng batang pasahero (child passenger restraint system) na inaprubahan ng pederal o isang pangkaligtasang belt depende sa kanyang taas at edad.

- Dapat iupo ang mga batang wala pang 2 taong gulang sa isang patalikod na sistema sa pagpigil ng batang pasahero, maliban na lang kung may bigat ang bata na 40 pounds o higit pa, o kung may taas siyang 3 talampakan at 4 na pulgada o higit pa.

- Ang mga batang may edad na 8 taon pababa, o may taas na wala pang 4 na talampakan at 9 na pulgada ay dapat iupo sa isang sistema sa pagpigil ng batang pasahero na inaprubahan ng pederal na pamahalaan.
- Maaaring umupo ang mga batang wala pang 8 taong gulang sa harapan ng isang sasakyan sa isang sistema sa pagpigil ng batang pasahero na inaprubahan ng pederal na pamahalaan sa mga sumusunod na sitwasyon:
  - Walang upuan sa likod.
  - Ang mga upuan sa likod ay mga naibababang upuan sa gilid.
  - Ang mga upuan sa likod ay mga patalikod na upuan.
  - Hindi mailagay ang sistema sa pagpigil ng batang pasahero nang maayos sa upuan sa likod.
  - Lahat ng upuan sa likod ay inuupuan na ng mga batang may edad na 7 taon pababa.
  - Hindi maaaring umupo ang bata sa likod dahil sa mga medikal na dahilan.
- **Hindi** maaaring umupo ang isang bata sa harap ng isang sasakyang may airbag kung nakaupo siya sa isang patalikod na sistema sa pagpigil ng batang pasahero.
- Ang mga batang may edad na 8 taon pataas, O may taas na hindi bababa sa 4 na talampakan at 9 na pulgada ay maaaring gumamit ng isang maayos na nakalagay na pangkaligtasang belt na nakakatugon sa mga pamantayan ng pederal.

Tandaan: Maaaring ipasuri ang pagkakalagay sa sistema sa pagpigil ng batang pasahero sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga ahensyang nagpapatupad ng lokal na batas at departamento ng bumbero. Habang lumalaki ang iyong anak, tingnan kung naaangkop pa rin ang laki ng sistema sa pagpigil ng batang pasahero sa kanya.

Ligtas na Pagsakay na May Mga Air Bag

Ang mga air bag ay isang tampok sa kaligtasan na nakakatulong na panatilihin kang mas ligtas kaysa sa isang seat belt lang. Sumakay nang hindi bababa sa 10 pulgada (sinukat mula sa gitna ng steering wheel patungo sa iyong dibdib) mula sa takip ng air bag, kung magagawa mo ito habang pinapanatili ang ganap na pagkontrol sa sasakyan. Kung hindi ka ligtas na makakaupo nang 10 pulgada ang layo mula sa air bag, makipag-ugnay sa dealer o tagagawa ng sasakyan para sa payo tungkol sa mga karagdagang paraan ng paglayo mula sa iyong air bag.

Dapat ding umupo ang mga pasahero nang hindi bababa sa 10 pulgada ang layo mula sa air bag sa bahagi ng pasahero.

Tandaan: Ang mga batang nakaupo sa tabi ng panggilid na air bag ay maaaring malagay sa seryoso o nakamamatay na pinsala sa katawan.

Walang Bantay na Mga Bata sa Mga De-motor na Sasakyan

Hindi kailanman magandang ideya na iwan ang isang bata nang walang kasama sa sasakyan. Ilegal na iwanan ang isang batang may edad na 6 na taon pababa sa isang sasakyang de-motor nang walang kasama.

Tandaan: Maaaring iwan ang bata sa pangangalaga ng isang taong may edad na 12 taon pataas.

Pagmamaneho Nang May Abala

Ang anumang nakakapigil sa iyong ligtas na imaneho ang iyong sasakyan ay isang abala. Narito ang 3 uri ng mga abala sa nagmamaneho:

- Nakikita—Hindi nakatuon ang mga mata sa kalsada.
- Naiisip—Hindi nakatuon ang isip sa kalsada.
- Nahahawakan—Hindi nakalagay ang mga kamay sa manibela.

Ang ilan sa mga pagkilos na nagdudulot ng pagmamaneho nang may abala at humahantong sa mga banggaan ay:

- Paggamit ng isang handheld na device (halimbawa, cell phone, device na pangmusika).
- Pag-abot ng isang bagay sa sasakyan.
- Pagtingin sa isang bagay o pangyayari sa labas ng sasakyan.
- Pagbabasa.
- Pagkain.
- Paglalagay ng makeup (cosmetics).

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga banggaan sa brochure ng Fast Facts ng *Abala sa Nagmamaneho (Driver Distractions*, FFDL 28).

Mga Peligro sa Mainit na Panahon

Mapanganib at labag sa batas na iwanan ang mga bata (CVC §15620) at/o mga hayop sa isang mainit na sasakyan. Pagkatapos na maiwan sa ilalim ng araw, kahit na may bahagyang nakabukas na bintana lamang, maaaring mabilis na tumaas ang temperatura sa loob ng isang nakaparadang sasakyan.

Ang dehydration, heat stroke, at pagkamatay ay maaaring magresulta mula sa labis na pagkakalantad sa init. Ipinagbabawal ng *Kodigo ng Parusa sa California (California Penal Code)* §597.7 ang pag-iwan o pagkukulong ng hayop sa isang sasakyang de-motor nang walang kasama kung nailalagay sa panganib ang kalusugan o kapakanan ng naturang hayop dahil sa init.

MGA KONTROL NG TRAPIKO

Mga Traffic Signal Light

Solid na Pula–Ang ibig sabihin ng pulang traffic signal light ay "HUMINTO." Maaari kang kumanan sa isang pulang traffic signal light pagkatapos mong huminto. Huwag dumikit sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at motorista upang hindi maging isang panganib. Lumiko lamang pakanan kapag ligtas ito. Huwag lumiko kung ipinapakita ang sign na "BAWAL LUMIKO KAPAG PULA" (NO TURN ON RED).

Pulang Arrow–Nangangahulugan ng "HUMINTO" ang pulang arrow. Manatiling nakahinto hanggang sa lumitaw ang berdeng signal o berdeng arrow. Huwag lumiko sa pulang arrow.

Nagpa-flash na Pula–Ang ibig sabihin ng isang nagpa-flash na pulang traffic signal light ay "HUMINTO." Pagkatapos huminto, maaari kang magpatuloy kapag ligtas na ito. Sundin ang mga panuntunan ng right-of-way.

Solid na Dilaw–Ang ibig sabihin ng isang dilaw na traffic signal light ay "MAG-INGAT." Malapit nang umilaw ang pulang traffic signal light. Sa oras na makita mo ang dilaw na traffic signal light, huminto kung magagawa mo ito nang ligtas. Kung hindi ka makakahinto nang ligtas, maingat na tumawid sa panulukan.

Dilaw na Arrow–Ang dilaw na arrow ay nangangahulugan na patapos na ang "protektado" na panahon ng pagliko. Maging handang sumunod sa susunod na traffic signal light, na maaaring maging berde o pulang traffic signal light, o pulang arrow.

Nagpa-flash na Dilaw–Binabalaan ka ng isang nagpa-flash na dilaw na traffic signal light na "MAGPATULOY NANG MAY PAG-IINGAT." Bagalan ang iyong takbo at maging alerto sa pagpasok sa panulukan. Magbigay-daan sa sinumang taong naglalakad, nagbibisikleta, o anumang sasakyan sa panulukan. Hindi mo kailangang huminto sa isang nagpa-flash na dilaw na traffic signal light.

Nagpa-flash na Dilaw na Arrow–Ang ibig sabihin ng traffic signal light na ito ay pinahihintulutan (hindi pinoprotektahan) ang mga pagliko, ngunit kailangan mo munang magbigay-daan sa mga paparating na sasakyan at taong naglalakad bago magpatuloy nang may pag-iingat.

Solid na Berde–Ibigay ang right-of-way sa anumang sasakyan, nagbibisikleta, o taong naglalakad sa panulukan. Ang ibig sabihin ng berdeng traffic signal light ay "MAGPATULOY." Kung liliko ka sa kaliwa, lumiko lamang kung mayroon kang sapat na puwang upang makumpleto ang pagliko bago lumikha ng panganib para sa anumang paparating na sasakyan, nagbibisikleta, o taong naglalakad. Huwag pumasok sa panulukan kung hindi ka ganap na makakatawid bago maging pula ang traffic signal light. Maaari kang bigyan ng sitasyon kung haharangan mo ang panulukan.

Berdeng Arrow–Ang ibig sabihin ng berdeng arrow ay "MAGPATULOY." Dapat kang lumiko sa direksyong itinuturo ng arrow pagkatapos mong magbigay sa anumang sasakyan, nagbibisikleta, o taong naglalakad habang nasa panulukan. Binibigyang-daan ka ng berdeng arrow na gumawa ng "protektadong" pagliko. Inihihinto ng pulang traffic signal light ang mga paparating na sasakyan, nagbibisikleta, at taong naglalakad hangga't may ilaw ang berdeng arrow.

Hindi Gumaganang Traffic Signal Light (Blackout)–Hindi gumagana ang traffic signal light at/o walang ipinapakitang ilaw sa signal. Maingat na magpatuloy na parang kinokontrol ang panulukan ng mga karatulang "HUMINTO" (STOP) sa lahat ng direksyon.

Mga Signal Light para sa Mga Taong Naglalakad

Nagpapakita ang mga traffic signal light na para sa mga taong naglalakad ng mga salita o larawang katulad ng mga sumusunod na halimbawa:

Ang ibig sabihin ng **"Maglakad" (Walk)** o **"Naglalakad na Tao"(Walking Person)** na traffic signal light ay maaaring tumawid sa kalsada.

Ang ibig sabihin ng **"Huwag Maglakad" (Don't Walk)** o **"Nakataas na Kamay" (Raised Hand)** na traffic signal light ay hindi ka maaaring tumawid.

Ang ibig sabihin ng **Nagpa-flash na "Huwag Maglakad" (Don't Walk)** o **Nagpa-flash na "Nakataas na Kamay" (Raised Hand)** na traffic signal light ay huwag nang tumawid sa kalsada dahil malapit nang magbago ang traffic signal light. Kung may tatawid na taong naglalakad pagkatapos magsimulang mag-flash ang traffic signal light, hintaying makatawid ang (mga) taong naglalakad bago magpatuloy.

Maaari rin magpakita ang mga **traffic signal light ng taong naglalakad** ng numero upang ipahiwatig kung ilang segundo pa ang natitira para sa pagtawid. Binibigyan ng mga traffic signal light ng naglalakad na ito ang mga taong naglalakad ng pagkakataong bilisan ang paglalakad kung malapit nang maubos ang oras.

Ang **Mga Pedestrian Phase (tinatawag ding Mga Pedestrian Scramble)** ay isang serye ng mga crisscross at diagonal na tawiran na nagbibigay-daan sa mga taong naglalakad na makatawid papunta sa anumang direksyon nang sabay-sabay, pati nang pa-diagonal sa panulukan. Inihihinto ng mga signal na ito ang lahat ng sasakyan sa panahon ng scramble phase. Maaaring magbigay ang ilang traffic signal light ng isang **beeping** o **chirping** na tunog o isang **pasalitang mensahe**. Idinisenyo ang mga traffic signal light na ito upang tulungan ang mga taong naglalakad na hindi nakakakita o may problema sa paningin na tumawid.



Sa karamihan ng mga traffic signal light, kailangan mong pindutin ang pedestrian push button upang i-activate ang **"Maglakad" (Walk)** o **"Naglalakad na Tao" (Walking Person)** na traffic signal light. Kung walang mga signal para sa taong naglalakad, sundin ang mga traffic signal light.

Mga Traffic Sign

Binibigyan ka ng clue ng hugis at kulay ng sign tungkol sa impormasyong nilalaman ng sign. Narito ang mga ginagamit na karaniwang hugis:

Isinasaad ng *8 gilid na pulang* **HUMINTO (STOP)** *na karatula* na dapat kang ganap na "HUMINTO" sa tuwing nakikita mo ang karatulang ito. Huminto sa puting linya ng limitasyon (isang malapad na puting linyang nakapinta sa kalsada) o bago pumasok sa crosswalk. Kung walang nakapintang linya ng limitasyon o crosswalk sa kalsada, huminto bago pumasok sa panulukan. Tingnan ang trapiko sa lahat ng direksyon bago magpatuloy.

Isinasaad ng *3 bahaging pulang* **MAGBIGAY (YIELD)** *na karatula* na dapat kang magmabagal at maghandang huminto, kung kinakailangan, upang hayaan ang anumang sasakyan, nagbibisikleta, o tumatawid na dumaan bago ka magpatuloy.

Tinutukoy ng isang *parisukat na pula at puting pangkontrol na sign* na dapat mong sundin ang tagubilin ng sign. Halimbawa, ang ibig sabihin ng karatulang **BAWAL PUMASOK (DO NOT ENTER)** ay huwag pumasok sa kalsada o off ramp kung saan nakapaskil ang karatula (madalas ay sa isang off ramp sa freeway). Maaaring i-post o hindi ang **MALING DIREKSIYON (WRONG WAY)** kasama ang **BAWAL PUMASOK (DO NOT ENTER)** na sign. Kung nakita mo ang isa o parehong mga sign na ito, magmaneho sa gilid ng kalye at huminto. Nagpapatuloy ka nang pasalungat sa trapiko. Kapag ligtas, umatras o umikot at bumalik sa kalyeng pinanggalingan mo. Kung nagpapatuloy ka sa maling daan sa gabi, iilaw nang pula ang mga reflector sa kalye sa iyong mga headlight.

Ang isang karatula na may *pulang bilog na may pulang linya* sa gitna ay palaging nagpapahiwatig ng "HINDI." Ipinapakita ng larawan sa loob ng bilog ang hindi mo maaaring gawin. Maaaring ipakita ang karatula nang may mga salita o wala.

Ang isang *dilaw at itim na pabilog na karatula* o *karatulang hugis x* ay nagpapahiwatig na papalapit ka na sa riles ng tren. Dapat kang tumingin, makinig, magmabagal, at maghandang huminto, kung kinakailangan. Hayaang makadaan ang anumang tren bago ka magpatuloy. Maraming tawiran na riles ng tren ang magkakaroon din ng *asul* at *puting karatula* upang ipahiwatig ang dapat gawin kung may emergency sa o malapit sa riles, o kung huminto ang iyong sasakyan sa riles.

Ang isang *karatulang may 5 sulok* ay nagpapahiwatig na malapit ka sa isang paaralan. Huminto kung may tumatawid na mga bata.

Ang isang *4 na-gilid na sign na hugis na diamond* ay nagbababala sa iyo ng tukoy na mga kundisyon ng daan at mga paparating na panganib. Hugis diamond ang karamihan sa mga karatula ng babala.

Mga Pula at Puting Pangkontrol na Karatula

Walang U-turn

Walang Likuan sa Kaliwa

Walang Likuan sa Kanan

Mga Puting Pangkontrol na Karatula

Ipinagbabawal ang mga naglalakad nagbibisikleta motorsiklo.

May trapikong dalawa ang daan sa unahan

Bawal pumarada sa anumang oras

Magbigay sa pataas na trapiko

One way

Paradahan para lamang sa emergency

Walang likuan

Kumaliwa Magbigay kapag berde

Huwag dumaan

One way

Kumaliwa o mag-u-turn

Kumaliwa lamang

Limitasyon sa bilis

Mas mabagal na trapiko manatili sa kanan

Huwag huminto sa mga riles

3 riles

Manatili sa kanan

Huwag harangan ang panulukan

Mga Karatula sa Paggawa at Pag-aayos sa Highway

Dumadaang trapiko pumasok sa kaliwa

May saradong daan sa unahan

May makinarya sa daan sa unahan

May flagger sa unahan

May gawain sa shoulder sa unahan

Mga Karatulang Gabay

Paliparan

Sona sa pag-ski

Lugar pahingahan 1 milya

Trolley

Mga Placard ng Mga Mapanganib na Kargada

Mga Sasakyang Mabagal ang Takbo

Mga Karatula ng Babala

Madulas Kapag Basa

Nagsasamang Trapiko

Hinating Highway

Matinding Liko

Trapikong Dalawa ang Daan

Dulo ng Linya

Dulo ng Hating Linya

Traffic Signal sa Harap

Pedestrian Crossing

Idinagdag na Linya

Tawiran

Maghandang Huminto

Maghandang Magbigay Daan

Kurbada

"T" na Panulukan

Arrow ng Direksyon

Liku-likong Daan

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.dot.ca.gov.

Isinasaad ng *puting parihabang karatula* na dapat mong sundin ang mga mahalagang tuntunin.

Ang ilang *karatula ng babala* ay may fluorescent yellow-green na background. Nagbababala ang mga sign na ito ng mga kundisyong may kaugnayan sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, paaralan, playground, school bus, at mga lugar ng sakayan ng mga pasahero sa paaralan. Sundin ang lahat ng karatula ng babala anuman ang hugis o kulay ng mga ito (sumangguni sa pahina 32 at 33 para sa mga halimbawa).

MGA BATAS AT PANUNTUNAN NG DAAN

Mga Panuntunan ng Right-of-Way

Pangkalahatang Impormasyon

Huwag kailanman isipin na bibigyan ka ng right-of-way ng ibang mga nagmamaneho. Ang paggalang sa right-of-way ng iba ay hindi limitado sa mga sitwasyon gaya ng paghinto sa mga taong naglalakad sa tawiran, o maingat na pagtingin upang matiyak ang right-of-way ng ibang mga nagbibisikleta at nagmomotor. Ibigay ang iyong right-of-way kapag nakakatulong itong mapigilan ang mga banggaan.

Mga Taong Naglalakad

Ang isang taong naglalakad ay isang taong naglalakad o gumagamit ng sasakyan gaya ng mga roller skate, skateboard, atbp., maliban sa bisikleta. Ang isang taong naglalakad ay maaari ring tao na may kapansanan na gumagamit ng tricycle, quadricycle, o wheelchair para sa sasakyan.

- Kung papalapit ka sa tumatawid na taong naglalakad sa kanto o ibang tawiran, kahit na ang tawiran ay nasa gitna ng block, sa kanto na mayroon o walang mga traffic signal light, kahit na ang mga tawiran ay mayroon o walang marka ng mga pinturang linya, kailangan mong mag-ingat at magmabagal, o tumigil kung kinakailangan, para tiyakin ang kaligtasan ng naglalakad.
- Huwag mag-overtake sa isang sasakyang nakahinto sa tawiran. Ang isang taong naglalakad na maaaring hindi mo nakikita ay maaaring tumatawid ng kalye. Huminto at magpatuloy kapag nakatawid na ang lahat ng taong naglalakad.



- Huwag magmaneho sa sidewalk, maliban kung tatawid ka upang pumasok o lumabas sa driveway o pasilyo. Kapag tumatawid, magbigay sa lahat ng mga taong naglalakad.
- Huwag huminto sa tawiran. Ilalagay mo ang mga taong naglalakad sa panganib.
- Tandaan, kung ang taong naglalakad ay nakipagtitigan sa iyo, handa na siyang tumawid sa kalye. Magbigay sa taong naglalakad.

- Magbigay ng sapat na oras upang tumawid ng kalye para sa:
  - — Mga matatandang naglalakad.
  - — Mga naglalakad na may kapansanan.
  - — Mga naglalakad na may kasamang mga bata.
- Sumunod sa mga karatula para sa mga taong naglalakad. Kasama sa mga halimbawa ang:

Mahalaga: Dumedepende ang mga hindi nakakakitang taong naglalakad sa tunog ng iyong sasakyan upang malaman na nariyan ang iyong sasakyan, at sa tunog ng signal para sa taong naglalakad upang malaman kung ligtas na ba silang makakatawid. Mahalagang ihinto mo ang iyong sasakyan 5 talampakan mula sa tawiran. Ang mga nagmamaneho ng mga sasakyang hybrid o de-kuryente ay dapat manatiling nakakaalam na maaaring magdulot ang walang tunog na makina o de-kuryenteng motor na isipin ng hindi nakakakitang taong naglalakad na walang malapit na sasakyan. Sundin ang cue na ito:

- Kadalasan, kapag inatras ng isang taong hindi nakakakita ang kanyang tungkod at lumayo siya sa panulukan, ang ibig sabihin ay maaari ka nang magpatuloy (makakakita ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga hindi nakakakitang taong naglalakad sa pahina 80).

Mga Tawiran

Ang isang tawiran ay bahagi ng daan na nakalaan para sa trapiko ng taong naglalakad. Kapag kinakailangang huminto dahil sa isang sign o signal, kailangan mong huminto **bago** ang stop line, tawiran, stop sign, o signal. Dapat kang magbigay-daan sa mga taong papunta o naglalakad sa isang tawiran. Hindi lahat ng tawiran ay may marka. Kung mayroong stop line bago ang tawiran, dapat sundin muna ang stop line. **Ang mga tumatawid ang may right-of-way sa mga may marka o walang markang crosswalk**. Bagama't dapat bigyang-daan ang mga taong naglalakad, dapat din silang sumunod sa mga panuntunan ng kalsada. Kung makakakita ka ng isang tawiran habang nagmamaneho, kailangan mong mag-ingat at bagalan ang iyong takbo para sa kaligtasan ng taong naglalakad. Maaaring kailanganin mong huminto upang tiyaking magiging ligtas ang taong naglalakad, gaya ng nakabalangkas sa CVC §21950. Ang mga tawiran ay karaniwang may marka ng mga puting linya. Ang mga dilaw na linya ng tawiran ay maaaring nakapinta sa mga tawiran sa paaralan. Ang ilang tawiran ay mayroong nagpa-flash na mga ilaw upang balaan ka na maaaring may tumatawid na mga taong naglalakad. Maghanap ng mga taong naglalakad at maging handang huminto, nagpa-flash man o hindi ang mga ilaw.

Mga Panulukan

Ang isang panulukan ay anumang lugar kung saan nagsasalubong ang isang linya ng daan at isa pang daan. Kabilang sa mga panulukan ang magka-ekis na kalye, mga iskinita, pasilyo, mga pasukan sa freeway, at anumang ibang lokasyon kung saan tumatakbo ang mga sasakyan sa iba't ibang highway o daan na magkasama.

- Sa mga panulukan na walang mga sign na “HUMINTO” (STOP) o “MAGBIGAY” (YIELD), magmabagal at maghandang huminto. Magbigay sa trapiko at mga taong naglalakad na nasa panulukan na o papasok pa lang ng panulukan. Gayundin, magbigay sa sasakyan o bisikletang naunang dumating, **o** sa sasakyan o bisikleta sa iyong kanan kung umabot ito sa panulukan kasabay mo.
- Sa “T” na mga panulukan na walang mga sign na “HUMINTO” (STOP) o “MAGBIGAY” (YIELD), magbigay sa trapiko at mga taong naglalakad sa daanan. Ang mga ito ang may right-of-way.
- Kapag lumiko ka sa kaliwa, ibigay ang right-of-way sa lahat ng mga sasakyan na paparating na malapit maging mapanganib. Gayundin, maghanap ng mga nagmomotor, nagbibisikleta, at mga taong naglalakad.

  ***Suhestiyon sa kaligtasan*:** Habang naghihintay lumiko sa kaliwa, panatilihing nakadiretso ang iyong mga gulong hanggang ligtas nang lumiko. Kung nakaturo ang iyong mga gulong sa kaliwa, at nabangga ka ng sasakyan sa likod, maaari kang maitulak sa paparating na trapiko.
- Kapag kumakanan, siguruhing tingnan kung may mga tumatawid na taong naglalakad at nagbibisikleta sa tabi mo.
- Sa mga hati na highway o mga highway na may maraming linya, tingnan ang mga paparating na sasakyan sa anumang linyang iyong tatawiran. Lumiko lamang sa kaliwa o kanan kapag ligtas.
- Kapag mayroong mga sign ng “HUMINTO” (STOP) sa lahat ng mga kanto, huminto muna, at pagkatapos ay sundin ang mga panuntunang nakalista sa itaas.
- Kung pumarada ka sa gilid ng daan o aalis ka sa isang paradahan, atbp., magbigay-daan sa mga sasakyan bago pumasok sa kalsada.

Mga Roundabout

Ang isang roundabout ay isang panulukan kung saan dumadaan ang trapiko sa paligid ng isang gitnang isla sa counter-clockwise na direksyon. Walang lane para sa bisikleta ang mga roundabout, kaya dapat ay huwag sakupin ng mga sasakyan ang kalsada. Dapat magbigay-daan ang mga sasakyan o bisikletang papasok o papalabas sa roundabout sa lahat ng trapiko, kasama ang mga taong naglalakad.



Roundabout na may marami at isang linya

Kapag papalapit ka sa isang roundabout:

- Magmabagal habang papalapit ka sa roundabout.
- Magbigay sa mga taong naglalakad at mga nagbibisikleta na tumatawid sa daan.
- Tingnan ang mga sign at/o mga marka sa daan na gagabay sa iyo o magbabawal ng ilang pagkilos.

- Pumasok sa roundabout (pakanan) kapag may sapat nang puwang sa pagitan ng mga sasakyan upang ligtas na pumasok.
- Magmaneho sa counter-clockwise na direksyon. Huwag huminto o mag-overtake.
- Mag-signal kapag lilipat ka ng linya o lalabas sa roundabout.
- Kapag nalagpasan mo ang iyong labasan, magpatuloy sa pag-ikot hanggang sa makabalik ka sa iyong labasan. Para sa mga roundabout na may maraming linya, piliin ang iyong linya ng pasukan o labasan batay sa iyong patutunguhan tulad ng ipinapakita sa graphic. Halimbawa, upang:
  - Lumiko pakanan sa panulukan (asul na kotse), piliin ang linya sa kanan at lumabas sa linya sa kanan.
  - Dumiretso sa panulukan (pulang kotse), piliin ang alinmang linya, at lumabas sa linyang pinasukan mo.
  - Lumiko pakaliwa (dilaw na kotse), piliin ang linya sa kaliwa, at lumabas.

Sa Mga Daanan sa Bundok

Kapag nagkasalubong ang 2 sasakyan sa matarik na daan kung saan walang maaaring dumaan na sasakyan, ang sasakyang nakaharap pababa ay dapat na ibigay ang right-of-way sa pamamagitan ng pag-atras hanggang sa makadaan ang papaakyat na sasakyan. Ang sasakyang pababa ang mayroong mas malaking kontrol kapag umaatras sa burol.

Mga Limitasyon sa Bilis

Ang "Batas sa Batayang Bilis (*Basic Speed Law*)" ng California ay nangangahulugang hindi ka kailanman makakapagmaneho nang mas mabilis kaysa sa ligtas para sa mga kasalukuyang kundisyon.

Ano pa man ang naka-post na limitasyon ng bilis, dapat umasa ang iyong bilis sa:

- Bilang at bilis ng ibang mga sasakyan sa daan.
- Kung madulas, malubak, mabato, basa, tuyo, malapad o makitid ba ang daan.
- Mga nagbibisikleta o taong naglalakad sa o nasa kalsada.
- Kung umuulan, mahamog, nagyeyelo, mahangin o maalikabok.

Tandaan: Maliban kung naka-post, ang maximum na limitasyon ng bilis ay 55 mph sa mga highway na hindi hati na may dalawang linya at para sa mga sasakyang nanghihila ng mga trailer.

Pinabagal na Mga Takbo

Mabigat na Daloy ng Trapiko o Masamang Panahon

Dapat kang magmaneho nang mas mabagal kapag mabigat ang daloy ng trapiko o masama ang panahon. Gayunpaman, maaari kang bigyan ng sitasyon kung mahaharangan mo ang normal at makatuwirang paggalaw ng trapiko dahil sa masyadong mabagal na pagmamaneho. Kung pipiliin mong magmaneho nang mas mabagal kaysa sa iba, huwag magmaneho sa “Number 1 Lane” (mabilis na lane) (sumangguni sa seksyong “Pagpili ng Linya” sa pahina 47). Kapag may nagmamaneho na malapit sa likod mo at gustong bilisan ang kanyang takbo, dapat kang tumabi sa kanan.

Mga Sasakyang Panghila, Bus o Malalaking Trak

Kapag nanghila ka ng sasakyan o trailer, o nagmaneho ng bus o 3 o higit pang mga axle na trak, kailangan mong magmaneho sa linya sa dulong kanan o sa linya na minarkahan para sa mas mababagal na sasakyan. Kung walang mga linyang minarkahan at mayroong **4** na linya o higit pa sa iyong direksyon, maaari ka lamang magmaneho sa alinman sa 2 linya na pinakamalapit sa kanang gilid ng daan. Maaaring makaranas ang mga taong naglalakad, nagbibisikleta, o iba pang sasakyan sa tabi mo ng malakas na hangin kapag nag-o-overtake o ino-overtake. Bagalan at ligtas na mag-overtake, at mag-overtake lamang sa ligtas na distansya (3 talampakan o higit pa para sa mga nagbibisikleta).

Nang May Mga Bata

Kapag nagmamaneho sa loob ng 500 hanggang 1,000 talampakan ng paaralan habang ang mga bata ay nasa labas o tumatawid ng kalye, ang limitasyon ng bilis ay 25 mph maliban kung naka-post. Gayundin, kung ang mga bakuran ng paaralan ay walang bakod at nasa labas ang mga bata, huwag kailanman magmaneho nang mas mabilis sa 25 mph. Maaaring mayroong mga limitasyon sa bilis ang ibang mga lugar ng paaralan nang kasingbaba ng 15 mph. Sa malapit sa mga paaralan, tingnan ang:

- Mga nagbibisikleta at taong naglalakad.
- Mga patrol sa kaligtasan ng paaralan o guwardya sa tawiran. Tiyaking sundin ang kanilang mga direksyon. Para sa kaligtasan ng guwardya ng tawiran, hayaan siyang ligtas na makatawid sa kabila ng daan bago dumaan.
- Nakahintong mga school bus at mga batang tumatawid ng kalye. Nagpa-flash ng dilaw na ilaw ang ilang school bus kapag naghahandang huminto upang magbaba ng mga bata. Binabalaan ka ng mga dilaw na ilaw na nagpa-flash na magbagal at maghandang huminto. Kapag nag-flash ng pulang mga ilaw ang bus (na nakalagay sa tuktok na harap at sa likod ng bus), dapat kang huminto mula sa alinmang direksyon hanggang ligtas na makatawid ng kalye ang mga bata at humintong mag-flash ang mga ilaw. Inaatas sa iyo ng batas na manatiling nakahinto hangga't nagpa-flash ang mga pulang ilaw (CVC §22454). Kung hindi ka huminto, maaari kang mamultahan nang hanggang $1,000 at ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho ay maaaring masuspinde nang 1 taon. Kung nasa kabila ng hati o maraming linyang highway (dalawa o higit pang linya sa bawat direksyon) ang school bus, hindi mo kailangang huminto.



Dapat huminto ang lahat ng mga sasakyan

KAPAG

NAGPA-FLASH ANG MGA PULANG ILAW

BAWAL DUMAAN

SA PAREHONG DIREKSYON

Panatilihin nating ligtas ang ating mga anak, California!

OTS CALIFORNIA OFFICE OF TRAFFIC SAFETY

SHARE THE ROAD
CALIFORNIA PEDESTRIAN AND BICYCLE ENFORCEMENT AND EDUCATION INSTITUTE

Mga Blind na Panulukan

Ang limitasyon ng bilis para sa blind na panulukan ay 15 mph. Ang panulukan ay itinuturing na "blind" kapag walang mga stop sign saanmang kanto at hindi ka makakita sa 100 talampakan sa alinmang direksyon sa huling 100 talampakan bago tumawid. Kung nahaharangan ang iyong paningin, dahan-dahang umabante hanggang sa may makita ka.

Mga Pasilyo

Ang limitasyon ng bilis sa anumang pasilyo ay 15 mph.

Malapit sa Mga Riles ng Tren

Ang limitasyon ng bilis ay 15 mph sa 100 talampakan ng riles ng tren kung saan hindi mo makikita ang mga riles sa 400 talampakan sa parehong mga direksyon. Maaari kang magmaneho nang mas mabilis sa 15 mph kung kontrolado ng mga tarangkahan, signal ng babala, o flagman ang riles.

Sa mga riles ng tren o tawiran ng tren:



- Tumingin sa parehong mga direksyon at makinig sa mga paparating na tren. Maraming tawiran ng tren ang may maraming riles; kaya, maghandang huminto bago tumawid, kung kinakailangan. Tumawid lamang sa itinakdang mga tawiran ng riles ng tren at kapag ligtas na.
- Asahan ang paglalakbay ng tren saanmang riles, sa anumang oras sa alinmang direksyon. Kung kailangan mong huminto pagkatapos tumawid ng riles, maghintay hanggang sa ganap kang makatawid sa mga riles bago magpatuloy. Tiyaking nalagpasan mo na ang riles bago ka huminto.
- Huwag kailanman huminto sa mga riles ng tren. Kung ikaw ay nasa riles, nasa peligro ka ng pinsala o kamatayan.
- Tingnan ang mga sasakyang dapat na huminto bago tumawid ang mga ito sa mga riles ng tren. Kabilang sa mga sasakyang ito ang mga bus, school bus, at mga trak na nagsasakay ng mga mapanganib na karga.
- Tandaan na ang ibig sabihin ng mga nagpa-flash na pulang traffic signal light ay HUMINTO! Huminto nang hindi bababa sa 15 talampakan, ngunit hindi hihigit sa 50 talampakan, mula sa pinakamalapit na riles kapag ang mga aparato sa pagtawid ay aktibo o binalaan ka ng isang tao na may paparating na tren. Huminto kung nakita mong may paparating na tren o narinig mo ang pito, busina, o kampana ng paparating na tren.
- **Huwag** pumailalim sa bumababang mga tarangkahan o umikot sa mga bumababang tarangkahan. Ang mga nagpa-flash na pulang warning light ay nagpapahiwatig na dapat kang huminto at maghintay. Huwag magpatuloy sa mga riles hangga't hindi humihinto ang pagfa-flash ng mga pulang ilaw, kahit tumaas na ang tarangkahan.

Kung ibababa ang tarangkahan at wala kang makikitang paparating na tren, tumawag sa nakapaskil na pang-emergency na toll-free na numero ng tren, o sa 9-1-1. Maging handa na magbigay ng detalyadong paglalarawan ng iyong lokasyon.

Mga Tawiran ng Light-Rail Transit na Sasakyan

Nalalapat ang parehong mga panuntunan sa mga tawiran ng light-rail transit na sasakyan tulad ng sa mga tawiran ng tren.

TANDAAN: Ang mga light-rail transit na sasakyan ay napakatahimik at tumutulin nang mas mabilis kaysa sa mga tren.

Malapit sa Mga Kotse sa Kalye, Trolley o Bus

Ang limitasyon ng bilis ng pagdaan, kapag ligtas na dumaan, ay hindi hihigit sa 10 mph. Nalalapat ang limitasyon ng bilis na ito sa lugar ng kaligtasan o sa panulukan kung saan nakahinto ang kotse sa kalye, trolley, o bus at ang trapiko ay kontrolado ng pulis o ng traffic signal light. Ang isang lugar ng kaligtasan ay may marka ng nakataas na mga pindutan o tagamarka sa daan at nakahiwalay para sa mga taong naglalakad. Madalas mong makikita ang mga lugar ng kaligtasan sa mga lugar kung saan naghahati sa daan ang mga kotse sa kalye, trolley at mga sasakyan.

Mga Distrito ng Negosyo o Kabahayan

Ang limitasyon ng bilis ay 25 mph, maliban kung naka-post.

Malapit sa Mga Hayop

Kung makakakita ka ng isang karatula na may larawan ng isang hayop (tingnan ang halimbawa), maging alerto para sa mga posibleng hayop sa o malapit sa kalsada. Kung makakakita ka ng mga hayop o livestock malapit sa kalsada, bagalan ang iyong takbo at magpatuloy nang may pag-iingat. Tiyaking susundin mo ang mga tagubilin ng taong nangangasiwa sa mga hayop. Kung nakakita ka ng gumagalang hayop sa iyong daan, magmabagal o huminto kung ligtas ito. Huwag biglang lumiko dahil maaaring mawalan ka ng kontrol sa iyong sasakyan at magsanhi ng aksidente. Mag-ingat mula sa mga biglaang paggalaw ng mga hayop dahil mahirap hulaan ang kilos ng mga ito, at maaaring tumakbo ang mga ito sa kalsada.

VISUAL NA PAGHAHANAP

PAG-SCAN

Kabilang sa pag-scan ng iyong mga kapaligiran (pinapanatiling gumagalaw ang iyong mga mata) ang pagpapanatili ng ligtas na distansya sa paligid ng iyong sasakyan. Kapag nagsagawa ng kamalian ang isa pang nagmamaneho, kailangan mo ng oras upang kumilos. Ibigay sa iyong sarili ang panahon para kumilos na ito sa pamamagitan ng pagpapanatili ng sapat na espasyo sa lahat ng gilid ng iyong sasakyan. Bibigyan ka ng espasyong ito ng pagkakataon upang magpreno o magmaneobra kung kinakailangan.

Alamin Kung Ano ang Nasa Unahan

Upang maiwasan ang mga agarang pagkilos, i-scan ang daan nang 10–15 segundo sa unahan ng iyong sasakyan upang makita mo agad ang mga panganib. Mapanganib ang palagiang pagtingin sa sasakyan o daan sa mismong harap lamang ng iyong sasakyan. Habang nagsa-scan ka sa unahan, maging alerto sa mga sasakyan sa paligid mo. Gamitin ang iyong mga salamin. Alamin kung ano ang nasa likod mo, upang makapaghanda ka para sa nasa harap mo.

Alamin ang lahat ng bahagi ng iyong sasakyan. Ang Berde ay Ano ang Nasa Unahan? Ang Asul ay Ano ang Nasa Iyong Gilid? Ang Dilaw ay mga Blind Spot/No Zone. Ang Pula ay Ano ang Nasa Likuran Mo?

Tingnan ang buong tagpo–Kung titingin ka lamang sa gitna ng daan, makakaligtaan mo kung ano ang nangyayari sa gilid ng daan at sa likuran mo. Nakakatulong sa iyo ang pag-scan na makita ang:

- Mga kotse, motorsiklo, nagbibisikleta, taong naglalakad, at mga hayop na maaaring nasa daan sa oras na maabutan mo sila.
- Mga karatula na nagbabala ng mga problema sa unahan.
- Mga karatula na nagbibigay sa iyo ng mga direksyon.

Ang mga initimang lugar ay ang iyong mga blind spot.

Bago lumipat ng lane, tumingin sa iyong rear view mirror para sa kalapit na mga sasakyan at sa likod ng iyong balikat upang tumingin ng mga blind spot (tingnan ang dilaw na bahagi sa larawan sa itaas).

Magmasid para sa mga panganib–Tumingin lampas sa sasakyang nasa unahan mo. Huwag ugaliin ang "nakatuon na pagtitig." Tingnan ang iyong mga rear view mirror upang malaman ang posisyon ng mga sasakyan malapit sa iyo. Sa freeway, maging handa para sa mga pagbabago sa mga kundisyon ng trapiko. Magmasid para sa mga signal mula sa ibang mga nagmamaneho. Asahan ang mga pumapasok na sasakyan sa mga on-ramp at panulukan. Maging handa para sa mga mabilisang pagbabago sa mga kundisyon ng daan at daloy ng trapiko. Alamin kung aling mga linya ang maluwag upang magamit mo ang mga ito, kung kinakailangan.

Huwag maging isang tailgater! Maraming nagmamaneho ang masyadong malapit na sumusunod (tumututok o nagte-tailgate) at hindi nagagawang makita ang nasa harap nila tulad ng dapat dahil hinaharangan ng sasakyan sa harap ang kanilang paningin.

Kung may sasakyang biglang lilipat sa iyong lane at masyado itong malapit sa iyo, alisin ang iyong paa sa accelerator. Nagbibigay ito ng espasyo sa pagitan mo at ng sinusundan mong sasakyan, nang hindi kinakailangang apakan ang preno o lumipat sa ibang lane. Upang maiwasan ang pagtutok, gamitin ang "3 segundong panuntunan": kapag dumaan ang sasakyan sa harap mo sa isang partikular na punto, tulad ng isang karatula, magbilang ng "isang libo't isa, isang libo't dalawa, isang libo't tatlo." Tumatagal ito ng humigit-kumulang 3 segundo. Kung dumaan ka sa parehong lugar bago ka matapos sa pagbibilang, sumusunod ka nang masyadong malapit.

Dapat kang maglaan ng higit pang espasyo kapag:

- May nakatutok sa likod mo. Maglaan ng dagdag na espasyo sa harap at huwag biglang magpreno. Dahan-dahang bagalan ang iyong takbo o lumipat sa ibang lane upang maiwasang mabangga ang tailgater!
- Nagmamaneho sa madudulas na daan.
- Sumusunod ka sa mga motorista o nagbibisikleta sa mga basa o mayelong kalsada, metal na surface (hal., mga parilya ng tulay, riles, atbp.), at graba. Madali lang mahulog ang mga motorista at nagbibisikleta sa mga surface na ito.
- Gustong mag-overtake ng isang nagmamaneho sa likuran mo. Magbigay ng lugar sa harap ng iyong sasakyan upang magkaroon ng espasyo ang nagmamaneho na lumipat sa harap mo.
- Nanghihila ng trailer o may dalang mabigat na kargada. Pinapahirap ng dagdag na bigat ang paghinto.
- Sumusunod sa malalaking sasakyan na hinaharangan ang iyong paningin sa unahan. Pinapayagan ka ng dagdag na espasyo na makita ang paligid ng sasakyan.
- Nakakita ka ng bus, school bus, o sasakyang may karatula sa riles ng tren. Dapat huminto ang mga sasakyang ito sa mga tawiran na riles ng tren.
- Nagsasama ang linya sa freeway.

Alamin Kung Ano ang Nasa Iyong Gilid

Sa anumang oras na pumunta ka sa isang lugar kung saan maaaring tumawid ang mga tao o pumasok sa iyong daanan **o** may isang linya ng trapiko na sumasalubong sa isa pa, dapat kang tumingin sa kaliwa at kanang mga gilid ng iyong sasakyan upang matiyak na walang paparating. Palaging tumingin sa bawat gilid ng iyong sasakyan sa mga panulukan, tawiran ng tao, at tawiran na riles ng tren.

Sa mga panulukan:

- Tumingin sa magkabilang direksyon kahit nakapula ang traffic signal light o may stop sign sa kabilang daan.
  - — Tumingin muna sa kaliwa, dahil ang mga sasakyan na nagmumula sa kaliwa ay mas malapit sa iyo kaysa sa mga sasakyang nagmumula sa kanan.
  - — Tumingin sa kanan.
  - — Tumingin nang isa pang beses sa kaliwa dahil maaaring may taong naglalakad, nagbibisikleta, o sasakyan na hindi mo nakita noong una.
- Huwag umasa sa mga traffic signal light. Hindi sumusunod ang ilang nagmamaneho sa mga traffic signal light. Bago ka pumasok sa isang panulukan, tumingin sa kaliwa, kanan, at harap upang makita kung may paparating na sasakyan.

Upang magpanatili ng sapat na espasyo sa bawat gilid ng iyong sasakyan:

- Huwag manatili sa blind spot ng isa pang nagmamaneho. Maaaring hindi makita ng ibang nagmamaneho ang iyong sasakyan at maaaring lumipat ng linya at bumangga sa iyo.
- Iwasan ang direktang pagmamaneho katabi ng ibang mga sasakyan sa mga daang may maraming linya na mayroon o walang trapiko sa magkabilang direksyon. Maaaring gitgitin ng ibang nagmamaneho ang iyong linya o lumipat ng linya nang hindi tumitingin at bumangga sa iyo. Magmaneho saanman sa unahan o likuran ng ibang sasakyan.
- Kung posible at kapag ligtas, maglaan ng lugar para sa mga sasakyan na pumapasok sa mga freeway kahit na mayroon kang right-of-way.
- Sa mga labasan ng freeway, huwag magmaneho sa tabi ng iba pang sasakyan. Maaaring magpasya ang isang nagmamaneho na biglaang lumabas o lumiko pabalik sa freeway.
- Maglaan ng espasyo sa pagitan ng iyong sasakyan at mga nakaparadang sasakyan. Maaaring may lumabas mula sa mga iyon, maaaring magbukas ang isang pinto ng sasakyan, o maaaring may biglang lumabas na sasakyan.
- Maging maingat kapag nagmamaneho malapit sa mga nagmomotor o nagbibisikleta. Palaging magpanatili ng malawak na lugar sa pagitan ng iyong sasakyan at anumang mga nagmomotor o nagbibisikleta.

Alamin Kung Ano ang Nasa Likuran Mo

Mahalagang tumingin sa likuran mo bago ka:

- Lumipat ng linya. Tumingin sa likuran ng iyong balikat upang matiyak na hindi ka nakakaharang sa daan ng mga sasakyan sa linyang nais mong pasukin.
- Magbawas ng bilis. Mabilis na tingnan ang iyong mga salamin. Tumingin din sa iyong mga salamin kapag naghahanda kang lumiko sa tabi ng daan o driveway at kapag humihinto ka upang pumunta sa isang lugar na paparadahan.
- Magmaneho pababa sa isang mahaba o matarik na burol. Magmasid para sa malalaking sasakyan dahil maaaring bumilis kaagad ang mga ito.
- Umatras. Ang pag-atras ay palaging mapanganib dahil mahirap makakita sa likuran ng iyong sasakyan. Kapag umaatras ka palabas ng paradahan:
  - Tingnan ang harap at likuran ng sasakyan bago ka pumasok.
  - Alamin kung nasaan ang iyong mga anak. Tiyaking malayo sila mula sa iyong sasakyan at kitang-kita bago patakbuhin ang iyong sasakyan.
  - Kung may malapit na ibang mga bata, tiyaking nakikita mo sila bago umatras.
  - Huwag umasa sa iyong mga salamin lamang o pagtingin lamang sa bintana sa gilid.
  - Lumiko at tumingin sa iyong kanan at kaliwang mga balikat bago ka magsimulang umatras. Bilang isang pamamaraang pangkaligtasan, tumingin muli sa iyong kanan at kaliwang mga balikat habang umaatras.
  - Umatras nang mabagal upang maiwasan ang mga pagbangga.

Madalas na tingnan ang trapiko sa likuran mo upang malaman kung tinututukan ka (sumusunod nang masyadong malapit ang isa pang nagmamaneho). Kung tinututukan ka, maging maingat! Magpreno nang dahan-dahan bago huminto. Tapakan ang iyong mga preno nang mahina nang ilang beses upang bigyang-babala ang tailgater na nagmamabagal ka. “Iwala” ang tailgater sa lalong madaling panahon kung kaya mo. Lumipat ng linya at hayaan ang tailgater na lagpasan ka, o magmabagal upang magbigay ng sapat na espasyo sa pagitan mo at ng kotse sa harap mo. Kung hindi ito gumana, umalis sa daan kapag ligtas na at hayaang mag-overtake ang tailgater.

Gaano Kahusay Ka Nakakahinto?

Kung mayroong isang bagay sa iyong daanan, kailangan mo itong makita kaagad para makahinto. Ipagpalagay na mayroon kang maaayos na gulong, maaayos na preno, at tuyong kalsada:

- Sa 55 mph, tumatakbo ito nang halos 400 talampakan upang kumilos at kumpletong ihinto ang sasakyan.
- Sa 35 mph, tumatakbo ito nang halos 210 talampakan upang kumilos at kumpletong ihinto ang sasakyan.

Iayon ang bilis ng iyong pagmamaneho sa mga kundisyon ng panahon at kalsada (sumangguni sa seksyong “Batas sa Batayang Bilis” sa “Mga Limitasyon sa Bilis” sa pahina 37). I-on ang iyong mga ilaw sa araw, kung mahirap makakita o hindi ka makakakita nang hindi bababa sa 1,000 talampakan sa unahan mo.

KONTROL NG LINYA

Mga Kulay ng Linya

Ang solid na mga dilaw na linya ang nagmamarka sa gitna ng daang ginagamit sa trapikong two-way.

Isinasaad ng **putul-putol na dilaw na linya** na maaari kang lumagpas kung nasa tabi ng linya kung saan ka nagmamaneho ang putul-putol na linya.

Ang ibig sabihin ng **dalawang solid na dilaw na linya** ay bawal mag-overtake. Huwag kailanman magmaneho sa kaliwa ng mga linyang ito maliban kung ikaw ay:

- Nasa linya ng carpool/sasakyang may dalawa o higit pang pasahero na mayroong nakatalagang pasukan sa kaliwa.
- Inutusan ng konstruksyon o ibang mga sign na magmaneho sa kabila ng daan dahil ang iyong bahagi ng daan ay sarado o may harang.
- Kumakaliwa sa iisang hanay ng dobleng dilaw na linya upang pumasok o lumabas sa isang driveway o pribadong daan, o mag-U-turn.

Mga halimbawa ng mga marka ng linya:



(1) Solid na dilaw na linya: Huwag mag-overtake kung nasa gawi mo ang solid na dilaw na linya.

(2) Dalawang solid na linya: HUWAG mag-overtake.

(3) Putul-putol na dilaw na linya: Maaaring mag-overtake kung ang paggalaw ay magagawa ng ligtas.

Ang **dalawang hanay ng solid na dobleng dilaw na linya na may puwang na 2 talampakan o higit pa** ang layo ay itinuturing na harang. Huwag sagasaan ang harang na ito, lumiko pakaliwa, o mag-U-turn dito, maliban sa mga nakatalagang pasukan (tingnan ang diagram).



Ang **mga solid na puting linya** ay nagmamarka sa mga linya ng trapiko sa parehong direksyon, tulad ng mga one-way na kalye.

Ang **mga putol-putol na puting linya** ay pinaghihiwalay ang mga linya ng trapiko sa mga daan na may dalawa o higit pang linya sa parehong direksyon.

Ang **dobleng puting linya** ay dalawang solid na puting linya na nagsasaad ng harang na linya sa pagitan ng regular at ginustong paggamit, tulad ng linya ng carpool/sasakyang may dalawa o higit pang pasahero. Huwag lumipat ng linya habang nasa mga linyang ito; maghintay hanggang sa may lumitaw na putul-putol na puting linya. Maaari mo ring makita ang mga parallel na linyang ito sa o malapit sa freeway sa mga on at off ramp.

Pagpili ng Linya

Halimbawa ng may numerong mga linya ng trapiko:



Ang mga linya ng trapiko ay madalas na tinatawag ayon sa bilang. Ang kanan o "mabilis" na linya ay tinatawag na “Unang Linya.” Ang linya sa kanan ng “Unang Linya” ay tinatawag na “Ika-2 Linya,” pagkatapos ay “Ika-3 Linya,” atbp. Magmaneho sa linya na may pinakabanayad na daloy ng trapiko. Kung makakapili ka sa tatlong linya, piliin ang gitnang linya para sa pinakabanayad na pagmamaneho. Upang magmaneho nang mas mabilis, mag-overtake, o lumiko sa kaliwa, gamitin ang kaliwang linya. Kapag pinili mong magmaneho nang mabagal, pumasok o lumabas ng daan sa kanan, kumanan, magparada, o umalis sa kalsada, gamitin ang kanang linya. Kung may dalawa lamang na linya sa iyong direksyon, piliin ang kanang linya para sa pinakabanayad na pagmamaneho. Huwag maglabas-pasok sa trapiko. Manatili sa isang linya hangga't maaari. Sa sandaling magsimula ka sa isang panulukan, magpatuloy. Kung sinimulan mong lumiko, magpatuloy. Ang mga huling minutong pagbabago ay maaaring magdulot ng banggaan. Kung nalagpasan mo ang likuan, magpatuloy hanggang sa ligtas at legal ka nang makakaliko.

Paglipat ng Mga Linya

Kabilang sa paglilipat ng mga linya ang:

- Ang pagpapalipat-lipat mula sa isang linya patungo sa isa pa.
- Pagpasok sa freeway mula sa on-ramp.
- Pagpasok sa daan mula sa kurbada o sa shoulder.

Bago magbago ng linya, sumenyas, tumingin sa lahat ng iyong mga salamin, at:

- Tingnan ang trapiko sa likod at tabi mo.
- Tumingin sa iyong balikat sa direksyong pinaplano mong lipatan upang matiyak na maluwag ang linyang lilipatan mo.
- Tingnan ang trapiko ng mga sasakyan, nagmomotor, at nagbibisikleta sa iyong blind spot.
- Tiyakin na may sapat na espasyo para sa iyong sasakyan sa katabing linya.

Mga Linya sa Pag-overtake

Bago ka mag-overtake, tingnan agad ang mga kundisyon ng daan at ang trapiko na maaaring magdulot sa ibang mga sasakyan na lumipat sa iyong linya. Huwag kailanman umalis sa sementado o palaging nadaraanang bahagi ng daan o sa shoulder upang mag-overtake. Ang gilid ng palaging nadaraanang bahagi ng daan ay maaaring may nakapintang puting linya sa ibabaw ng daan. Ang pag-overtake sa ibang mga sasakyan sa mga tawiran, riles ng tren, at mga pasukan ng shopping center ay mapanganib.

Mag-overtake sa trapiko sa kaliwa. Maaari ka lamang mag-overtake sa kanan kapag:

- Ang isang bukas na highway ay malinaw na namarkahan para sa dalawa o higit pang mga linya ng paglalakbay sa iyong direksyon.
- Ang nagmamaneho sa harap mo ay paliko sa kaliwa at hindi ka aalis sa daan upang mag-overtake. Huwag kailanman mag-overtake sa kaliwa kung ang nagmamaneho ay sumesenyas ng pagliko sa kaliwa.

Mga Linya ng Carpool/Mga Sasakyang May Dalawa o Higit Pang Pasahero

Ang isang linya ng mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero ay isang espesyal na linyang ginagamit lamang para sa mga carpool, bus, motorsiklo, o may nakalagay na decal na mga sasakyang low-emission. Maaari kang gumamit ng linya ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero o on-ramp kung may sakay na naka-post na minimum na bilang ng mga taong kinakailangan para sa linya ng carpool ang iyong sasakyan, o nagmamaneho ka ng sasakyan na low-emission o sasakyang walang omission na nagpapakita ng espesyal na decal na ibinigay ng DMV. Kung nagpapatakbo ka ng low emission, walang emission, at/o hybrid na sasakyan, maaaring hindi ka kasama mula sa lahat ng singil sa toll sa mga linya ng toll ng may dalawa o higit pang masahero (high occupancy toll, HOT). Maaaring gamitin ng mga nagmomotorsiklo ang nakatalagang mga linya ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero, maliban kung naka-post. Isinasaad sa iyo ng mga sign sa on-ramp o sa freeway ang minimum na bilang ng mga tao bawat sasakyan na kinakailangan para sa (mga) linya ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero. Inililista rin ng mga sign na ito ang mga araw ng linggo at mga oras kapag nalalapat ang kinakailangan ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero. Ang daanan sa linyang ito ay may markang simbolo ng diamond at ang mga salitang "Carpool Lane." Ang mga lane na ito ay tinatawag ding mga linya para sa mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero. Huwag tumawid sa dobleng parallel na mga solid na linya upang pumasok o lumabas saanmang linya ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero maliban sa itinakdang mga lugar ng pasukan o labasan.

Mga Linya sa Pagkaliwa sa Gitna



Ang linya sa pagkaliwa sa gitna ay nasa gitna ng two-way na kalye at may marka ng dalawang nakapintang linya sa parehong gilid. Putul-putol ang panloob na linya at solid ang panlabas na linya. Kung ang kalsada ay may linya sa pagkaliwa sa gitna, dapat mo itong gamitin upang maghanda para sa o kumaliwa, o upang maghanda para sa o mag-U-turn na pinapahintulutan (CVC §21460.5 (c)). Maaari ka lamang magmaneho nang 200 talampakan sa linya sa pagkaliwa sa gitna. Ang linyang ito ay hindi regular na linya ng trapiko o linya sa pag-overtake. Upang lumiko sa kaliwa mula sa linyang ito, sumenyas, tumingin sa balikat, at tuluyang magmaneho sa loob ng linya sa pagkaliwa sa gitna. Huwag huminto nang nakaharang sa trapiko ang likod ng iyong sasakyan. Tiyaking maluwag ang linya sa parehong mga direksyon at lumiko lamang kapag ligtas na. Tingnan ang mga sasakyang paparating sa parehong linya, na naghahanda upang simulan ang kanilang pagliko sa kaliwa. Kapag liliko sa kaliwa mula sa isang iskinita o driveway, sumenyas at maghintay hanggang ligtas na. Pagkatapos, maaari ka nang magmaneho sa linya sa pagkaliwa sa gitna. Pumasok lamang sa trapiko kapag ligtas na.

Mga Lugar at Linya sa Pag-turnout

Ang mga espesyal na lugar sa "pag-turnout" ay minsang nakamarka sa mga daan na dalawa ang linya. Magmaneho sa mga lugar na ito upang hayaang dumaan ang mga sasakyan na nasa likod mo. Ang ilang daan na may dalawang linya ay mayroong mga linya sa pag-overtake. Kung nagmamaneho ka nang mabagal sa highway o daan na may dalawang linya kung saan hindi ligtas ang pag-overtake, at may sumusunod sa iyong 5 o higit pang sasakyan, **dapat** kang magmaneho sa mga lugar o linya sa pag-turnout upang hayaang mag-overtake ang mga sasakyan.

Mga Marka ng Dulo ng Linya

Ang mga linyang freeway, pati na rin ang ilang linya sa kalye sa lungsod, na malapit na sa dulo ay karaniwang may marka ng malalaking putul-putol na linya na nakapinta sa daanan. Kung nagmamaneho ka sa linyang may marka ng mga putol-putol na linyang ito, maghandang lumabas sa freeway o marating ang dulo ng linya. Maghanap ng sign na nagsasaad na lumabas o magsasama ang daan, atbp.

Mga Yield Line



Ang mga yield line, na tinatawag ding "ngipin ng pating," ay binubuo ng isang linya ng mga solid na puting tatsulok sa isang lane ng trapiko na tumuturo sa mga paparating na sasakyan. Ipinapahiwatig ng linyang ito ang punto kung saan dapat magbigay-daan/huminto ang sasakyan.

Mga Lane sa Pagbibisikleta

Ang lane ng bisikleta ay isang **nakatalagang daan ng trapiko** na may mga marka at karatula sa kalsada para sa mga nagbibisikleta. Kung minsan, ang mga lane ng bisikleta ay pinipinturahan ng matingkad na berde upang mas lalo itong makita. May iba't ibang klase at uri ng daan sa pagbibisikleta, kabilang ang:

- Linya sa Pagbibisikleta
  - — Nakalagay sa mga kalsadang katabi ng trapiko ng sasakyan, karaniwang may isang solid na puting linya na nagiging dashed line malapit sa isang panulukan.
- May Buffer na Lane sa Pagbibisikleta
  - — Nagbibigay ng mas higit na separasyon mula sa katabing trapiko ng sasakyan, pati na rin sa paradahan sa kalsada sa pamamagitan ng paggamit ng chevron at mga pahilis na marka.

- Ruta sa pagbibisikleta
  — Isang itinalagang mas pinipiling ruta para sa mga nagbibisikleta sa mga magkahating daan kasama ng trapiko ng sasakyan, na itinaguyod sa pamamagitan ng paglagay ng mga sign ng ruta ng bisikleta at/o marka ng magkahating daan.
- Boulevard sa Pagbibisikleta
  — Isang itinalagang mas pinipiling ruta para sa mga nagbibisikleta sa mga magkahating daan kasama ng trapiko ng sasakyan, na itinaguyod para bigyang priyoridad ang paglalakbay gamit ang bisikleta.
- Nakahiwalay na Bikeway
  — Kilala rin bilang cycle track o protektadong linya sa pagbibisikleta, para sa eksklusibong paggamit ng mga nagbibisikleta, at pisikal na nakahiwalay mula sa trapiko ng sasakyan. Maaaring kabilang sa paghihiwalay ang mga flexible post, paghihiwalay ng grado, mga hindi flexible na nakaharang sa daan (inflexible barrier), o paradahan sa kalsada.
- Mga Marka ng Magkahating Daan ng Bisikleta (Mga Sharrow)
  — Inaalerto ang ibang sasakyan na pinapayagan ang mga nagbibisikleta na dumaan sa lane na ito sa paglalakbay. Kapag ginamit nang maayos, makakatulong din ang mga sharrow sa mga nagbibisikleta na magpanatili ng isang ligtas na posisyon sa lane.

Labag sa batas ang pagmaneho sa lane sa pagbibisikleta maliban kung nagpaparada (kung saan pinapayagan), pumapasok o lumalabas ng daan, o lumiliko (sa loob ng 200 talapakan ng panulukan). Ang mga nagmamaneho ng de-motor na bisikleta ay dapat na mag-ingat para maiwasan ang mga nagbibisikleta, at gumamit ng mga lane sa pagbibisikleta sa bilis na makatwiran at hindi naglalagay sa panganib sa mga nagbibisikleta.

MGA PAGLIKO

Mga pakaliwa–Upang kumaliwa, magmaneho nang malapit sa gitnang naghahating linya o sa linya sa pagliko sa kaliwa. Simulan ang pagsenyas sa 100 talampakan bago lumiko. Tumingin sa iyong kaliwang balikat at bagalan ang iyong takbo. Huminto sa likod ng linya ng limitasyon. Tumingin sa kaliwa, sa kanan, sa kaliwa ulit, at lumiko kapag ligtas na. Kapag lumiko ka sa kaliwa, huwag lumiko agad at "sakupin ang kanto" ng linya na para sa mga sasakyang patungo sa iyo.

Halimbawa ng likong pakaliwa:

Mahalaga: Panatilihing nakadiretso ang iyong mga gulong hanggang sa ligtas nang lumiko. Kung nakaturo ang iyong mga gulong sa kaliwa at nabangga ka ng sasakyan sa likod, maaari kang maitulak sa paparating na trapiko. Ang pagliko sa kaliwa na kontra sa pulang ilaw ay maaari lamang magawa mula sa one-way na kalye patungo

sa isang one-way na kalye. Sumenyas at huminto para sa pulang ilaw ng trapiko sa minarkahang linya ng limitasyon. Kung walang linya ng limitasyon, huminto bago pumasok sa tawiran. Kung walang tawiran, huminto bago pumasok sa panulukan. Maaari kang lumiko pakaliwa sa umaandar nang pakaliwa, one-way na kalye kung walang karatulang nagbabawal sa pagliko. Magbigay sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, o ibang mga sasakyan na umaandar sa kanilang berdeng ilaw.

Mga pakanan–Upang kumanan, magmaneho nang malapit sa kanang gilid ng daan. Kung mayroong linya sa pagbibisikleta, magmaneho sa linya para sa pagbibisikleta nang hindi hihigit sa 200 talampakan bago lumiko. Tingnan ang mga naglalakad, nagbibisikleta, o nagmomotorsiklo na maaaring dumaan sa pagitan ng iyong sasakyan at ng kurbada. Simulan ang pagsenyas sa 100 talampakan bago lumiko. Tumingin sa iyong kanang balikat at bagalan ang iyong takbo. Huminto sa likod ng linya ng limitasyon. Tumingin sa parehong gilid at lumiko kapag ligtas na. Huwag lumiko nang malawak sa isa pang linya. Kumpletuhin ang iyong pagliko sa kanang linya.

Halimbawa ng likong pakanan:





Ang 200 talampakan ay higit sa kalahati ng haba ng isang football field sa America.

Mga Lane ng Mga Pampublikong Bus–Ilegal ang magmaneho, huminto, magparada, o mag-iwan ng sasakyan sa gitna ng isang kalsadang itinalaga lang para sa paggamit ng mga pampublikong bus, maliban na lamang kung kailangang pumasok ng sasakyan sa naturang lane upang makaliko. Magpapaskil ng mga karatula upang ipahiwatig na "para lamang sa mga bus" ang mga nasabing lane.

Pagkanan nang may pulang traffic signal light–Mag-signal at huminto para sa pulang traffic signal light sa minarkahang linya ng limitasyon. Kung walang linya ng limitasyon, huminto bago pumasok sa tawiran. Kung walang tawiran, huminto bago pumasok sa panulukan. Maaari kang lumiko pakanan kung walang karatulang nagbabawal sa pagliko. Magbigay-daan sa mga taong naglalakad, motorista, nagbibisikleta, o iba pang sasakyan na umaandar sa kanilang berdeng traffic signal light.

Pagkanan sa isang kalsadang may nakalaang lane–Maaari kang kumanan nang hindi humihinto kung ang nililikuan mong kalsada ay may isang hindi nagsasamang daan na nakalaan sa mga kumakanang sasakyan, at walang karatulang nagbabawal sa malayang pagkanan. Maaari kang magpatuloy nang hindi humihinto, kahit may pulang traffic signal light sa island para sa mga sasakyang papunta sa panulukan.



Kung may traffic signal light o karatula sa kanang kurbada ng lane para sa pagkanan, dapat mong sundin ang mga tagubilin ng naturang traffic signal light o karatula. Dapat ay palagi kang magbigay-daan sa mga taong naglalakad sa isang tawiran.

Walang liliko laban sa pulang arrow–Hindi ka maaaring kumanan o kumaliwa laban sa pulang arrow.

Mga Halimbawa ng Mga Pagliko sa Kanan at Kaliwa

Tumutukoy ang mga bilang sa mga kotse sa mga diagram sa mga pangungusap sa mga pahinang ito na may numero.

Palaging gamitin ang iyong mga signal sa pagliko.

1. *Pakaliwa mula sa two-way na kalye*. Lumiko sa kaliwang linya sa pinakamalapit sa gitna ng kalye. Kumpletuhin ang pagliko, kung ligtas, sa alinmang linya ng panulukan (ipinapakita ng mga arrow). Gamitin ang linya sa pagkaliwa sa gitna kung may available. Ang pagkaliwa ay maaaring gawin mula sa ibang linya, kung pinapayagan ng mga sign at arrow.



2. *Pagkanan*. Simulan at tapusin ang pagliko sa linyang pinakamalapit sa kurbada sa kanan ng daan. Huwag lumiko nang malawak sa isa pang linya ng trapiko. Tingnan ang mga taong naglalakad, nagmomotorsiklo, at ang mga nagbibisikleta sa pagitan ng iyong sasakyan at ng kurbada. Minsan, papayagan ka ng mga marka ng sign o daanan na kumanan mula sa isa pang linya tulad ng ipinapakita ng larawan.
3. *Kumaliwa mula sa two-way na kalye patungo sa one-way na kalye*. Simulan ang pagliko mula sa linyang pinakamalapit sa gitna ng kalye. Lumiko sa anumang linya na ligtas na bukas, tulad ng ipinapakita ng mga arrow.



4. *Kumaliwa mula sa one-way na kalye patungo sa two-way na kalye*. Simulan ang pagliko mula sa malayong kaliwang linya. Lumiko sa anumang mga linya na ligtas na bukas, tulad ng ipinapakita ng mga arrow.

5. *Kumaliwa mula sa one-way na kalye patungo sa one-way na kalye*. Simulan ang pagliko mula sa malayong kaliwang linya. Tingnan ang mga taong naglalakad, nagmomotorsiklo, at ang mga nagbibisikleta sa pagitan ng iyong sasakyan at ng kurbada dahil maaari nilang legal na gamitin ang linya sa pagkaliwa para sa kanilang pagkaliwa. Lumiko sa anumang linya na ligtas na bukas, tulad ng ipinapakita ng mga arrow.
6. *Kumanan mula sa one-way na kalye patungo sa one-way na kalye*. Simulan ang pagliko mula sa malayong kanang linya. Kung ligtas, maaari mong tapusin ang pagliko sa anumang linya. Minsan, papayagan ka ng mga marka ng sign o daanan na kumanan mula sa isa pang linya tulad ng ipinapakita ng graphic.



7. *Lumiko sa panulukang "T" mula sa one-way na kalye patungo sa two-way na kalye*. Ang dumadaang trapiko ang may right-of-way. Maaari kang lumiko sa kanan o kaliwa mula sa gitnang linya. Tingnan ang mga sasakyan, nagmomotorsiklo, at ang mga nagbibisikleta sa loob ng iyong likuan.



Mga Legal na U-Turn

Ang U-turn ay ang pagliko ng iyong sasakyan paikot sa kalye upang bumalik sa daan na pinanggalingan mo. Upang mag-U-turn, sumenyas at gamitin ang malayong kaliwang linya o ang linya sa pagkaliwa sa gitna. Maaari kang mag-U-turn nang legal:

- Sa dobleng dilaw na linya kapag ligtas at legal.
- Sa distrito ng kabahayan:
  - — Kung walang paparating na mga sasakyan sa 200 talampakan.
  - — Sa tuwing pinoprotektahan ka ng isang traffic sign, light, o traffic signal light mula sa mga paparating na sasakyan.
- Sa isang panulukan na nakaberde ang traffic signal light o berdeng arrow, maliban na lang kung may nakapaskil na karatulang "No U-turn".
- Sa hating highway, kung mayroon lamang bukas sa gitnang naghahati.

MGA TALA

MGA TALA

Mga Ilegal na U-Turn

Huwag kailanman mag-U-turn:

- Sa riles ng tren.
- Sa hating highway sa pamamagitan ng pagtawid sa naghahating seksyon, kurbada, piraso ng lupa, o dalawang hanay ng dobleng dilaw na linya.
- Kung saan hindi ka nakakakita nang malinaw nang 200 talampakan sa bawat direksyon dahil sa kurbada, burol, ulan, hamog, o iba pang dahilan.
- Kung saan walang naka-post na sign na "No U-turn".
- Kapag maaari kang mabangga ng iba pang mga sasakyan.
- Sa one-way na kalye.
- Sa harap ng isang istasyon ng bumbero. Huwag kailanman gumamit ng driveway ng istasyon ng bumbero upang iikot ang iyong sasakyan.
- Sa mga distrito ng negosyo. Ang mga lugar na may mga simbahan, apartment, multifamily housing unit, at pampublikong gusali (maliban sa mga paaralan) ay itinuturing ding mga distrito ng negosyo. Lumiko lamang sa isang panulukan, maliban kung ipinagbabawal ng isang sign, o kung saan mayroong mga bukas para sa pagliko.

PAGPARADA

Pagparada sa Burol

Kapag paparada ka:



1. Pababa: iliko ang mga gulong patungo sa kurbada.
2. Pataas: iliko ang mga gulong palayo sa kurbada.
3. Walang kurbada: iliko ang mga gulong patungo sa gilid ng daan.

- Sa padalisdis na driveway, iliko ang mga gulong upang hindi gumulong ang sasakyan sa kalye kung masira ang preno.
- Nang nakaharap pababa, iliko ang iyong mga harapang gulong sa kurbada o paharap sa gilid ng daan. Mag-handbrake.
- Nang nakaharap pataas, iliko ang iyong mga harapang gulong palayo sa kurbada at hayaang umatras ang iyong sasakyan nang ilang pulgada. Dapat dahan-dahang dumikit ang gulong sa kurbada. Mag-handbrake.
- Nakaharap man pataas o pababa kapag walang kurbada, iliko ang mga gulong upang gumulong palayo ang sasakyan mula sa gitna ng daan kung masira ang preno.

Palaging mag-handbrake at iwanang naka-primera o nasa posisyong "park" ang sasakyan.

Parallel na Pagparada

Ang parallel na pagparada ay isang diskarte sa pagmamaneho na magagamit mo upang magparada nang parallel sa kalsada, nang kalinya ng iba pang nakaparadang sasakyan. Ipinapaliwanag ng mga hakbang sa ibaba kung paano ligtas na magparada nang parallel.

Hakbang 1
Ihinto ang iyong kotse katabi ng kotse sa harap ng puwang.



1. **Maghanap ng puwang.** Maghanap ng espasyong mas mahaba sa iyong sasakyan nang kahit 3 talampakan lang. Kapag may nakita ka nang espasyo, **mag-signal** na gusto mong pumarada roon.
2. **Ipuwesto ang iyong sasakyan katabi ng espasyo o sasakyan sa harap ng espasyong gusto mong paradahan.** Mag-iwan ng humigit-kumulang 2 talampakan sa pagitan ng sasakyan o espasyo na sinusundan mo, at huminto sa oras na maging kalinya ng iyong likurang bumper ang espasyo na gusto mong paradahan. Tingnan ang iyong rear view mirror at tumingin sa iyong gilid para sa mga paparating na sasakyan. Huwag alisin ang iyong paa sa preno at ilagay ang sasakyan sa reverse. Panatilihin ang signal.
3. **Alisin ang iyong paa sa preno.** Bago umatras, tingnan ang iyong mga salamin at tumingin sa likod para sa anumang panganib. Simulang umatras, nang nasa humigit-kumulang 45 degree angle.

Hakbang 2
Umatras patungo sa puwang sa pagkilos na pa-S.



Hakbang 3
Sa sandaling parallel na ang kotse sa kurbada, umabante upang igitna ang iyong kotse sa loob ng puwang.



4. **Idiretso ito.** Simulang pihitin ang manibela palayo sa kurbada kapag 18 pulgada na lang ang layo ng iyong likurang gulong mula sa kurbada. Maaaring kailanganin mong umabante at umatras upang maidiretso ang iyong sasakyan. Dapat ay parallel na ngayon ang iyong sasakyan, at may layo itong hindi hihigit sa 18 pulgada mula sa kurbada.

Pagparada sa May Kulay na Mga Bangketa

Ang may kulay na mga kurbada ay mayroon ng mga sumusunod na espesyal na panuntunan sa pagparada:

Puti–Huminto lamang upang sumundo o magbaba ng mga pasahero o sulat.



Berde–Pumarada sa loob ng limitadong oras. Tingnan ang sign na naka-post sa tabi ng green zone para sa mga limitasyon ng oras, o hanapin ang limitasyon ng oras na nakapinta sa kurbada.

Dilaw–Huminto nang hindi mas matagal sa naka-post na oras upang magsakay o magbaba ng mga pasahero o kargada. Ang mga nagmamaneho ng hindi pangkomersyal na mga sasakyan ay karaniwang kinakailangang manatili sa sasakyan.

Red–Huwag hihinto, mananatili, o magpaparada (maaaring huminto ang mga bus sa pulang zone na may marka para sa mga bus.)

Asul–Pinapahintulutan **lamang** ang pagparada para sa taong may kapansanan o nagmamaneho para sa taong may kapansanan na nagpapakita ng placard o ng espesyal na plaka para sa mga taong may kapansanan o mga beteranong may kapansanan. **Bawal pumarada** sa isang **crosshatched na lugar (may mga diagonal na linya)** sa tabi ng isang espasyo para sa pagparada ng mga may kapansanan. Para sa impormasyon o aplikasyon para sa placard para sa pagpaparada para sa may kapansanan o mga espesyal na plaka, bumisita sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133.

Halimbawa ng crosshatched (pahilis na mga linya) na lugar:

Tandaan: Nagreresulta ang pang-aabuso sa placard sa pagkawala ng mga espesyal na pribilehiyo sa pagparada. Ito ay isang paglabag sa batas at napaparusahan sa pamamagitan ng pagmulta ng hanggang $1,000, pagkakakulong sa kulungan sa county nang hanggang 6 na buwan, o pareho.

Mga halimbawa ng maling paggamit ng placard/plaka para sa may kapansanan:

- Paggamit ng placard/plaka matapos iulat na nawala o nanakaw ito, nang hindi iniuulat na nakita na ang placard/plaka.
- Pagpapahiram ng iyong placard/plaka sa mga kaibigan o kapamilya (may kapansanan o wala).
- Pakikipagpalitan ng mga placard sa mga kaibigan o mga miyembro ng pamilya.

- Paggamit ng placard/plaka kapag ang binigyang tao ay hindi mo kasama sa sasakyan (batang may kapansanan, miyembro ng pamilya, employer, atbp.).
- Paggamit ng placard/plaka ng taong namayapa na.

  Tandaan: Dapat mong ibalik ang placard/plaka ng namayapa nang may kapansanang indibidwal sa isang tanggapan ng DMV sa field, o sa pamamagitan ng pagpapadala nito sa:

  DMV
  PO Box 942869, MS D238
  Sacramento, CA 94269-0001

Ilegal na Pagparada

Huwag kailanman iparada o iwanan ang iyong sasakyan:

- Kung saan may naka-post na sign na "No Parking" (Bawal Pumarada).
- Sa may marka o walang markang tawiran, bangketa, bahagyang may harang na bangketa, o harapan ng driveway.
- Sa loob ng 3 talampakan ng rampa ng bangketa para sa mga taong may kapansanan o sa harap ng o sa kurbada na nagbibigay ng daan sa wheelchair patungong bangketa.
- Sa paradahan ng taong may kapansanan, **maliban na lang kung** may kapansanan ka at mayroon kang placard o plaka para sa taong may kapansanan.
- Sa espasyo sa tabi ng paradahan ng taong may kapansanan, kung may pintura ng pattern na naka-crosshatch (pahilis) (CVC §22507.8(c)(2)).
- Sa lugar na itinakda para sa paradahan o pagpapagasolina ng mga sasakyang walang emission na nagpapakita ng isang decal ng pagkakakilanlan, **maliban na lang kung** nagmamaneho ka ng sasakyang walang emission na iyong icha-charge sa lugar.
- Sa lagusan o sa tulay, maliban kung pinapayagan sa pamamagitan ng mga sign.
- Sa loob ng 15 talampakan ng fire hydrant o driveway ng istasyon ng bumbero.
- Sa o sa loob ng 7½ talampakan ng riles ng tren.
- Sa pagitan ng lugar ng kaligtasan at kurbada.
- "Dobleng pagparada" (pagparada sa kalye kapag may nakaparada na sa lahat ng mga legal na paradahan.)
- Sa maling gawi ng kalye.
- Sa pulang kurbada.
- Sa freeway, maliban:
  - — Sa isang emergency.
  - — Kapag hinihiling ng isang pulis o aparato na huminto.
  - — Sa kung saan partikular na pinapahintulutan ang paghinto.

Tandaan: Kung kailangan mong huminto sa freeway, pumarada nang hustong wala na sa daanan at manatili sa iyong sasakyan na naka-lock ang mga pintuan hanggang dumating ang tulong. Mag-iwan ng sapat na espasyo para libreng dumaan ang ibang mga sasakyan sa tabi ng iyong sasakyan. Dapat nakikita ang iyong sasakyan nang hindi bababa sa 200 talampakan sa bawat direksyon. Ang isang sasakyan (kahit na kung may kapansanan) na nakahinto, o iniwang nananatili sa freeway nang higit pa kaysa sa 4 na oras ay maaaring alisin (CVC §22651(f)).

Mga Espesyal na Panuntunan sa Pagparada

- Kapag pumarada ka sa tabi ng kurbada sa pantay na kalye, dapat na parallel ang harap at likod na mga gulong at sa 18 pulgada ng kurbada. Pumarada nang parallel sa kalye kung walang kurbada.
- Huwag kailanman iwanan ang iyong sasakyan habang tumatakbo pa ang makina o de-kuryenteng motor; patayin ang makina o ang de-kuryenteng motor at mag-handbrake.
- Kapag handa ka nang lumabas sa iyong sasakyan, tingnan nang mabuti kung may mga dumadaang sasakyan, nagbibisikleta, at nagmomotorsiklo. Huwag buksan ang pinto maliban na lang kung ligtas at wala kang maaabalang trapiko. Huwag iwanang nakabukas ang pinto nang mas matagal kaysa sa kinakailangan.
- Ang mga taong may kapansanan na may placard o mga espesyal na plaka ay maaaring pumarada sa paradahan na limitado sa pinahihintulutang haba ng oras ng pagpaparada na ipinapakita sa sign na alinsunod sa lokal na ordinansa.
- Alinsunod sa CVC §22511, maaaring magtalaga ang isang lokal na awtoridad, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ng mga stall o espasyo sa pampublikong kalsada sa loob ng hurisdiksiyon nito para sa eksklusibong layunin ng pagcha-charge at pagpaparada ng sasakyang nakakonekta para sa mga layunin ng de-kuryenteng pagcha-charge.

G66-21B (CA)

MGA KASANAYAN SA LIGTAS NA PAGMAMANEHO

Pagbibigay ng Signal

Palaging mag-signal kapag liliko pakaliwa o pakanan, lilipat ng linya, magmamabagal, o hihinto. Ipinapaalam ng pag-signal sa ibang mga nagmamaneho, nagmomotorsiklo, nagbibisikleta, at tumatawid ang nilalayon mong gawin.

Maaaring ibigay ang mga signal sa pamamagitan ng mga posisyon ng kamay-at-braso o sa paggamit ng mga ilaw na pang-signal ng sasakyan. Kung mahirap makita ang mga ilaw na pang-signal dahil sa maliwanag na sikat ng araw, gumamit din ng mga signal ng kamay-at-braso.

Madalas na gumagamit ang mga nagmomotor ng mga signal gamit ang kamay upang gawing mas nakikita ang kanilang mga sarili. Maaaring magbigay ang mga nagbibisikleta ng mga signal na lumiko pakanan nang nakadiretso ang kanilang kanang braso, na nakaturo pakanan.

Mag-signal:

- Sa huling 100 talampakan bago maabot ang paglilikuan (pakaliwa o pakanang liko).
- Bago ang bawat paglipat ng linya. Tingnan ang iyong mga salamin, tumingin sa iyong balikat, at tingnan ang iyong blind spot bago lumipat ng linya.
- Nang kahit 5 segundo lang bago ka lumipat ng lane sa freeway.
- Bago pumunta sa tabi ng curb o palayo mula sa curb.
- Kapag nagbago ka ng mga direksyon.
- Kahit na hindi ka nakakakita ng ibang mga sasakyan. Maaaring lumitaw at bumangga sa iyo ang isang sasakyang hindi mo nakikita.
- Kung nagpaplano kang lumiko sa kabila ng isang panulukan. Magsimulang mag-signal kapag nasa panulukan ka. Kapag magsi-signal ka nang masyadong maaga, maaaring isipin ng ibang nagmamaneho na nagpaplano kang lumiko sa panulukan at maaari siyang umalis sa harapan mo. Tandaang kanselahin ang iyong signal pagkatapos lumiko.

Pagmamaneobra

Nag-iiba ang mga rekomendasyon para sa pagmamaneobra at posisyon ng kamay sa bawat sasakyan ayon sa laki, edad, bilis at pagtugon ng sasakyan. Bagama't walang iisang wastong posisyon ng kamay o paraan ng pagmamaneobra, naglabas ang Pambansang Pangasiwaan ng Kaligtasan ng Trapiko sa Highway (*National Highway Traffic Safety Administration*, NHTSA) ng ilang pangunahing alituntunin.

Posisyon ng Kamay

Kung ipagpapalagay mo na isang orasan ang manibela, ilagay ang iyong mga kamay nang nasa 9 at 3 o'clock, o nang medyo mas mababa sa 8 at 4 o'clock. Upang mabawasan ang mga pinsala sa iyong mukha, braso, at kamay kapag may lumobong air bag, dapat mong hawakan ang gilid ng manibela nang nakalabas ang iyong mga knuckle sa manibela, at naka-stretch ang iyong mga hinlalaki sa rim.

Pagkontrol sa Sasakyan

Walang iisang wastong paraan upang ligtas na imaneobra ang isang sasakyan, ngunit narito ang ilang paraan ng pagmamaneobra na inirerekomenda ng NHTSA:

- **Hand-to-Hand na Pagmamaneobra–** Tinatawag ang paraan na ito ng pagmamaneobra bilang "push/pull" na pagmamaneobra. Sa paraan na ito ng pagmamaneobra, hindi nagtatama ang iyong mga kamay sa ibabaw ng manibela, kaya mas maliit ang tsansang mapinsala ang iyong mukha, mga braso, o kamay kapag may lumobong air bag. Kapag ginagamit ang paraang ito, ilagay ang iyong

mga kamay nang nasa 9 at 3 o'clock, o nang medyo mas mababa sa 8 at 4 o'clock. Depende sa direksyong nililikuan mo, itutulak ng isang kamay ang manibela pataas, at hihilahin ito ng kabilang kamay pababa.

- **Hand-over-Hand na Pagmamaneobra–** Maaaring gamitin ang paraan na ito sa pagliko nang mabagal, kapag nakaparada, o kapag bumabawi mula sa pagkakadulas. Kapag ginagamit ang paraang ito, ilagay ang iyong mga kamay nang nasa 9 at 3 o'clock, o nang medyo mas mababa sa 8 at 4 o'clock. Depende sa nililikuan mong direksyon, itutulak ng isang kamay ang manibela pataas, habang bibitaw ang kabilang kamay, aabutin ang kabilang braso, at hahawakan ang manibela at hihilahin ito pataas.
- **Pagmamaneobra Gamit ang Iisang Kamay–** Inirerekomenda lang ng NHTSA ang paggamit ng iisang kamay sa pagmamaneobra kapag lumiliko habang umaatras, o kapag may mga ginagamit na kontrol sa sasakyan kung saan kailangang alisin ang isang kamay sa manibela. Inirerekomenda lamang ang paglalagay ng kamay sa 12 o'clock kapag umaatras ang sasakyan nang paliko, dahil kailangang tumingin ng nagmamaneho sa likod upang makita ang dinaraanan ng sasakyan. Mahalaga ang pagkakalagay ng mga kamay sa 9 at 3 o'clock, o nang medyo mas mababa sa 8 at 4 o'clock sa balanse ng sasakyan.

Busina, Mga Headlight at Mga Emergency Signal

Gamitin ang Iyong Busina

- Kapag kailangan lamang, upang maiwasan ang mga aksidente sa daan.
- Upang subukang "makipagtitigan" sa ibang mga nagmamaneho. Maaari mong pindutin ang iyong busina upang bigyan ng babala ang isa pang nagmamaneho na maaaring lumiko sa unahan mo at magdulot ng aksidente sa daan.
- Sa makikipot na daan sa bundok, kung saan hindi mo nakikita ang hindi bababa sa 200 talampakan sa unahan ng iyong sasakyan.

Huwag Gamitin ang Iyong Busina

- Kung mabagal ang isang nagmamaneho o nagbibisikleta, at gusto mong magmaneho nang mas mabilis sa kanya o umalis sa dadaanan mo. Maaaring hindi ligtas na makatakbo nang mas mabilis ang nagmamaneho o nagbibisikleta, dahil sa karamdaman, pagkawala, kalasingan, o mga problema sa makina ng sasakyan.
- Upang bigyan ng babala ang ibang mga nagmamaneho na nagkamali sila. Maaaring magdulot ng higit pang pagkakamali sa mga ito ang iyong pagbusina o magdulot ng pagkagalit o paghihiganti.
- Dahil maaari **kang** magalit o mainis.
- Upang bumusina sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, o mga nagmomotorsiklo maliban kung kinakailangan upang makaiwas sa aksidente sa daan. Tandaan na mas malakas ang iyong busina sa labas ng isang sasakyan.

  Tandaan: Maaaring magulat ng ibang nagmamaneho ang iyong pagbusina. Mas ligtas na magmabagal o huminto sa halip na bumusina.

Gamitin ang Iyong Mga Headlight

- Kung kailangan mong gamitin ang mga wiper sa iyong windshield dahil sa lagay ng panahon, kailangan mong i-on ang iyong mga low-beam na headlight.
- Pinipigilan ka ng anumang mga kundisyon ng oras (ulap, ulan, snow, alikabok, usok, hamog, atbp.) na makita ang ibang sasakyan.
- Sa maliliit na country o mountain road, kahit na sa mga panahong maaraw.
- Sa dilim at kapag hindi nagkakaroon ng malinaw na pagtukoy sa isang tao o sasakyan mula sa layong 1,000 talampakan dahil sa visibility.
- Kapag ang sasakyan ay pinapaandar 30 minuto **pagkatapos** ng paglubog ng araw o 30 minuto **bago** ang pagsikat ng araw.
- Kapag ang (puting) pangkontrol na karatula ay naka-post at nagsasabing dapat na naka-on ang mga headlight.
- Para pataasin ang visibility ng iyong sasakyan sa iba habang nagmamaneho – kahit maaraw at lalo na kapag mababa ang posisyon ng araw.

Gamitin ang Iyong Mga Emergency Signal

Kung nakakakita ka ng isang banggaan sa iyong daraanan, balaan ang mga nagmamaneho sa likuran mo sa pag-on ng iyong mga emergency flasher o mabilis na tapakan ng 3 o 4 na beses ang iyong preno. Magagamit mo rin ang hand signal kapag nagmamabagal at humihinto.

Huwag kailanman huminto sa daan maliban kung kinakailangan para sa kaligtasan o upang sumunod sa isang batas. Kung kailangan mong huminto, magsimulang magpreno nang maaga bilang isang signal sa mga sasakyang nasa likuran mo. Kung nasira ang iyong sasakyan habang nasa daan, tiyaking makikita ito ng ibang nagmamaneho. Kung nakaranas ka ng problema sa sasakyan, at kailangang huminto, sundin ang mga panuntunang ito:

- Huminto sa gilid ng daan, kung maaari.
- Kung hindi ka ganap na makaalis sa daan, huminto sa isang lugar kung saan makikita ka ng mga tao at ang iyong sasakyan mula sa likuran. Huwag huminto sa itaas ng isang burol o sa may curve.
- I-on ang iyong mga emergency flasher kung hindi ka umaandar. Kung walang mga emergency flasher ang iyong sasakyan, maaari ding gamitin ang mga signal sa pagliko.
- Kung ligtas, itaas ang hood upang mag-signal ng isang emergency.
- Bigyan ang ibang mga nagmamaneho ng napakaraming babala. Ilagay ang mga emergency flare o triangle nang 200–300 talampakan sa likuran ng sasakyan. Binibigyang-daan nito ang ibang mga nagmamaneho na lumipat ng linya, kung kailangan. Maging napakaingat kapag gumagamit ng mga flare. Maaaring magdulot ang mga ito ng mga sunog, lalo na kung ginagamit sa tabi ng mga lumiliyab na likido.
- Kung wala kang mga emergency flare, sundin ang mga panuntunang nakalista sa itaas at manatili sa iyong sasakyan hanggang sa dumating ang tulong. Mag-ingat para sa iyong kaligtasan at **umalis sa daan**.

Pagpapadala ng Text Message at Mga Cell Phone

Ilegal na magmaneho ng sasakyang de-motor habang gumagamit ng cell phone o wireless na elektronikong device para sa komunikasyon upang magsulat, magpadala, o magbasa ng mga text message, instant message, at mga email *maliban* kung ikaw ay 18 taong gulang o higit pa at gumagamit ng cell phone o wireless na elektronikong device para sa komunikasyon na idinisenyo at ikinompigura upang payagan ang pinapatakbo ng boses at hands-free na pagpapatakbo upang i-dictate, ipadala, o pakinggan ang mga komunikasyong nakabase sa teksto kapag nagpapatakbo ng isang sasakyan. Bagama't pinapahintulutan ang mga hands-free na aparato (maliban sa mga menor-de-edad), dapat iwasan ng mga nagmamaneho ang mga gambala upang makatuon sa mga kasanayan sa ligtas na pagmamaneho.

- Tumawag lamang ng tulong sa mga pagkakataon ng emergency.
- Kapag nag-ring ang iyong cell phone, huwag itong sagutin. Hayaang mapunta ang tawag sa voicemail, kung mayroon ka ng tampok na ito.
- Kung kailangan mong tumawag, maingat na tumigil sa gilid ng daan bago tumawag.
- Panatilihing maikli ang mga usapan sa telepono o kung posible, hayaang ang pasahero ang tumawag.
- Kung gumagamit ka ng wireless na elektronikong device para sa komunikasyon:
  - — Dapat ay naka-mount ang mobile device ng nagmamaneho sa windshield, dashboard, o center console ng sasakyan.
  - — Hindi dapat nitong harangan ang paningin sa daan.
- Gumamit ng pang-isang swipe o pindot sa naka-mount na device.

Huwag gamitin ang iyong cell phone:

- Sa panahon ng mga mapanganib na kundisyon.
- Upang sumali sa mga nakakagambalang pag-uusap.

Tandaan: Hindi maaaring gumamit ang mga menor-de-edad ng cell phone o wireless na elektronikong device para sa komunikasyon maliban sa ilang partikular na emergency (sumangguni sa seksyong "Mga Menor-de-Edad at Mga Cell Phone" sa pahina 16 para sa karagdagang impormasyon).

HUWAG HAWAKAN ANG MOBILE DEVICE

Dapat ay naka-mount ang mobile device ng nagmamaneho sa windshield, dashboard, o center console ng sasakyan.

Hindi dapat nito mahaharangan ang paningin ng nagmamaneho sa daan.

Dapat lang gumamit ang nagmamaneho ng pang-isang swipe o pindot sa naka-mount na device.

Labag sa batas ang paggamit ng isang menor-de-edad ng hands-free na device habang nagmamaneho.

STATE OF CALIFORNIA
DMV
DRIVING CHANGE...
DEPARTMENT OF MOTOR VEHICLES

PAGPOPOSISYON NG SASAKYAN

Pagsunod sa Mga Layo

Ipagpalagay na ikaw ay nasa isang kalsadang may dalawang lane, may paparating na sasakyan, at may nagbibisikleta sa harap mo sa bandang kanan. Sa halip na magmaneho sa pagitan ng sasakyan at nagbibisikleta, harapin muna ang isang panganib. Bagalan muna ang iyong takbo at hayaang makadaan ang paparating na sasakyan. Kapag ligtas na, bahagyang tumabi sa kaliwa upang magkaroon ng sapat na espasyo (hindi bababa sa 3 talampakan) upang ma-overtake ang nagbibisikleta.

Mga Taong Maaaring Maging Mapanganib sa Mga Nagmamaneho

Layuan ang iyong pagsunod at magbigay ng mas malaking puwang para sa mga nagmamanehong maaaring maging mapanganib. Ang mga taong maaaring maging mapanganib ay:

- Mga nagmamanehong hindi ka makita dahil hinaharangan ang kanilang paningin ng mga gusali, puno, o ibang mga sasakyan.
- Mga nagmamanehong umaatras sa mga driveway o paradahan.
- Mga nagmamanehong nilalagpasan ka kapag may curve o paparating na (mga) sasakyan.
- Mga nagmamanehong pipiliting pumasok sa iyong linya upang maiwasan ang isang sasakyan, taong naglalakad, nagbibisikleta, sagabal sa daan, o dahil sa mas kaunting linya sa unahan.
- Mga tumatawid na may mga payong sa harapan ng kanilang mga mukha o mga sumbrerong natatakpan ang kanilang mga mata.
- Natatarantang mga tao, gaya ng:
  - Mga taong naghahatid.
  - Mga manggagawa sa konstruksyon.
  - Mga nagambalang taong naglalakad, gaya ng mga may kausap sa telepono o nagte-text sa kanilang wireless na elektronikong device para sa komunikasyon.
  - Mga bata, na madalas na tumatakbo sa kalye nang hindi tumitingin.
  - Mga nagambalang nagmamaneho na nakikipag-usap sa telepono o nagte-text sa kanilang wireless na elektronikong device para sa komunikasyon o nakikipag-usap sa kanilang mga pasahero.
  - Mga nagmamanehong nag-aalaga ng mga bata, kumakain, o tumitingin sa mga mapa habang nagmamaneho.
- Nalilitong mga tao, gaya ng:
  - Mga turista, madalas sa mga kumplikadong panulukan.
  - Mga nagmamanehong naghahanap ng numero ng bahay o bumabagal nang walang dahilan.

Paghihiwalay ng Pagkakaiba

Minsan ay magkakaroon ng mga panganib sa parehong bahagi ng daan sa isang pagkakataon. Halimbawa, may mga nakaparadang sasakyan sa kanan at paparating na sasakyan sa kaliwa. Sa sitwasyong ito, ang pinakamahusay na gawin ay "paghiwalayin ang pagkakaiba." Magmaneho sa gitna ng mga paparating na sasakyan at nakaparadang sasakyan.

Kung mas malaki ang isang panganib sa isa, bigyan ng mas malaking puwang ang pinakamapanganib na sitwasyon. Kung may paparating na sasakyan sa iyong kaliwa at isang batang nagbibisikleta sa iyong kanan. Mas malamang na gumawa ng biglaang pagkilos ang bata. Kaya bagalan ang pagmamaneho, at kung ligtas, gumilid sa kaliwa hangga't maaari hanggang sa malagpasan mo ang bata.

Puwang na Papasukan

Pumasok sa freeway sa o malapit sa bilis ng trapiko. **Huwag huminto bago pumasok sa trapiko sa freeway**, maliban kung talagang kinakailangan. Ang trapiko sa freeway ay may right-of-way. Kapag ligtas na, muling sundin ang "3 segundong panuntunan" (sumangguni sa seksyong "Huwag maging isang tailgater!" sa pahina 43).

- Huwag subukang sumingit sa isang puwang na masyadong maliit.
- Tingnan ang mga sasakyan sa paligid mo. Gamitin ang iyong mga salamin at signal sa pagliko. Lumingon upang mabilis na tumingin sa itaas ng iyong balikat bago lumipat ng linya o sumama sa trapiko. Maglaan ng 3 segundong puwang sa pagitan mo at ng sasakyang nasa unahan mo. Tiyaking ligtas kang makakahinto, kung kinakailangan.
- Kung kailangan mong tumawid ng ilang linya sa freeway, isa-isang tumawid sa mga ito. Kung naghihintay ka hanggang sa lumuwag na ang lahat ng mga linya, maaari kang magdulot ng mga pagkaantala ng trapiko o isang aksidente sa daan.

Puwang na Tatawiran o Papasukan

Kapag tumatawid ka o pumapasok ng isang trapiko sa lungsod o highway mula sa isang ganap na paghinto, mag-signal, at maglaan ng sapat na malaking agwat upang makasunod sa bilis ng ibang mga sasakyan. Dapat mong ibahagi ang espasyo sa trapikong nasa daan na. Mahalagang malaman mo kung gaano kalaking espasyo ang kailangan mo para sa pagsasama, pagtawid, pagpasok, at paglabas ng trapiko. Kailangan mo ng agwat na:

- Kalahating block sa mga kalsada sa lungsod.
- Isang buong block sa highway.

Kung tumatawid ka ng linya o lumiliko, tiyaking walang mga sasakyan o taong humaharang sa daanan sa harapan o sa mga gilid ng iyong sasakyan. Hindi mo gustong maipit sa isang panulukan na may paparating na trapiko sa iyo.

Kahit nakaberde ang traffic signal light, huwag tawirin ang panulukan kung may mga sasakyang nakaharang sa iyong daraanan.

Kapag lumiliko pakaliwa, huwag simulan ang pagliko dahil lamang naka-on ang signal sa pagkanan ng isang paparating na sasakyan. Maaaring planuhin ng nagmamaneho na lumiko nang malapit sa iyo, o maaaring naiwang naka-on ang signal mula sa isang naunang pagliko. Partikular itong totoo sa mga motorsiklo. Hindi awtomatikong nag-o-off ang mga signal light ng mga ito. Maghintay hanggang sa aktwal na magsimulang lumiko ang isa pang nagmamaneho bago ka magpatuloy.

Lalabasang Puwang

Kapag plano mong lumabas sa freeway, bigyan ang iyong sarili ng napakaraming oras. Dapat na alam mo ang pangalan o bilang ng labasan sa freeway na gusto mo gayundin ang nauna dito. Upang ligtas na lumabas:

- Mag-signal, tumingin sa iyong balikat, at isa-isang lumipat ng linya, hanggang sa nasa wastong linya ka na upang lumabas sa freeway.
- I-signal ang iyong kagustuhang lumabas ng mga 5 segundo bago makarating sa labasan.
- Tiyaking tama ang iyong bilis para sa pag-alis sa linya ng trapiko–hindi masyadong mabilis (upang manatiling kang nasa kontrol) at hindi masyadong mabagal (upang patuloy pa ring makagalaw ang daloy ng trapiko).

PAG-OVERTAKE

Kapag Naghahandang Mag-overtake

Bago ka mag-overtake, tingnan agad ang mga kundisyon ng daan at ang trapiko na maaaring magdulot sa ibang mga sasakyan na lumipat sa iyong linya. Mag-overtake lamang kung ligtas itong gawin. Dapat mong pagpasyahan kung mayroon o wala kang sapat na puwang sa tuwing makakasalubong ka ng:

- Isang paparating na sasakyan.
- Isang pataas na daan o isang kurbada.
- Isang panulukan.
- Isang harang sa daan.
- Isang nagbibisikleta.

Huwag mag-overtake:

- Kung papalapit ka sa isang burol o kurbada, at hindi mo makita kung may paparating na sasakyan.
- Sa loob ng 100 talampakan mula sa isang panulukan, tulay, tunnel, riles ng tren, o mga lugar na maaaring magdulot ng alinlangan.

Paano mag-overtake:

Huwag kailanman umalis sa sementado o palaging nadaraanang bahagi ng daan o sa shoulder upang mag-overtake. Ang gilid ng palaging nadaraanang bahagi ng daan ay maaaring may nakapintang puting linya sa ibabaw ng daan. Mapanganib ang mag-overtake sa ibang sasakyan sa mga crossroad, tawiran na riles ng tren, at driveway.

Mag-overtake sa trapiko sa kaliwa. Maaari ka lamang mag-overtake sa kanan kapag:

- Ang isang bukas na highway ay malinaw na namarkahan para sa 2 o higit pang mga linya ng paglalakbay sa iyong direksyon.
- Ang nagmamaneho sa harap mo ay paliko sa kaliwa at hindi ka aalis sa daan upang mag-overtake. Huwag kailanman mag-overtake sa kaliwa kung ang nagmamaneho ay sumesenyas ng pagliko sa kaliwa.
- Sa one-way na kalye.

Palaging mag-signal bago mag-overtake. Maaari ding bahagya kang bumusina, o mabilisang mag-flash ng iyong mga ilaw upang maipaalam sa nagmamaneho na gusto mong mag-overtake. Huwag dumiretso upang mag-overtake maliban kung alam mong may sapat kang puwang upang makabalik sa iyong linya.

Iwasang lagpasan ang ibang mga sasakyan, kabilang ang mga motorsiklo at bisikleta, sa mga kalsadang may dalawang linya. Sa tuwing mag-o-overtake ka, pinapataas mo ang iyong mga pagkakataon na magkaroon ng aksidente sa daan. Bagalan ang iyong takbo at mag-overtake lang sa nagbibisikleta kapag ligtas, at maglaan ng minimum na 3 talampakan sa pagitan ng iyong sasakyan at ng nagbibisikleta kung maaari. Huwag gitgitin ang nagbibisikleta paalis ng daan.

Pagbalik sa Lane Pagkatapos Mag-overtake

Bago ka makabalik sa iyong dinaraanang linya, tiyaking hindi ka mapanganib na malapit sa sasakyang na-overtake mo. Ang isang paraan ng paggawa nito ay tumingin sa sasakyan sa iyong rear view mirror. Kapag nakikita mo ang parehong headlight sa iyong rear view mirror, maaaring mayroon kang sapat na puwang upang makabalik sa iyong dinaraanang linya. Huwag umasa sa pagkakaroon ng sapat na oras upang malagpasan ang ilang sasakyan sa isang pagkakataon o na gagawa ng puwang ang mga nagmamanehong iyon para sa iyo.

Kapag May Nag-o-overtake

Kung may nag-o-overtake sa iyo, o kung may sasakyang nagpahiwatig na gusto nitong mag-overtake, hindi mo dapat bilisan ang iyong takbo, at sa halip ay dapat mong panatilihin ang iyong posisyon sa lane upang makapag-overtake ito. Huwag bilisan o subukang bilisan upang hindi ma-overtake.

Malalaking Trak (Malalaking Rig) at Mga Sasakyang Panlibangan (Mga Recreational Vehicle)

Upang mabawasan ang pagkakataon ng pagkakaroon ng aksidente sa daan sa isang malaking trak o sasakyang panlibangan, dapat na alam mo ang mga pisikal na kakayahan ng malaking rig at kung paano ito gumagalaw.

Pagpreno

Mas matagal bago huminto ang malalaking trak kaysa mga pampasaherong sasakyang umaandar sa parehong bilis. Makakahinto sa loob ng 400 talampakan ang average na pampasaherong sasakyang tumatakbo sa bilis na 55 mph. Gayunpaman, maaaring kailanganin ng halos 800 talampakan upang makahinto ang isang malaking trak na umaandar sa parehong bilis. Huwag lumipat sa harapan ng isang malaking trak at biglang bumagal o huminto. Hindi magagawa ng nagmamaneho ng trak na huminto kaagad upang hindi ka mabangga.

Mga Blind Spot ng Nagmamaneho ng Trak—ang "No Zone"

Maling inaakala ng mga nagmamaneho ng pampasaherong sasakyan na nakikita ng isang nagmamaneho ng trak ang daan nang mas mabuti dahil mas mataas siya mula sa kalsada. May mas mahusay na pagtingin sa harapan at mas malaking mga salamin man ang mga nagmamaneho ng trak, mayroon pa ring malalaking blind spot ang mga ito o "MGA NO ZONE" kung saan maaaring mawala ang iyong sasakyan sa paningin ng nagmamaneho ng trak.



Ang mga initiman na lugar ay ang mga blind spot ng nagmamaneho.

Kung nanatili ka sa mga blind spot na iyon, hinaharanagan mo ang kakayahan ng nagmamaneho ng trak na makagawa ng mabilis na pagkilos upang maiwasan ang isang mapanganib na sitwasyon. Sa pangkalahatan, kung hindi mo nakikita ang isang nagmamaneho ng trak sa kanyang side mirror, hindi ka niya nakikita.

Pagliko

Kapag lumiliko ang isang sasakyan, sinusundan ng mga gulong sa likuran ang mas maikling daan kumpara sa mga gulong sa unahan. Kung mas mahaba ang sasakyan, mas malaki ang pagkakaiba sa dadaanang likuan. Ito ang dahilan kung bakit dapat na mas malawak na lumiko ang mga nagmamaneho ng malaking rig upang makumpleto ang isang pagliko sa kanan. Kapag sumusunod ka sa isang malaking rig, tumingin sa mga signal nito sa pagliko bago mo simulang mag-overtake. Kung mukhang lumiliko pakaliwa ang trak, tingnang muli ang mga signal sa pagliko; maaaring lumiliko pakanan ang nagmamaneho ngunit malawak munang bumebuwelo.

IYONG PANINGIN

Bago lumiko pakanan,
tumingin sa iyong kanang balikat para
suriin kung may mga nagbibisikleta.

KANILANG PANINGIN

Iwasan ang mga blind spot ng motorista.
Paghandaan ang mga panganib sa trapiko.

OTS
TRAFFIC SAFETY

BAGUHIN ANG IYONG PANINGIN

Pagmaneobra

Hindi madaling imaneobra ang mga trak gaya ng mga pampasaherong sasakyan. May mahahabang layo sa paghinto at pagsisimula ang malalaking trak. Kailangan ng mga ito ng higit pang puwang para sa mga pagliko at mas mabigat ang mga ito. Kapag walang naka-post na mga sign, dapat imaneho ang mga sasakyang ito sa kanang bahagi ng linya ng trapiko o nang malapit hangga't maaari sa kanang gilid ng daanan.

Sa hating highway na may 4 o higit pang mga linya ng trapiko sa isang direksyon, maaari ring imaneho ang mga sasakyang ito sa linya sa may kaliwa lang ng linya sa kanan.

Iwasan ang mga pagkakamaling ito kapag nagmamaneho sa paligid ng malalaking trak:

- **Pag-cut sa isang trak sa trapiko o sa highway upang maabot ang isang labasan o pagliko.** Mapanganib ang pag-cut sa isang maluwag na puwang sa unahan ng isang trak. Magmabagal at kunin ang iyong pagkakataon na pumasok sa construction zone. Huwag magmadali upang malagpasan ang isang trak, upang makalabas ka sa roadway. Bagalan ang pagmamaneho at lumabas sa likuran ng trak.
- **Pagsabay sa isang trak kapag nag-o-overtake.** Palaging i-overtake ang isang malaking trak sa kaliwang bahagi, at pagkatapos mong i-overtake ang trak, umandar sa harapan nito. Huwag magtagal. Kung hindi, gagawin mo itong napakahirap, kung hindi imposible, para sa nagmamaneho ng trak na gumawa ng mabilis na pagkilos kung lumitaw ang isang harang sa dinaraanan.
- **Masyadong malapit na pagsunod o pag-tailgate.** Kapag sumusunod ka nang masyadong malapit sa likuran ng isang trak na hindi mo makita ang mga side view mirror ng nagmamaneho ng trak, hindi ka nakikita ng nagmamaneho ng trak at walang paraan para malaman na naroon ka. Mapanganib ang pag-tailgate sa isang trak, o anumang sasakyan, dahil inaalis mo ang iyong pangkaligtasang puwang kung mabilis na huminto ang sasakyan sa harapan mo.
- **Pagmamaliit sa laki at bilis ng isang paparating na tractor-trailer.** Madalas na **mukhang** mas mabagal ang pag-andar ng isang malaking tractor-trailer dahil sa laki nito. Nangyayari ang maraming aksidente sa daan na kinasasangkutan ng isang pampasaherong sasakyan at isang malaking trak sa mga panulukan kapag hindi naisip ng nagmamaneho ng pampasaherong sasakyan kung gaano kalapit ang trak o gaano kabilis itong umaandar.

Mga Bus, Streetcar, at Mga Trolley

Huwag magmaneho sa isang pangkaligtasang zone, na isang puwang na inilaan para sa mga naglalakad at minarkahan ng mga nakataas na pindutan o pangmarka sa roadway. Kapag sumasakay o umaalis ang mga tao sa isang streetcar o trolley na walang pangkaligtasang zone, huminto sa likuran ng pinakamalapit na pinto ng sasakyan o platform ng sasakyan at maghintay hanggang sa makaabot sa isang ligtas na lugar ang mga tao. Kapag nakahinto ang isang bus, streetcar, o trolley sa isang pangkaligtasang zone o sa isang panulukan kung saan kinokontrol ang trapiko ng isang opisyal ng pulisya o signal ng trapiko, maaari kang dumaan nang hindi lalagpas sa 10 mph.

Huwag i-overtake at lagpasan ang anumang light-rail na sasakyan o streetcar sa kaliwang bahagi, umaandar man ito o nakahinto.

Mga Pagbubukod:

- Kapag ikaw ay nasa isang one-way na daan.
- Kapag masyadong malapit sa kanang bahagi ang mga riles at hindi ka makalagpas sa kanan.
- Kapag inutusan ka ng isang opisyal sa trapiko na lumagpas sa kaliwa.

Mga Light-Rail na Sasakyan

Ang mga light-rail na sasakyan ay may parehong mga karapatan at pananagutan sa mga roadway tulad ng ibang mga sasakyan. Bagama't dapat sundin ng lahat ang parehong mga batas-trapiko, nangangailangan ang mga light-rail na sasakyan ng natatanging kakayahan sa pangangasiwa dahil sa laki ng mga ito.

Huwag lumiko sa harap ng mga light-rail na sasakyan.



Ligtas na ibahagi ang daan sa mga light-rail na sasakyan sa pamamagitan ng:

- Pag-alam kung saan tumatakbo ang mga light-rail na sasakyan. Ang mga gusali, puno, atbp., ay nagsasanhi ng mga blind spot para sa tagapagpatakbo ng trolley.
- **Huwag kailanman** lumiko sa harap ng isang paparating na light rail na sasakyan.
- Pagpapanatili ng ligtas na distansya mula sa light-rail vehicle kung nakikibahagi ito sa kalye na may trapiko ng sasakyan.
- Pagtingin sa mga paparating na light-rail na sasakyan bago ka lumiko sa mga riles. Ituloy lang ang pagliko kung ipapahiwatig ng isang traffic signal light na maaari ka nang magpatuloy.

Tandaan: Maaaring makaabala ang mga light-rail vehicle sa mga traffic signal light. Huwag magpatuloy hangga't hindi nagpapahiwatig ang traffic signal light na maaari ka nang magpatuloy.

Ang mga lugar na pangkaligtasan ay minarkahan ng mga putul-putol na puting linya.



Mga Sasakyang Pang-emergency

Magbigay sa mga sasakyang pang-emergency.

Dapat mong ibigay ang right-of-way sa anumang sasakyan ng pulis, trak ng bumbero, ambulansya, o ibang sasakyang pang-emergency na gumagamit ng sirena at mga pulang ilaw. Magmaneho sa kanang gilid ng daan at huminto hanggang sa makalagpas ang (mga) sasakyang pang-emergency. Gayunpaman, **huwag kailanman huminto sa isang panulukan**. Kung nasa isa kang panulukan kapag nakakita ka ng sasakyang pang-emergency, magpatuloy sa panulukan at pagkatapos, magmaneho sa kanan kapag ligtas na at huminto. Madalas ginagamit ng mga sasakyang pang-emergency ang maling bahagi ng kalye upang tumuloy. Minsan, gumagamit sila ng loud speaker upang makipag-usap sa mga nagmamanehong nakaharang sa kanilang daan.

Dapat mong sundin ang anumang direksyon, utos, o signal na ibinibigay ng isang opisyal ng trapiko o pulisya, o bumbero kahit na sumasalungat ito sa mga umiiral nang karatula, signal, o batas.

Labag sa batas na sumunod sa loob ng 300 talampakan sa likod ng anumang trak ng bumbero, sasakyan ng pulis, ambulansya, o ibang sasakyang pang-emergency na may sirena o nagpa-flash na mga ilaw (CVC §21706).

Kung nagmamaneho ka upang maki-usyoso sa sitwasyon ng sunog, banggaan, o ibang sakuna, maaari kang hulihin. Ang mga nag-uusyoso ay nakakasagabal sa mahahalagang serbisyo ng pulis, bumbero, mga kawani ng ambulansya, o ibang kawani sa pagligtas o pang-emergency.

Ang Mga Sasakyang Mabagal ang Takbo



Isang Sasakyang Mabagal ang Takbo

Ang ilang sasakyan ay hindi idinisenyo upang makasabay sa bilis ng trapiko. Mga trak na pambukid, mga kalesa na hila ng hayop, at mga sasakyan sa pag-aalaga ng daan na karaniwang tumatakbo sa 25 mph o mas mabagal. Ang mga sasakyang mabagal ang takbo ay mayroong orange/pulang parisukat sa likod ng mga sasakyan. Katulad ito ng karatula sa larawan sa kanan. Tingnan ang mga sasakyang ito at iayos ang iyong bilis bago ka umabot sa mga ito.

Gayundin, mangyaring malaman na bumabagal ang ilang trak, nagbibisikleta, at maliit na mabagal na kotse sa mga mahaba o matarik na burol at mas tumatagal na bumilis kapag papasok sa trapiko.

Ang ibang mga uri ng mabagal na de-motor na sasakyan, gaya ng mga wheelchair, scooter, de-kuryenteng sasakyan sa komunidad (neighborhood electric vehicle, NEV) at mga golf cart ay maaaring legal na tumakbo sa mga pampublikong daan. I-akma ang iyong bilis nang naaayon upang makasabay sa kanila.

Ang mga sasakyang tumatakbo nang mas mabagal kaysa sa daloy ng trapiko at nasa isang highway na may dalawang lane kung saan hindi ligtas mag-overtake ay dapat lumabas sa kalsada sa pinakamalapit na nakatalagang turnout o saanmang lugar na may sapat na espasyo para sa ligtas na turnout, kung may maiipong 5 o higit pang sasakyan sa likod ng mga ito.

Ang mga De-kuryenteng Sasakyan sa Komunidad at mga Mabagal na Sasakyan (Low-Speed Vehicle, LSV)

Kapag nakita mo ang mga sign o markang ito: **NEV USE ONLY** o **NEV ROUTE**, mag-ingat sa mababagal ang takbong sasakyan sa daanan. Ang mga NEV at LSV ay pinaghihigpitan mula sa mga daanan kung saan ang limitasyon ng bilis ay mas mabilis sa 35 mph (CVC §§385.5 at 21260). Ang mga de-kuryenteng sasakyan sa komunidad at mabagal na sasakyan ay umaabot sa maximum na bilis na 25 mph. Ang mga may-ari ng mga rehistradong de-kuryenteng sasakyan sa komunidad at mabagal na sasakyan ay dapat sumunod sa mga batas sa pinansyal na pananagutan, at nangangailangan ng isang may bisang driver license upang paandarin ang sasakyan.

Ang Mga Sasakyang Hila ng Hayop

Ang mga sasakyang hinihila ng kabayo, at ang mga sumasakay sa kabayo o iba pang hayop ay may karapatang makibahagi sa kalsadang dinaraanan ng mga sasakyang de-motor. Labag sa trapiko na manakot ng mga kabayo o tarantahin ang livestock. Magmabagal o huminto, kung kinakailangan, o kapag hiniling sa iyo ng mga nakasakay o ng mga pastol.

Mga Motorsiklo

Ang mga nagmomotor ay may parehong mga karapatan bilang mga nagmamaneho ng sasakyan. Habang dapat ay sumunod ang lahat sa parehong mga batas ng trapiko, nahaharap ang mga nagmomotor sa mga karagdagang panganib dahil ang mga motorsiklo ay nangangailangan ng mahusay na kakayahang magmaneho at mas mahirap makita. Samakatuwid, pinapanatiling naka-on ng karamihan ng mga motorsiklo ang kanilang headlight kahit sa umaga.

Maraming magagawa ang mga nagmomotorsiklo upang gawing mas madali na makita ng mga nagmamaneho at ibang gumagamit ng daan, kabilang ang:

- Magsuot ng matingkad ang kulay na jacket, tsaleko, at helmet.
- Magsuot ng reflective na materyal sa mga helmet at mga damit.
- Gumamit ng mga signal sa pagliko kapag pinaplanong lumipat ng linya o lumiko.
- I-flash ang mga ilaw ng kanilang preno bago magmabagal upang matulungan ang iba na mapansin ang motorsiklo.
- Umiiwas sa mga blind spot ng ibang sasakyan at hindi sumasabay sa pagitan ng mga sasakyan kapag dumadaan sa pagitan ng mga lane.
- Gumagamit ng mga high beam na headlight sa umaga.

Sundin ang mga panuntunan na ito upang galangin ang right-of-way at ligtas na ibahagi ang daan sa mga nagmomotorsiklo:

- Kapag lumipat ka ng linya o pumasok sa pangunahing daanan, maghanap ng mga motorsiklo at gamitin ang iyong mga salamin. Maliit ang mga motorsiklo at maaaring mabilis silang mawala sa mga blind spot ng sasakyan.
- Maglaan ng 4 na segundong distansya sa pagsunod. Kakailanganin mo ang espasyong ito upang maiwasang mabangga ang nagmomotor, kung bigla siyang magpreno o mahulog sa motorsiklo.
- Kapag posible, bigyan nang buong linyang lapad ang motorsiklo. Bagama't hindi ilegal na makibahagi ng mga linya sa mga motorsiklo, hindi ito ligtas.
- Huwag kailanman mag-overtake sa motorsiklo sa parehong linya na pinaghahatian ninyo ng motorsiklo.
- Kapag posible, tumabi sa gilid ng iyong lane upang bigyan ang nagmomotor ng sapat na puwang para mag-overtake.
- Kapag lumiko ka, tingnan kung may mga nagmomotorsiklo at tantyahin ang kanilang bilis bago lumiko.
- Tingnan nang mabuti kung may mga nagmomotor bago magbukas ng mga pintuan sa tabi ng umaandar na trapiko o bago lumiko.
- Ang iba't ibang mga kundisyon sa daan, tulad ng mga butas, mga lubak, graba, basa o madulas na daanan, mga dugtungan ng daanan, mga riles ng tren, at may ukang daanan ay maaaring magdulot sa mga nagmomotorsiklo na magpalit agad ng bilis o direksyon. Kung alam mo ang epekto ng mga kundisyong ito at maingat at nakatuon na nagmamaneho, makakatulong kang mapababa ang mga pinsala at kamatayan ng mga nagmomotor. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng motorsiklo, makipag-ugnayan sa Programa sa Kaligtasan ng Motorsiklo sa California (*California Motorcyclist Safety Program*) sa **www.chp.ca.gov/programs-services/programs/californiamotorcyclist-safety** o 1-877-RIDE-411.

Mga Bisikleta

Pareho lang ang mga karapatan at responsibilidad ng mga nagbibisikleta sa mga karapatan at responsibilidad ng mga nagmamaneho ng sasakyan at motorsiklo, kasama ang:

- Pagsunod sa lahat ng traffic sign at traffic signal light.
- Pagbibisikleta nang naaayon sa direksyon ng mga sasakyan.
- Pag-signal kapag lumilipat ng lane o lumiliko.
- Pagbibigay-daan sa mga taong naglalakad.
- Pagsusuot ng helmet (kung wala pang 18 taong gulang).
- Pagbibigay-daan sa mas mabibilis na sasakyan para mag-overtake kapag ligtas.
- Pagtiyak na sila ay nakikita (hal. huwag na huwag dumaan sa pagitan ng mga nakaparadang sasakyan).
- Pagtabi sa kanang kurbada o pinakagilid ng kalsada gaya ng nararapat.
- Hindi pagbibisikleta sa sidewalk, maliban na lang kung pinapayagan ito sa lungsod kung saan ka nagbibisikleta.

- Pagkaliwa at pagkanan sa parehong paraan na ginagawa ng mga nagmamaneho, gamit ang parehong mga linya sa pagliko. Kung diretsong umaandar ang nagbibisikleta, dapat siyang gumamit ng linya ng trapiko kaysa sa magbisikleta sa tabi ng kurbada at maharangan ang trapikong kumakanan.

Hindi dapat magbisikleta ang mga nagbibisikleta sa kalsada maliban na lang kung may preno ang bisikleta na magbibigay-daan sa nakasakay rito na dumulas sa isang tuyo, pantay, at malinis na daan sa pamamagitan ng iisang gulong.

Kapag madilim, dapat iwasan ng mga nagbibisikleta na magsuot ng madidilim na damit at **dapat** na mayroon sila ng sumusunod na kagamitan:

- Isang ilaw sa harapan na nagbibigay ng puting ilaw na kita sa layong 300 talampakan.
- Isang pulang reflector sa likod, o isang solid o nagpa-flash na pulang ilaw na may built in na reflector na nakikita sa layong 500 talampakan.
- Isang puti o dilaw na reflector sa bawat pedal o sa sapatos ng nagbibisikleta o bukong-bukong na kita mula sa layong 200 talampakan.
- Isang puti o dilaw na reflector sa harapang gulong, o isang puti o pulang reflector sa likurang gulong, o mga gulong na may reflector.

Mga likuan para sa mga nagbibisikleta:



Mga panulukang may mga espesyal na linya:



May karapatan ang mga nagbibisikleta na dumaan sa kalsada, at maaari silang:

- Pahintulutan ng batas na magbisikleta sa ilang partikular na seksyon ng mga freeway na walang alternatibong ruta at kung saan walang karatulang nagbabawal sa pagbibisikleta.
- Tumabi sa kaliwa upang maiwasan ang mga panganib gaya ng mga nakaparada o gumagalaw na sasakyan, bisikleta, hayop, o debris.
- Piliing magbisikleta malapit sa kaliwang kurbada o gilid ng one-way na kalye.

Mga Bisikleta sa Mga Linya sa Paglalakbay

Ang mga nagbibisikletang tumatakbo nang mas mabagal kaysa sa daloy ng trapiko ay dapat tumabi sa kanang kurbada o bahagi ng kalsada maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Pag-overtake sa isang sasakyan o ibang bisikleta sa iisang direksyon.
- Paghahandang kumaliwa sa isang panulukan, o sa isang pribadong kalsada, o driveway.
- Kapag kinakailangan upang maiwasan ang isang panganib o kundisyon ng kalsada (ibig sabihin, mga taong naglalakad, hayop, panganib sa surface).

- Kapag masyadong masikip ang isang lane upang ligtas na madaanan ng isang bisikleta at sasakyan nang magkatabi sa loob ng lane.
- Kapag papalapit sa isang pakanang likuan.
- Kung isang one-way na daan ang kalsada na may dalawa o higit pang lane. Sa ganitong sitwasyon, maaaring magbisikleta ang nagbibisikleta malapit sa kaliwang kurbada o gilid ng kalsada gaya ng nararapat. Sa anumang sasakyan o bisikletang mabagal tumakbo, dapat sumunod ang mga nagmamaneho sa isang ligtas na distansya, at kapag ligtas, dapat tumabi ang nagbibisikleta sa isang posisyong magbibigay-daan sa mga sasakyan na mag-overtake.

Tama

Mali

Upang ma-overtake ang isang nagbibisikletang nasa isang lane para sa paglalakbay sa isang ligtas na distansya, maaaring kailanganin mong lumipat sa ibang lane, mag-overtake nang ligtas at mabilis, bumalik sa orihinal mong lane, at mag-iwan ng espasyo sa pagitan ng iyong sasakyan at ng nagbibisikleta. Kung hindi ka maaaring lumipat ng lane upang i-overtake ang isang nagbibisikleta, maglaan ng kahit 3 talampakan lang sa pagitan ng iyong sasakyan at ng nagbibisikleta. Kung hindi ka makakapag-overtake nang may layong 3 talampakan, mag-overtake sa isang ligtas na bilis upang hindi mailagay ang buhay ng nagbibisikleta sa panganib.

Narito ang ilang kritikal na punto para sa mga nagmamaneho at nagbibisikleta na dapat tandaan. Ang mga nagmamaneho ng mga sasakyang de-motor ay dapat na:

- Mag-overtake sa mga nagbibisikleta nang may sapat na espasyo upang hindi sila mapilitang dumaan sa mga nakaparadang sasakyan, o sa mga pintong bukas sa trapiko.
- Sumama lamang sa kurbada o sa linya sa pagbibisikleta kapag ligtas.
- Ligtas na sumunod sa isang nagbibisikleta kapag naghahandang lumiko.
- Pumasok lang sa isang lane ng bisikleta sa layong hindi lalampas sa 200 talampakan bago ka lumiko.
- Tingnan ang mga nagbibisikleta kapag lumilipat ng linya o pumapasok sa trapiko. Maliit ang mga bisikleta at maaaring nakukubli sa blind spot ng sasakyan.
- Mag-ingat sa paglapit o pag-overtake sa isang nagbibisikleta sa isang kalsadang may dalawang lane.

go human
GoHumanSoCal.org

Bagalan ang pagpapatakbo at huminto.

Ang bawat panulukan ay isang tawiran.

Ang California ang may pinakamalaking bilang ng mga pagkasawi ng mga taong naglalakad at nagbibisikleta sa bansa. Kapag nagmamaneho ka, higit na mag-ingat sa paligid ng mga taong naglalakad at nagbibisikleta. Ito ang nararapat na gawin bilang tao.

- Tingnan nang maigi kung may mga taong naglalakad o nagbibisikleta bago lumiko. Ganap kang huminto sa lahat ng oras bago lumiko pakanan kapag pula ang ilaw.
- Huminto para sa mga tao sa tawiran. Ang bawat panulukan ay isang tawiran, kahit na wala itong marka.
- Kung may ibang kotseng nakahinto sa tawiran, dapat ka ring huminto. Maaaring may tumatawid na hindi mo napapansin.

SCAG INNOVATING FOR A BETTER TOMORROW

SHARE THE ROAD CALIFORNIA PEDESTRIAN AND BICYCLIST ENFORCEMENT AND EDUCATION PROJECT

OTS CALIFORNIA OFFICE OF TRAFFIC SAFETY

#GoHumanSoCal /GoHumanSoCal

Ang Mga Bulag na Taong Naglalakad

Ang mga taong naglalakad na gumagamit ng mga bantay na aso o mga puting tungkod na mayroon o walang pulang dulo ay dapat na bigyan ng right-of-way sa lahat ng oras. Maaaring bahagya o talagang bulag ang mga taong naglalakad na ito. Kapag malapit sa iyo ang mga ganitong taong naglalakad, maging lubhang maingat kapag lumiliko sa kanto o umaatras, lalo na kung nagmamaneho ka ng tahimik na hybrid na sasakyan.

Narito ang ilang suhestyon para sa pagtulong sa mga bulag na taong naglalakad:

- **Sa isang stop light o sign, huwag ihinto ang iyong sasakyan nang mahigit sa 5 talampakan mula sa tawiran, maliban kung mayroong advance na panghintong harang (linya).** Umaasa ang mga bulag na taong naglalakad sa tunog ng iyong sasakyan upang malaman na nandiyan ang iyong sasakyan; kaya mahalagang ihinto mo ang iyong sasakyan 5 talampakan mula sa tawiran. Ang mga nagmamaneho ng mga sasakyang hybrid o de-kuryente ay dapat manatiling nakakaalam na maaaring magdulot ang walang tunog na makina o de-kuryenteng motor na isipin ng hindi nakakakitang taong naglalakad na walang malapit na sasakyan. Sundin ang cue na ito: Kapag inatras ng bulag ang kanyang tungkod at lumayo mula sa panulukan, kadalasang ang ibig sabihin ng pagkilos na ito ay hindi pa sila handang tumawid at na maaari ka nang umandar.
- **Huminto sa lahat ng mga tawiran kung saan naghihintay ang mga taong naglalakad.** Hintaying makatawid sa kalsada ang taong naglalakad.
- **Huwag huminto sa gitna ng tawiran.** Mapipilitan ang bulag na taong naglalakad na umikot sa iyong sasakyan at sa trapiko sa labas ng tawiran.
- **Huwag bigyan ng mga direksyong pasalita ang bulag na taong naglalakad.** Nakikinig ang bulag na taong naglalakad sa lahat ng mga tunog ng trapiko bago magpasyang tumawid sa kalye.
- **Huwag kakanan nang hindi muna tumitingin.** Tingnan kung may mga taong naglalakad, lalo na ang mga bulag na taong naglalakad o trapiko, bago mo simulan ang iyong pagliko. Ang mga bulag na taong naglalakad na may berdeng ilaw ay hindi umaasang kakanan ang isang nagmamaneho sa harap nila. Maaaring magresulta ang pagliko na malito ang bulag na taong naglalakad at maging malapit nang mabundol ng isa pang pakanan na sasakyan kapag nagtatangkang tumawid ng kalye.
- **Huwag businahan ang isang bulag na tao.** Walang ideya ang bulag na tao kung sino ang iyong binubusinahan at maaaring magulat sa ingay.
- **Huwag harangan ang anumang bangketa.**

ISA KA BANG AGRESIBONG NAGMAMANEHO?

(Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon)

IKAW BA AY	O	H
Nag-o-overtake sa ibang mga sasakyan sa kaliwa lamang.	☐	☐
Umiiwas na maharangan ang mga linya sa pag-overtake.	☐	☐
Nagbibigay sa mas mabilis na trapiko sa pamamagitan ng paglipat sa kanan.	☐	☐
Nananatili sa kanan hangga't maaari.	☐	☐
Nagpapanatili ng angkop na layo sa pagsunod.	☐	☐
Nagbibigay ng angkop na layo kapag nagka-cut pagkatapos mag-overtake ng mga sasakyan.	☐	☐
Gumagamit ng mga headlight sa mga kundisyong maulap, maulan o madilim.	☐	☐
Nagbibigay sa mga tumatawid na pedestrian.	☐	☐
Ganap na humihinto sa mga stop sign, atbp.	☐	☐
Humihinto para sa mga pulang traffic light.	☐	☐
Mabagal na dumiditetso sa mga panulukan at tawiran.	☐	☐
Sumusunod sa mga panuntunan sa right-of-way sa apat na daang mga hintuan.	☐	☐
Nagmamaneho nang mas mabagal sa nakapaskil na limitasyon ng bilis kapag pinapayagan ng mga kundisyon.	☐	☐
Mas mabagal na nagmamaneho sa mga lugar ng konstruksyon.	☐	☐
Nagpapanatili ng mga bilis na angkop para sa mga kundisyon.	☐	☐
Gumagamit ng mga signal sa pagliko ng sasakyan para sa mga pagliko at pagpapalit ng linya.	☐	☐
Tumitingin sa mata at nagsi-signal ng intensyon kung kailangan.	☐	☐
Kumikilala sa intensyon ng iba.	☐	☐

IKAW BA AY	O	H
Maingat na ginagamit ang iyong busina.	☐	☐
Umiiwas sa hindi kinakailangang paggamit ng high beam na mga headlight.	☐	☐
Nagbibigay at lumilipat sa kanan para sa mga pang-emergency na sasakyan.	☐	☐
Umiiwas mula sa pag-flash ng mga headlight.	☐	☐
Nagsasagawa ng mabagal, pinag-isipang mga U-turn.	☐	☐
Nagpapanatili ng wastong mga bilis sa paligid ng mga banggaan sa daan.	☐	☐
Umiiwas na magbalik ng hindi naaangkop na kilos ng katawan.	☐	☐
Umiiwas na hamunin ang ibang mga nagmamaneho.	☐	☐
Sumusubok na umalis sa dinaraanan ng mga agresibong nagmamaneho.	☐	☐
Tumutuon sa pagmamaneho at umiiwas sa nakakalitong mga aktibidad.	☐	☐

INIIWASAN MO BANG:	O	H
Magmaneho kapag inaantok.	☐	☐
Harangan ang linya na paliko sa kanan.	☐	☐
Kumuha ng higit pa sa isang puwang sa paradahan.	☐	☐
Pumarada sa isang puwang na inilaan para sa may kapansanan.	☐	☐
Hayaan ang iyong pintong matamaan ang sasakyang nakaparada sa tabi mo.	☐	☐
Gumamit ng cell phone habang nagmamaneho.	☐	☐
Huminto sa daan upang makipag-usap.	☐	☐
Magparinig ng napakalakas na musika sa katabing mga sasakyan.	☐	☐

Bigyan ng Score ang Iyong Sarili:

BILANGIN ANG MGA SAGOT NA "HINDI"

(1-3) LIGTAS NA NAGMAMANEHO
(4-7) MAHUSAY NA NAGMAMANEHO
(8-11) BAHAGYANG AGRESIBONG NAGMAMANEHO
(12+) AGRESIBONG NAGMAMANEHO

Mga Nagtatrabaho sa Daan at Pinagtatrabahuhan (Mga Lugar na May Cone)

Binabalaan ka ng mga sign at mga board ng mensahe sa mga nagtatrabaho, mabagal na takbo na kagamitan, at saradong mga linya sa harapan. Gagabayan ka ng mga cone at/o dram, o ibang mga harang sa lugar na pinagtatrabahuhan. Bagalan ang iyong pagmamaneho at maghanda upang magmabagal o huminto para sa kagamitan sa highway. Lumipat kapag ligtas na nang hindi nasasagasaan ang mga cone o dram. Sa mga lugar na pinagtatrabahuhan kung saan makitid ang mga linya o ang shoulder ay sarado, tingnan ang mga bisikleta at "ibahagi ang daan" kapag nandiyan ang mga ito. Sundin ang sign ng babala ng limitasyon sa bilis sa lugar na pinatatrabahuhan at mas pinababang limitasyon sa bilis.

Para sa iyong sariling kaligtasan at kaligtasan ng iyong mga pasahero tandaang maingat na dumaan sa mga lugar na may ginagawa, magmabagal, magbigay ng dagdag na puwang sa pagitan ng mga sasakyan, lumipat nang maaga, asahan ang biglaang pagbagal o paghinto, tingnan ang mga nagmamanehong lumilipat ng linya sa huling minuto, at iwasan ang mga gambala habang nagmamaneho sa work zone. Kasama sa mga gambala ang paggamit ng iyong hands-free na cell phone, pagbabasa/pagpapadala ng mga text message, at/o paggamit ng iyong mga GPS at mga entertainment system. Maaaring umabot ang mga multa para sa mga paglabag sa trapiko sa $1,000 o higit pa. Ang sinumang nahuli sa pananakit sa mga nagtatrabaho sa highway ay haharap sa mga multang hanggang $2,000 at pagkakulong nang hanggang 1 taon.

Huwag huminto o magmabagal upang panoorin ang trabaho sa daan. Sundin ang mga espesyal na karatula o tagubilin mula sa mga nagtatrabaho (mga flagger).

Mga Lugar na Doble ang Multa

Dahil sa tumataas na mga pinsala at kamatayan na nauugnay sa banggaan, ang ilang daan ay itinalaga bilang “Mga Lugar na Doble ang Multa para sa Pagpapabuti ng Kaligtasan.” Ang mga multa para sa mga paglabag ay dinodoble sa mga lugar na ito at sa mga lugar din ng konstruksyon at pag-aalaga ng highway kapag nandoon ang mga nagtatrabaho (CVC §42010).

Tumabi at Magmabagal

Ang mga nagmamaneho ay kinakailangang tumabi sa isang linya, kung ligtas gawin, o bumagal kapag papalapit sa nakahintong sasakyang pang-emergency o trak na panghila na nagpapakita ng nagpa-flash na kulay amber na mga ilaw ng babala, o sasakyang may markang Department of Transportation (Caltrans) na nagpapakita ng nagpa-flash ng emergency o ng kulay amber na mga ilaw ng babala, habang nakahinto ito sa gilid ng highway o freeway ng estado. Idinisenyo ang batas na ito upang mapababa ang mga kamatayan ng mga pulis, mga nagmamaneho ng trak sa paghila, paramedic, mga empleyado ng Caltrans, at ibang mga kawani na pang-emergency na tumutulong sa na-stranded o napinsalang mga motorista o kasali sa ginagawang daan.

Mga Sasakyang may Mga Mapanganib na Kargada

Nangangahulugan ang *hugis diamond* na sign sa isang trak na potensyal na mapanganib ang kargada ng trak (gas, mga pampasabog, atbp.). Ang mga sasakyang nagpapakita ng mga sign na ito ay hinihiling na huminto bago tumawid ng mga riles ng tren.

Mga Placard ng Mapanganib na Kargada

Pakikitungo sa Siksikan sa Trapiko

Makakatulong ang maliliit na pagbabago sa iyong mga nakagawian sa trapiko na malutas ang malalang siksikan sa trapiko.

Iwasan ang mga sumusunod na kaugalian sa pagmamaneho:

- **Pag-tailgate (tumututok)**–pagsunod nang masyadong malapit.
- **Hindi kinakailangang mga pagpapalit ng linya**–paglabas-pasok sa mga linya sa freeway.
- **Hindi pagpansin**–pagkain, pag-aayos ng sarili, pakikipag-usap sa cell phone, pagpapadala ng text message, pagbabasa ng diyaryo, atbp.
- **Pagpapatakbo ng hindi pinapanatili o hindi gumaganang sasakyan o nauubusan na ng gasolina o charge ng baterya.**

Pakikitungo sa Mga Agresibong Nagmamaneho at Matinding Galit sa Daan

Ang agresibong pagmamaneho ay maaaring magdulot ng matitinding problema sa kalsada. Dapat maunawaan ng lahat ng nagmamaneho ang agresibong pagmamaneho, ang gawi na tinatawag na "road rage," at ang dapat gawin sa mga ganitong sitwasyon.

May 2 mahalagang bagay na dapat tandaan pagdating sa mga agresibong nagmamaneho:

1. Tukuyin at iwasan ang mga gawi sa iyong sarili.
2. Iwasan ang iba pang nagmamaneho na nagpapakita ng mga ganitong gawi.

Kabilang sa mga paraan ng pag-iwas na maging isang agresibong nagmamaneho ang mga sumusunod:

- Maglaan ng maraming oras upang makarating sa iyong patutunguhan.
- Huwag "i-cut off" ang ibang mga nagmamaneho.
- Huwag magmaneho nang mabagal sa kaliwang (mabilis na) linya.
- Huwag tumutok (tailgate).
- Huwag gumawa ng mga hindi kanais-nais na senyas sa ibang nagmamaneho.
- Gamitin ang iyong busina para sa mga emergency lamang.
- Hayaan ang mga agresibong nagmamaneho na mag-overtake.

Narito ang mga halimbawa ng mga karaniwang gawi na maaaring humantong sa agresibong pagmamaneho, at ang paraan upang maiwasan ang mga ito:

- Pagharang sa Lane–Huwag harangan ang lane para sa pag-overtake. Huwag manatili sa kaliwang lane kung gustong bilisan ng ibang sasakyan, at tumabi sa kanan kung may sasakyang gustong mag-overtake.
- Pagtutok–Tiyaking may ligtas na distansya sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap. Kung may nakatutok sa iyo, maglaan ng mas malaki pang espasyo sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap.
- Mga Signal Light–Palaging gamitin ang iyong mga signal kapag lumilipat ng lane, at iwasang lumipat ng lane nang masyadong malapit sa iba pang sasakyan. I-off ang iyong signal kapag nakalipat ka na ng lane.
- Mga Senyas–Kung kailangan mong sumenyas sa ibang nagmamaneho, gawin ito sa paraang hindi maipagpapalagay bilang agresibo o bastos.
- Hindi Pagliko–Maliban na lang kung iba ang nakapaskil, pinapayagan ang pagkanan kasunod ng isang ganap na paghinto sa red light. Maaaring mainis ang mga kasunod mong nagmamaneho kapag hinintay mo pang maging berde ang ilaw, ngunit hindi ito ilegal.
- Paradahan–Huwag sumakop ng mahigit sa isang espasyo para sa pagparada. Huwag magparada sa paradahan ng may kapansanan kung wala kang placard o plaka para sa may kapansanan.
- Mga Headlight–Kung gagamitin mo ang iyong mga high-beam na headlight, hinaan ang iyong mga ilaw para sa mga paparating na sasakyan at kapag papalapit ka sa isang sasakyan; huwag tapatan ang mga paparating na sasakyan na naka-high beam.
- Pagpasok–Kung maaari, maglaan ng espasyo upang makalipat ang ibang sasakyan sa iyong lane.

MGA ESPESYAL NA SITWASYON SA PAGMAMANEHO

Panatilihing Nakikita ang Iyong Sasakyan

Ipinapakita ang mga blind spot ng nagmamaneho sa larawan sa pahina 70. Kung sa iyong mga salamin ka lang titingin, hindi mo makikita ang mga sasakyan sa mga blind spot na ito. Lumingon upang makita kung may isang sasakyan sa isa sa mga blind spot na ito. Huwag magtagal sa blind spot ng isa pang nagmamaneho. Sa pinakamabilis na kaya mo, paunahin o i-overtake ang sasakyan.

Ano ang Kundisyon ng Daan

Kapag mas mabilis ka, mas kaunti ang pagkontrol mo sa iyong sasakyan. Sa halip na magmaneho sa legal na naka-post na limitasyon sa bilis, i-akma ang bilis ng iyong pagmamaneho sa mga kundisyon ng kalsada o anuman ang nakakaapekto sa ligtas na pagpapatakbo ng iyong sasakyan.

Mga Curve

Sa mga curve, may malakas na palabas na paghila sa iyong sasakyan, na lubhang mapanganib lalo na kung madulas ang daan. Ginagawang madulas ng ulan, putik, snow, yelo, at bato ang daan. Kung walang nakapaskil na limitasyon sa bilis bago ang isang curve, dapat kang magpasya kung gaano kakitid ang curve at baguhin ang iyong bilis ayon dito. Magmabagal **bago** ka pumasok sa curve; hindi mo alam kung ano ang maaaring nasa harap (nakahintong sasakyan, banggaan, atbp.). Maaari kang dumulas dahil sa pagpreno sa isang curve.

Mga Bilis ng Trapiko

Mas malamang na mangyari ang mga banggaan kapag mas mabilis o mas mabagal ang isang nagmamaneho sa ibang mga sasakyan sa daan. Kung nagmamaneho ka nang mas mabilis sa ibang mga trapiko, pinapataas mo ang iyong mga pagkakataon na masangkot sa isang banggaan. Hindi masyadong nakakatipid ng oras ang pagmamaneho nang mabilis. Maaaring maging kasing mapanganib ng pagmamadali ang pagmamaneho nang mas mabagal sa ibang mga sasakyan o biglaang paghinto, kung hindi man mas mapanganib, dahil maaari kang magdulot ng banggaan sa likuran o magdulot na pumaling ang ibang mga nagmamaneho upang maiwasang mabangga ang iyong sasakyan. Kung nasa pangmabilis na linya (fast lane) ka at napansin mong lumilipat ang mga sasakyan sa kanang linya upang i-overtake ka, o may isang linya ng mga sasakyan na nagsusunuran sa likuran mo, ang pinakamahusay na gawin ay lumipat sa kanang linya, kapag ligtas, at hayaang mag-overtake ang (mga) sasakyan.

Mga Panganib sa Pagmamaneho

Tubig sa Daan

Magmabagal kapag maraming tubig sa daan. Kapag malakas ang ulan na may bilis na 50 mph o higit pa, maaaring mawalan ng kapit ang iyong mga gulong sa daan at dadaan ang iyong sasakyan sa tubig o "hydroplaning." Maaaring madulas ang iyong sasakyan dahil sa ilang maliit na pagbabago sa direksyon, pagpreno, o bugso ng hangin.

Kung nagsimulang mag-hydroplane ang iyong sasakyan, magmabagal nang paunti-unti—huwag tapakan ang mga preno.

Madudulas na Daan

Magmabagal sa unang senyales ng ulan, lalo na pagkatapos ng tag-init. Pinakamadulas ang maraming daan sa panahong ito, dahil hindi pa natanggal ang langis at alikabok. Hindi bibigyan ng isang madulas na daan ang iyong mga gulong ng kapit na kailangan ng mga ito. Magmaneho nang mas mabagal sa pagmamaneho mo sa isang tuyong daan. Baguhin ang iyong bilis sa mga sumusunod:

- **Basang kalsada**–Magmaneho nang 5 hanggang 10 mph na mas mabagal.
- **Namumuong snow**–Bawasan ang iyong bilis nang kalahati.
- **Yelo**–Kasingbagal ng paggapang.

Mas madulas ang ilang daan kumpara sa iba kapag basa at karaniwang mayroong mga sign ng babala na naka-post. Narito ang ilang pahiwatig upang tulungan kang makita ang madudulas na daan:

- Sa malalamig at, basang araw, maaaring nagtatago ang mga lilim mula sa mga puno o gusali ng mga bahaging may yelo. Unang nagyeyelo ang mga lugar na ito at huling natutuyo.
- May posibilidad na unang magyelo ang mga tulay at overpass bago ang kabuuan ng daan. Maaaring magtago ang mga ito ng ilang bahaging may yelo.
- Kung nagsimulang umulan sa isang mainit na araw, maaaring maging napakadulas ng daan sa unang ilang minuto. Nagdudulot ang init na pumaibabaw ang langis sa aspalto. Ginagawang madulas ng langis ang daan hanggang sa tanggalin ng ulan ang langis sa ibabaw ng daan.

Malalakas na Hangin

Maaaring mapanganib ang malalakas na hangin habang nagmamaneho, lalo na sa mas malalaking sasakyan, trak, camper, at sasakyang may mga trailer. Kasama sa ilang pag-iingat para sa pagmamaneho sa mahahanging lugar ang:

- **Magbawas ng bilis.** Ang pagbabagal ay nagbibigay sa iyo ng mas mahusay na kontrol sa sasakyan at magbibigay sa iyo ng mas maraming panahon upang tumugon sa pangyayaring tamaan ng isang malakas na bugso ng hangin ang iyong sasakyan.
- **Panatilihin ang isang pirming posisyon ng kamay sa manibela.** Hindi malalaman kung may paparating na malakas na hangin, at kung hindi mo hawak ang manibela nang maayos, maaaring sapat na lumakas ang mga bugso ng hangin upang mabitawan mo ang manibela.
- **Maging alerto.** Magtuon sa unahan at mag-ingat sa anumang mga debris sa daan. Maaaring ikalat ng malalakas na hangin ang mga debris sa highway o magtapon ng mga debris nang direkta sa iyong daanan. Sa pamamagitan ng pagtuon sa unahan binibigyan mo ng higit pang panahon ang iyong sarili na tumugon sa mga panganib sa daan.
- **Hindi paggamit ng cruise control.** Maaari kang magpanatili ng maximum na kontrol ng pedal ng accelerator (gas) kapag may mangyaring hindi inaasahang mga bugso ng hangin.
- **Maging proactive.** Hintaying matapos ang pag-ihip ng malakas na bagyo. Maaaring mas ligtas na huminto at magpahinga.

Pagmamaneho sa Lugar na Mahamog o Lubhang Mausok

Ang pinakamabuting payo para sa pagmamaneho sa lugar na mahamog o lubhang mausok ay HUWAG itong gawin. Dapat mong isaalang-alang ang pagpapaliban ng iyong paglalakbay hanggang sa mawala ang hamog. Gayunpaman, kung kailangan mong magmaneho, magmaneho nang mabagal, i-on ang iyong mga windshield wiper, at gamitin ang iyong mga **low beam** na headlight. Ang liwanag mula sa mga high-beam na headlight ay magbabalik ng sinag at magsasanhi ng liwanag.

Huwag kailanman magmaneho nang gamit lamang ang iyong mga ilaw sa pagparada o panghamog.

Dagdagan ang iyong distansya sa pagsunod at maging handa sa paghinto sa loob ng espasyo na makikita mo sa unahan. Iwasang tumawid o dumaan sa mga lane ng trapiko maliban kung lubusang kinakailangan. Makinig sa trapiko na hindi mo makita. Gamitin ang iyong mga wiper at defroster kung kinakailangan para sa pinakamabuting paningin.

Kung kumakapal ang hamog na hindi ka na halos makakita, isaalang-alang ang paghinto sa daan, pag-activate ng iyong mga ilaw ng signal na pang-emergency, at paghihintay hanggang sa bumuti ang panahon bago magpatuloy.

Pagmamaneho Nang May Nakakasilaw na Araw

Maaaring maging sobrang mapanganib ng nakakasilaw na araw sa pagmamaneho. Makakatulong sa iyo ang mga sumusunod na tip upang mapangasiwaan ang pagkasilaw sa araw:

- Panatilihing malinis ang loob at labas ng iyong windshield.
- Tiyaking maayos na gumagana ang mga wiper sa iyong windshield at puno ang likido para sa iyong wiper.
- Magsuot ng polarized na sunglasses.
- Tiyaking may sapat na espasyo sa pagitan ng iyong sasakyan at mga nakapaligid na sasakyan. Dapat ay walang nakakasagabal sa visor ng iyong sasakyan at gumagana ito nang maayos.
- Maging mas maingat pagdating sa mga daanan ng mga taong naglalakad. Maaaring hindi mo sila kaagad makita.
- Subukang iwasang magmaneho habang papasikat at papalubog ang araw.

Pagmamaneho sa Dilim

Mas mahirap at mapanganib ang pagmamaneho sa gabi kaysa sa umaga. Tiyaking makakahinto ka sa loob ng distansya na naliliwanagan ng iyong mga ilaw sa unahan ng sasakyan. Gamitin ang iyong mga low-beam na ilaw sa unahan ng sasakyan sa gabi kapag umuulan. **Huwag magmaneho gamit lamang ang iyong mga ilaw sa pagparada.**

Gamitin ang iyong mga high-beam na headlight sa tuwing posible sa bukas na daan sa country o madidilim na daan ng lungsod, hangga't hindi ito ilegal. Huwag harangan ang paningin ng ibang mga nagmamaneho gamit ang iyong mga high-beam na headlight. Padilimin ang iyong mga ilaw kung kinakailangan. Kung maliwanag ang ilaw ng ibang sasakyan:

- Huwag tumingin nang direkta sa mga paparating na headlight.
- Tumingin sa kanang gilid ng iyong linya.
- Tingnan ang paparating na sasakyan palabas sa sulok ng iyong mata.
- Huwag subukang “gumanti” sa ibang nagmamaneho sa pamamagitan ng pagpapanatiling naka-on ng iyong maliliwanag na ilaw. Kung gagawin mo iyon, pareho kayong maaaring mabulag.

Kapag nagmamaneho ka sa gabi, tandaan:

- Mas mahirap makita ang mga tumatawid at nagbibisikleta sa gabi; maging alerto sa mga iyon.

- Mas mahirap din makita ang mga motorsiklo sa gabi dahil ang karamihan ay mayroon lamang isang ilaw sa likuran.
- Ang mga konstruksyon ng highway ay maaaring gawin sa gabi. Bawasan ang iyong bilis sa mga lugar ng konstruksyon sa highway.
- Kapag umalis ka sa isang maliwanag na lugar, magmaneho nang mabagal hanggang sa makaayon ang iyong mga mata sa kadiliman.
- Kapag may kasalubong kang sasakyang may isang ilaw, magmaneho nang pinakamalapit sa kanan hangga't maaari. Maaaring ito ay isang nagbibisikleta o nagmomotor, ngunit maaaring isa rin itong sasakyang may kulang na headlight.

Pagmamaneho sa Ulan o Snow

Pinakamadulas ang maraming kalsada kapag kasisimula pa lamang umulan o mag-snow dahil hindi pa naaalis ang langis at alikabok. Magmabagal sa unang hudyat ng ulan, ambon, o snow sa daan. I-on ang iyong mga windshield wiper, low-beam na headlight, at defroster. Sa isang napakalakas na bagyo o snowstorm, maaaring hindi mo magawang makita ang 100 talampakang layo mula sa iyong sasakyan. Kapag hindi ka makakita ng mas malayo sa 100 talampakan, hindi ka ligtas na makakapagmaneho ng mas mabilis sa 30 mph. Maaaring kailanganin mong huminto paminsan-minsan upang punasan ang putik o snow sa iyong windshield, mga headlight, at mga taillight. Kung nagmamaneho ka sa mga lugar na ma-snow, dalhin ang tamang bilang ng mga kadena at tiyaking magkakasya ang mga ito sa iyong mga gulong. Matutunan kung paano ilagay ang mga kadena **bago** mo kailanganing gamitin ang mga ito.

Mga Bahang Kalsada

Ang labis na tubig sa kalsada ay maaaring magdulot ng baha. Maaari itong mangyari nang paunti-unti o biglaan. Maaaring mapanganib at nakamamatay ang baha. Mahalagang maunawaan ang mga panganib ng pagkakaroon ng tubig sa kalsada. Kasama sa ilan sa mga panganib ng bahang kalsada ang:

- Pagkatangay ng sasakyan.
- Mga lumulutang na debris at hindi nakikitang panganib.
- Pagguho ng kalsada.
- Problema sa paggana ng sasakyan (hal. pagkasira ng preno).
- Pagkakuryente kung may mga bumagsak na linya ng kuryente.

Pinakamainam na maghanap ng alternatibong ruta kung makakakita ka ng isang bahang kalsada. Maaaring hindi mo matukoy ang lalim ng baha sa pamamagitan lang ng pagtingin; maaaring malalim at mapanganib itong tawirin. Kung wala ka nang iba pang opsyon maliban sa pagdaan sa bahang kalsada, tiyaking babagalan mo ang pagmamaneho. Kapag ligtas ka nang nakadaan sa tubig, dahan-dahan at maingat na suriin kung gumagana nang maayos ang iyong preno.

Pagmamaneho sa Hill Country o Mga Curve

Hindi mo alam kung ano ang nasa kabilang bahagi ng isang pataas na daan o isang sharp curve. Kapag dumating ka sa isang pataas na daan o curve, bumagal upang makahinto ka para sa anumang panganib. Dapat kang magmaneho nang sapat na mabagal upang makahinto.

Sa tuwing nahaharangan ang iyong paningin ng isang pataas na daan o isang curve, dapat mong ipagpalagay na may isa pang sasakyang nasa unahan mo. Lagpasan lamang ang sasakyan kung ang isang pataas na daan o isang curve ay hindi bababa sa ⅓ ng isang milya ang layo, dahil kailangan mo ng ganoong karaming puwang upang ligtas na makadaan.

Huwag magmaneho sa kaliwang bahagi ng daan kapag papalapit sa isang curve o sa tuktok ng isang burol, dahil hindi mo sapat na makikita kung ligtas na magpatuloy.

Mga Pampigil sa Trapiko

Ginagamit ang mga pampigil sa trapiko ng mga nagpapatupad ng batas upang:

- Pabagalin o pahintuin ang trapiko upang alisin ang mga panganib sa daan.
- Magsagawa ng mga operasyong pang-emergency.
- Pigilan ang mga banggaan sa trapiko sa labis na hamog o hindi karaniwang mabagal na daloy ng trapiko.

Sa isang pampigil sa trapiko, binubuksan ng opisyal ang pang-emergency na mga ilaw sa likuran, binabagalan ang sasakyan, at nagmamaneho sa lahat ng linya ng trapiko nang pakaliwa't pakanan. Upang tulungan ang opisyal sa pagsasagawa ng pampigil sa trapiko:

- I-activate ang iyong pang-emergency na mga flasher upang bigyang-babala ang ibang mga nagmamaneho na may panganib sa kanilang daraanan.
- Dahan-dahang simulang bawasan ang iyong bilis. Huwag agarang bagalan ang takbo maliban kung kinakailangan upang maiwasan ang isang banggaan. Magmabagal nang kasing bagal ng opisyal habang nagpapanatili ng ligtas na layo mula sa sasakyan ng patrol sa iyong unahan.
- **Huwag** tangkaing unahan ang sasakyan ng patrol. Huwag bilisan hanggang sa i-off ng sasakyan ng patrol ang pang-emergency na mga ilaw nito at pinapayagan ng mga kundisyon ng trapiko ang pagbabalik sa mga karaniwang bilis.

Linisin ang Mga Bintana at Salamin

Panatilihing malinis ang loob at labas ng iyong windshield at mga bintana. Mahirap makakita dahil sa maliwanag na sikat ng araw o mga headlight sa maruming bintana. Alisin ang yelo, frost, o hamog sa lahat ng mga bintana bago ka magmaneho.

Kung nagmamaneho ka sa ulan o snow, maaaring kailanganin mong huminto upang alisin ang putik o snow sa iyong windshield, mga headlight, at mga taillight.

Isaayos ang Upuan at Mga Salamin

Isaayos ang iyong upuan bago mo isuot ang iyong sinturong pangkaligtasan. Dapat kang umupo nang may sapat na taas upang makita ang daan. Isaayos ang iyong mga salamin sa likuran at gilid bago magsimulang magmaneho. Kung ang iyong sasakyan ay mayroong salamin na pang-araw/pang-gabi, matutunan kung paano ito gamitin. Binabawasan ng setting na pang-gabi ang liwanag ng headlight mula sa mga sasakyan na nasa likuran mo at tinutulungan kang makakita nang mabuti.

Kaligtasan ng Gulong

Ang mga gulong ay isang mahalagang aspeto ng kaligtasan sa pagmamaneho. Narito ang ilang simpleng tip na makakatulong sa iyo na imantene ang iyong mga gulong:



Kung nakikita mo na ang ibabaw ng ulo ni Lincoln, panahon nang kumuha ng mga bagong gulong.

- Maghanap ng anumang mga punit o umbok sa gilid ng gulong, tingnan ang lalim ng tread, at siguruhing ang pressure ng iyong gulong ay nasa tamang saklaw sa pamamagitan ng pagsangguni sa manwal para sa may-ari o sa indicator ng pounds per square inch (PSI) sa panloob na gilid ng pintuan ng sasakyan.
- Maaari kang gumamit ng isang sentimo upang suriin ang tread sa iyong sasakyan.
  - — Hawakan ang sentimo sa paraang makikita mo ang ulo ni Abraham Lincoln. Dapat ay ipitin mo ang sentimo sa pagitan ng iyong mga daliri nang sa gayon ay nakaharap sa iyo ang kanyang ulo at ganap itong nakikita.
  - — Ilagay ang sentimo, nang nakapababa ang ulo, sa pinakamalalim na groove sa tread ng iyong sasakyan. Kung ganap na nakikita ang ulo, kailangan nang palitan ang iyong mga gulong.

Pagmamaneho na Hindi Nakakasama sa Kalikasan

Ang pagmamaneho na hindi nakakasama sa kalikasan, o "smart" na pagmamaneho, ay isang hanay ng mga aktibidad at diskarte na nagma-maximize sa paggamit ng gasolina ng sasakyan at nagpapababa ng mga emission sa pamamagitan ng pagpapahusay sa mga kasanayan sa pagmamaneho at regular na pagmementina ng sasakyan. Ayon sa Ahensya para sa Pagprotekta ng Kalikasan ng Estados Unidos (*U.S. Environmental Protection Agency*, EPA), "…ang sektor ng transportasyon ang naglalabas ng pinakamalaking bahagi ng mga emission ng greenhouse gas."

Narito ang ilang aktibidad na madaling tandaan, na magagamit mo para sa pagmamaneho na hindi nakakasama sa kalikasan:

- Gawi–Marahang bilisan o bagalan ang takbo, at magpanatili ng hindi pabagu-bagong average na bilis.
- Pagmamantine–Panatilihing maganda ang kundisyon ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng regular na pag-inflate sa mga gulong, pagpapa-oil change, at pagsusuri sa mga filter.

Mga Tip na T.I.R.E.

T. Tread

Maglagay ng nakataob na barya sa tread ng gulong. Kung nakikita mo ang buong ulo ni Lincoln, masyadong mababa ang tread at kailangan mo ng bagong gulong.

I. Inflate (Impis)

Suriin ang air pressure isang beses kada buwan. Nagdudulot ang mababang pressure ng gulong ng paglambot nito at hindi pagtagal ng gasolina sa daan.



R. Rotate (Pagpalit-palitin)

Pagpalit-palitin ang iyong mga gulong kada 3,000–5,000 milya upang mas tumagal ang tread ng gulong.

E. Evaluate (Suriin)

Suriin ang iyong mga gulong araw-araw kung may anumang hindi normal na pagluwag, bitak, at pako.

Ilang minuto lang kada buwan ang kailangan upang matiyak na ligtas ang gulong.

STATE OF CALIFORNIA
DMV
DRIVING CHANGE...
DEPARTMENT OF MOTOR VEHICLES

- Bigat–Alisin ang mga nagpapabigat sa iyong sasakyan sa pamamagitan ng paglilinis sa trunk, o pag-aalis sa mga patungan ng bagahe sa bubong.

Para lalong pababain ang mga emission, isaalang-alang ang sasakyang walang emission na pinapaandar ng kuryente o hydrogen. Ang mga sinasaksak na de-kuryenteng sasakyan ay nacha-charge nang magdamagan sa gabi sa bahay o sa estasyon ng pag-charge para sa publiko o sa lugar ng trabaho. Ang mga de-kuryenteng sasakyan na pinapatakbo ng hydrogen fuel cell ay muling kinakargahan sa mga pampublikong estasyon ng hydrogen. Ang mga ito ay parehas na walang emission sa tambutso, hindi nangangailangan ng oil change, may magandang distansyang nalalakbay, at minimal na pagmamantene.

Tandaan: Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **www.FuelEconomy.gov**. Ang pagmamaneho na hindi nakakasama sa kalikasan ay isinusulong ng Tanggapan ng Transportasyon at Kalidad ng Hangin (*Office of Transportation and Air Quality*) at Ahensya para sa Pagprotekta ng Kalikasan ng Estados Unidos (*U.S. Environmental Protection Agency*).

Iba Pang Panganib

Ang lahat ng sasakyang gumagamit ng gas ay naglalabas ng carbon monoxide. Ang carbon monoxide ay isang nakamamatay na gas na walang amoy, na lumalabas sa exhaust pipe ng sasakyan. Maaaring mapabilang sa mga sintomas ng pagkalason sa carbon monoxide ang: pagkapagod, paghikab, pagkahilo, pagkaduwal, pananakit ng ulo, at/o pagkarinig ng tunog sa tainga. Maiiwasan mo ang pagkalason sa carbon monoxide sa pamamagitan ng regular na pagsusuri sa exhaust system. Bukod pa rito, iwanang bahagyang nakabukas ang bintana kapag pinapaandar ang makina, habang minamaneho ang sasakyan, o habang pinapaandar ang makina habang nakaparada. **Huwag na huwag** paandarin ang makina nang nakasara ang pinto ng iyong garahe.

Ano ang Dapat na Gawin ng Nagmamaneho Sa Pagpapatupad na Paghinto

Kilalanin ang pagdating ng opisyal sa pamamagitan ng pag-on ng iyong signal sa pagliko sa kanan. Ipinapaalam mo sa opisyal na kinikilala mo ang kanyang pagdating sa pag-activate ng iyong signal. Maaaring maalarma ang isang opisyal kung nabigo kang kilalanin siya, at maaaring isipin na mayroon kang dahilan upang iwasan ang pagtabi o may kapansanan ka.

Ilipat ang iyong sasakyan sa kanang gilid na bahagi ng daan. Gagabayan ka ng opisyal gamit ang kanyang sasakyan ng patrol. Huwag lumipat papunta sa gitnang median. Huwag huminto sa gitnang median ng isang freeway o sa kabilang bahagi ng isang dalawang linyang daan. Inilalagay nito ang parehong nagmamaneho at opisyal sa panganib ng pagkakabangga ng paparating na trapiko.

Sa isang freeway, ganap na lumipat patungo sa kanang gilid ng daan, kahit na kung nasa linya ka ng carpool/mga sasakyang may dalawa o higit pang pasahero. Huminto sa isang maliwanag na lugar sa kapag posible. Ihinto ang iyong sasakyan nang pinakamalayo sa daan hangga't maaari. Kapag madilim, maghanap ng mga lokasyon na may higit na liwanag gaya ng mga lugar na may mga ilaw ng kalye o freeway, malapit sa mga restaurant o mga service station.

Ihinto ang iyong pakikipag-usap sa cell phone at i-off ang iyong radyo. Kailangan ng opisyal ang buo mong atensyon upang makipag-usap sa iyo upang makumpleto ang pagpapatupad na paghinto sa pinakakaunting panahong kailangan.

Manatili sa loob ng iyong sasakyan maliban kung iutos ng opisyal na lumabas. Huwag kailanman lumabas sa iyong sasakyan, maliban kung inutusan kang gawin ito ng isang opisyal. Sa isang pagpapatupad na paghinto, ang mga priyoridad ng opisyal ay ang iyong kaligtasan, ang kaligtasan ng iyong mga pasahero, at ang sariling kaligtasan ng opisyal. Sa karamihan ng sitwasyon, ang pinakaligtas na lugar para sa iyo at sa iyong mga pasahero ay sa loob ng iyong sasakyan. Mapapataas ng paglabas sa iyong sasakyan nang hindi muna iniuutos ng isang opisyal ang pagkakabangga ng isang sasakyan at/o ang antas ng pakiramdam ng pagbabanta ng opisyal.

Ilagay ang iyong mga kamay sa isang lugar na madaling makita, kasama ang lahat ng kamay ng mga pasahero, tulad ng sa manibela, sa iyong kandugan, atbp. Sa isang pagpapatupad ng paghinto, mas makakaramdam ng banta ang isang opisyal kung hindi niya makikita ang mga kamay ng nagmamaneho at ng lahat ng nakasakay sa sasakyan. Nangyayari ang karamihan ng kriminal na gawain laban sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas sa paggamit ng mga kamay ng tao, gaya ng paggamit ng baril, matulis na bagay, atbp. Kung may tint ang iyong mga bintana, inirerekumendang ibaba mo ang iyong mga bintana pagkatapos mong ihinto ang iyong sasakyang sa kanang gilid ng daan at bago makipag-ugnay sa iyo ang opisyal.

PANGANGASIWA NG MGA EMERGENCY

Mga Mekanikal na Tip

Pagdausdos sa Madudulas na Daan

Maaaring dumulas ang iyong sasakyan dahil sa yelo at namuong snow sa daan, lalo na kung nagmamaneho ka nang masyadong mabilis o sa isang pababang daan. Kapag nagsimula kang dumulas:

- Pagaanin ang pagtapak sa pedal ng accelarator (gas).
- Ihinto ang pagpreno.
- Ilipat ang manibela sa direksyon ng pagdulas.

Kung hindi mo makontrol ang iyong sasakyan sa isang madulas na daan, subukang maghanap ng isang bagay upang ihinto ang pagdulas. Subukang dalhin ang isang gulong sa isang tuyong daan o sa gilid ng daan. Maaaring kailanganin mong dahan-dahang gumilid sa isang tambakan ng snow o ilang halaman upang maihinto ang sasakyan.

Upang maiwasan ang pagdausdos sa madudulas na daan:

- Mabagal na magmaneho at manatiling malayo sa sasakyang nasa iyong harapan.
- Magmabagal sa pagpasok sa mga curve at panulukan.
- Iwasan ang mabibilis na pagliko.
- Iwasan ang mabibilis na paghinto. "Tapakan" ang mga preno upang magmabagal o huminto (huwag tapakan ang mga anti-lock na preno).
- Lumipat sa mababang gear bago bumaba sa isang matarik na burol.
- Iwasan ang mas madudulas na lugar, gaya ng mga namuong yelo, basang mga dahon, langis, o malalalim na lubak.

Kung nabasa ang mga preno, tuyuin ang mga ito sa pamamagitan ng **bahagyang** pagtapak sa pedal ng accelerator (gas) at pedal sa pagpreno nang sabay upang lumayo ang sasakyan sa pressure ng mga preno. Gawin ang bahagyang pagtapak na ito hanggang sa matuyo lamang ang mga preno.

Paglihis sa Daan

Kung lilihis ang sasakyan sa daan, higpitan ang hawak sa manibela, pagaanin ang pagtapak sa pedal ng accelerator (gas), at marahang magpreno. Pagkatapos tingnan ang mga sasakyan sa likod, marahang bumalik sa daan. Huwag biglang hilahin o pihitin ang manibela; kapag ginawa mo ito, maaari kang mapunta sa paparating na trapiko.

Pagbilis Dahil sa Pagdulas

Karaniwang nangyayari ang pagbilis dahil sa pagdulas kapag nawalan ng kapit ang mga gulong sa ibabaw ng daan. Upang mapanatili ang pagkontrol ng dumudulas na sasakyan, huwag ilapat ang mga preno. Luwagan ang pagtapak sa pedal ng accelerator (gas) at idiretso ang mga gulong sa unahan habang idinidiretso ng sasakyan ang sarili nito.

Na-lock na Mga Pagdulas ng Gulong

Ang ganitong uri ng pagdulas ay karaniwang sanhi ng labis na pagpreno sa napakabilis na pag-andar at pag-lock sa mga gulong. Madudulas ang sasakyan saanman nakaikot ang manibela. Alisin ang iyong paa sa preno upang ma-unlock ang mga gulong. Pagkatapos, idiretso ang mga gulong sa harap habang nagsisimulang dumiretso ang sasakyan. Kung walang anti-lock na preno ang iyong sasakyan at dumulas ang iyong mga gulong nang naka-lock, dahan-dahang apakan ang preno hanggang sa maging ligtas ang bilis para sa pagmamaneho. Gayunpaman, kung aapakan mo ang preno at umabot ito sa sahig, mabilis na i-pump ang preno upang magkaroon ng pressure. Habang pina-pump mo ang preno, ilipat ang iyong sasakyan sa mas mababang gear o gawin itong neutral upang bumagal. Pagkatapos ay subukang gamitin ang iyong preno para sa emergency o pagparada upang huminto. Dahan-dahang pabagalin ang sasakyan hanggang nasa isang ligtas ka nang bilis upang patuloy na magmaneho.

Hindi Paggana ng Accelerator

Kapag na-stuck ang iyong accelerator dapat kang:

1. Lumipat sa neutral.
2. Magpreno.
3. Manatiling nakatingin sa daan.
4. Maghanap ng alternatibong daan na malayo sa trapiko o maghanap ng daan palabas.
5. Magbigay ng babala sa ibang mga nagmamaneho sa pamamagitan ng pagbusina at pag-on ng iyong mga pang-emergency na ilaw.
6. Sumubok na imaneho ang sasakyan nang ligtas paalis sa daan.
7. Huminto at i-off ang ignition.

Babala: Maaaring i-lock ng pag-off sa ignition habang umaandar ang sasakyan ang manibela; mawawalan ka ng kontrol sa pagmamaneho.

Device sa Pag-lock ng Manibela

Huwag kailanman ilagay ang ignition ng iyong sasakyan sa posisyon na "lock" habang ito ay umaandar; magla-lock ang manibela at mawawalan ka ng kontrol sa iyong sasakyan.

Ang Mga Banggaan Ay Hindi Mga Aksidente

Mga Dahilan ng Mga Banggaan

Ang mga pinakakaraniwang sanhi ng mga banggaan ay ang mga sumusunod:

- Mga gambala sa nagmamaneho.
- Hindi ligtas na bilis.
- Pagmamaneho sa maling bahagi ng daan.
- Maling mga pagliko.
- Paglabag sa mga panuntunan ng right-of-way.
- Paglabag sa mga signal ng paghinto at mga sign.

Kung nakikita mo ang mga hazard light ng isang sasakyan sa iyong daraanan, magmabagal. Maaaring may banggaan o ibang emergency sa daan sa iyong daraanan. Huminto at magbigay ng tulong kapag hiningi ng sinuman, o dumiretso nang napakaingat.

Iwasang magmaneho nang malapit sa mga banggaan, kung posible. Mas mabilis na matutulungan ang mga nasugatan kung hindi hinaharangan ng ibang mga sasakyan ang daan.

Pagkasangkot sa Banggaan

Kung ikaw ay nasangkot sa isang banggaan:

- Dapat kang huminto. Maaaring may nasugatan at nangangailangan ng iyong tulong. Kung hindi ka huminto, maaari kang maakusahan ng "hit and run" at maaaring labis na maparusahan.
- Tumawag sa 9-1-1, kung nasugatan ang sinuman.

- Ilipat ang iyong sasakyan sa labas ng trapiko kung walang nasugatan o namatay.
- Ipakita ang iyong driver license, card sa pagpaparehistro ng sasakyan, patunay ng pinansyal na pananagutan, at kasalukuyang address sa ibang nagmamaneho, mga sangkot, at pulis.
- Ikaw (o ang ahente ng iyong insurance, broker, o legal na kinatawan) ay dapat gumawa ng isang nakasulat na ulat sa pulisya o sa Patrol sa Highway ng California (*California Highway Patrol*, CHP) sa loob ng 24 na oras matapos ang banggaan kung may namatay o napinsala.
- Dapat kang gumawa (o ang iyong insurance agent, broker, o legal na kinatawan) ng isang nakasulat na ulat sa DMV sa loob ng 10 araw.
- Kung nakabangga ka ng isang nakaparadang sasakyan o ibang ari-arian, mag-iwan ng isang sulat na may pangalan mo, numero ng telepono, at address o ilagay ito nang mabuti sa sasakyan o ari-ariang nabangga mo. I-ulat ang banggaan sa pulis sa lungsod, o sa mga lugar na hindi bahagi ng anumang munisipalidad, sa CHP.
- Kung gumulong ang iyong nakaparadang sasakyan at bumangga sa ibang sasakyan, subukang hanapin ang may-ari at i-ulat ang insidente sa mga kinauukulan tulad ng binanggit sa itaas.
- Kung nakapatay o nakasugat ka ng isang hayop, tumawag sa pinakamalapit na humane society, pulis, o CHP. Huwag subukang ilipat ang isang nasugatang hayop o iwanang mamatay ang isang nasugatang hayop.

Pag-uulat ng Isang Banggaan

Kapag ikaw ay nasangkot sa banggaan, iulat ito sa DMV sa loob ng 10 araw kung:

- Higit pa sa $1,000 ang halaga ng pinsala ang nagawa sa ari-arian ng sinumang tao.
- May sinumang nasugatan (hindi man malala) o namatay.

Ang bawat nagmamaneho (o ahente sa insurance, broker, o legal na kinatawan ng nagmamaneho) **ay dapat na maghain ng ulat sa DMV** gamit ang form ng Pag-uulat ng Aksidente sa Trapiko na Nagaganap sa California (*Report of Traffic Accident Occurring in California*, SR 1). Mag-online sa **www.dmv.ca.gov** o tumawag sa 1-800-777-0133 at hilingin ang form ng SR 1. **Hindi** gagawin ng CHP o pulis ang ulat na ito para sa iyo.

Dapat mong gawin o ng iyong kinatawan ang ulat na ito, ikaw man o hindi ang may kasalanan sa banggaan, kahit na nangyari ang banggaan sa isang pribadong ari-arian.

Sususpendihin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho:

- Kung hindi mo ginawa ang ulat na ito.
- Nang hanggang 4 na taon, kung wala kang wastong saklaw ng insurance, sinuman ang may sala sa banggaan. Sa huling 3 taon ng pagkakasuspinde, maaaring ibalik sa iyo ang iyong driver license kung magbibigay ka ng isang Katibayan ng Patunay ng Insurance sa California (*California Insurance Proof Certificate*, SR 22/SR 1P), at pananatilihin mo ito sa loob ng 3 taon.

Mga Tip sa Kaligtasan

Sa Freeway

Ayon sa CHP, kung nasira ang iyong sasakyan sa freeway:

- Ligtas na tumigil sa kanang gilid ng daan.
- Kung kailangan mong lumabas sa sasakyan, lumabas sa kanang bahagi ng iyong sasakyan, malayo sa trapiko.
- Sa sandaling nakahingi ka na ng tulong, bumalik sa iyong sasakyan, bumalik sa sasakyan mula sa kanang bahagi (malayo sa trapiko), at isuot ang iyong seat belt.
- Manatili sa loob ng iyong sasakyan na suot ang seat belt hanggang sa dumating ang tulong.

Sa ilang pagkakataon (kapag walang sapat na puwang sa gilid ng daan o kung may guardrail o isang lugar upang ligtas na makaalis mula sa mga linya ng freeway), lumabas sa iyong sasakyan at lumayo dito. Gamitin ang iyong mga pang-emergency na kumukutitap na ilaw sa sarili mong pagpapasya ayon sa mga kundisyon ng panahon. Maaaring maging kapaki-pakinabang ang mga ilaw, ngunit nakakaakit din ang mga ito ng mga lasing na nagmamaneho. Ang Service Patrol sa Freeway (*Freeway Service Patrol*, FSP) ng CHP ay nagbibigay din ng mga libreng serbisyong pang-emergency sa kalsada sa panahon ng pagko-commute. Kung hindi ma-start ng FSP ang iyong sasakyan, ito-tow ito nang libre patungo sa isang lokasyong inaaprubahan ng CHP. Tatawag din ang FSP ng karagdagang tulong para sa iyo. Aabisuhan ng CHP ang isang auto club o serbisyo sa pag-tow.

Kung naipit ka sa freeway dahil huminto sa pag-andar ang iyong sasakyan, gagawin ng FSP ang sumusunod:

- Mag-aalok sa iyo ng isang galon ng gas kung naubusan ka.
- “Mag-jump start” ng iyong sasakyan kung ubos na ang baterya.
- Ire-refill ang iyong radiator at lagyan ng tape ang mga hose.
- Papalitan ang isang flat na gulong.
- Iuulat ang anumang banggaan sa CHP.

Hindi gagawin ng programa ng FSP ang sumusunod:

- I-tow ang iyong sasakyan sa isang pribadong talyer o tirahan.
- Magrerekomenda ng mga kumpanyang nagto-tow o nagkukumpuni, at talyer.
- Mag-tow ng mga motorsiklo.
- Tutulong sa mga sasakyang nasangkot sa isang banggaan, maliban na lang kung iniutos ito ng CHP.

Tumawag sa 5-1-1 upang malaman kung nagbibigay ng serbisyo ang FSP sa kinalalagyan mo at kung papaano makikipag-ugnay sa FSP.

Sa Mga Riles ng Tren

Kung hihinto o madi-disable ang iyong sasakyan habang nakaharang sa anumang bahagi ng riles ng tren, walang aksidente o pinsala, at:

- **Nagpa-flash ang mga warning light/papalapit na ang tren**—lumabas kaagad sa iyong sasakyan at tumakbo palayo sa riles na pagmumulan ng tren nang nasa 45 degree na angle, at tumawag sa 9-1-1. Maaaring mayroon ka lamang 20 segundo upang tumakas bago dumating ang tren.
- **Hindi nagpa-flash ang mga warning light/wala kang nakikitang papalapit na tren**—lumabas sa iyong sasakyan at tumawag kaagad sa numero ng Pang-emergency na System ng Pag-Abiso (*Emergency Notification System*, ENS) sa mga poste sa railroad crossing o sa metal na control box malapit sa riles. Ibigay ang lokasyon, numero ng crossing (kung nakapaskil), at ang kalsada o highway na naka-intersect sa riles. Tiyaking sasabihin mo na may sasakyan sa riles. Pagkatapos mong tumawag sa Pang-emergency na System ng Pag-Abiso, tumawag sa 9-1-1.

PAGIGING HANDA NG NAGMAMANEHO

Paningin

Kailangan mo ng malinaw na paningin upang ligtas kang makapagmaneho (tingnan ang seksyong Paningin sa pahina 20). Kung hindi ka makakita nang malinaw, hindi mo matutukoy ang mga layo o makakakita ng panganib, at hindi ka makakagawa ng pinakamahuhusay na pagpapasya. Kailangan mo ring makakita sa peripheral o "sa sulok ng iyong mata" upang makita ang mga sasakyang makakasabay mo habang nakatingin ka sa iyong dinaraanan. Ipatingin ang iyong mga mata bawat isa o dalawang taon.

Pandinig

Mabibigyan ka ng babala ng tunog ng mga busina, sirena, o pagdulas ng gulong laban sa mga panganib. Minsan ay makakarinig ka ng isang sasakyan ngunit hindi ito makita, lalo na kung nasa mga blind spot mo ito.

Maging ang mga taong may maayos na pandinig ay hindi mahusay na makakarinig kung masyadong maingay. Labag sa batas na magsuot ng headset o mga earplug sa parehong tainga habang nagmamaneho.

Masyadong mabagal na nangyayari ang mga problema sa pandinig na hindi mo napapansin ang mga ito. Pana-panahong patingnan ang iyong pandinig. Maiaangkop ng mga nagmamaneho na hindi nakakarinig o may problema sa pandinig ang kanilang mga kasanayan sa kaligtasan ng nagmamaneho sa pamamagitan ng higit pang pagdepende sa kanilang paningin upang mapunan ang kawalan nila ng kakayahang makarinig.

Pagmamaneho Nang Pagod o Inaantok

Nakakaapekto sa iyong paningin ang pagiging pagod o inaantok at pinapatagal ang panahon para kumilos kapag may mga panganib. Iwasang magmaneho kung ikaw ay pagod o inaantok.

Hindi makakapigil sa pagmamaneho nang inaantok ang sumusunod:

- Pagbaba ng bintana.
- Pag-inom/pagkain ng caffeine o matatamis.
- Pagbukas o paglakas sa volume ng radyo.
- Pagbukas ng air conditioner.

Makakapigil sa pagmamaneho nang inaantok ang sumusunod:

- Pagkakaroon ng sapat na tulog bago magmaneho, at hindi pagmamaneho nang walang pahinga.
- Pagmamaneho nang may pasahero, at pakikipagpalit kapag inaantok na.
- Regular na paghinto upang magpahinga kahit na hindi ka pagod.
- Pagtawag ng isang serbisyo sa transportasyon o sa kaibigan upang ihatid ka sa iyong patutunguhan.

Mga Gamot

Tandaan na ang lahat ng gamot, reseta o over-the-counter, ay posibleng mapanganib at maaaring makapagpahina sa iyong pagmamaneho. Maaari kang antukin at maapektuhan ang iyong pagmamaneho ng iniinom mong mga over-the-counter na gamot para sa sipon at mga allergy. Kung kailangan mong uminom ng gamot bago magmaneho, alamin ang mga epekto ng mga gamot na ito mula sa iyong doktor o pharmacist. **Pananagutan mong malaman ang mga epekto ng iniinom mong mga gamot.**

Bago ka magpasyang magmaneho, **huwag**:

- Maghalo ng mga gamot, maliban kung iniutos ng iyong doktor.
- Uminom ng mga gamot na inireseta para sa iba.
- Ihalo ang alkohol sa iyong mga gamot (inireseta o over-the-counter).

Kalusugan at Mga Damdamin

Naaapektuhan ng iyong mga damdamin ang paraan ng iyong pagmamaneho. Huwag hayaang maapektuhan ng iyong mga damdamin ang ligtas na pagmamaneho. Gamitin ang iyong wastong pagpapasya, common sense, at maging magalang kapag ikaw ay nagmamaneho. Sundin ang mga inirerekomendang panuntunan sa ligtas na pagmamaneho.

Talakayin ang mga alalahanin sa kalusugan gaya ng mahinang paningin, mga problema sa puso, diabetes, o epilepsy sa iyong doktor at sundin ang kanyang payo. Abisuhan ang DMV kung mayroon kang kundisyon na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang makapagmaneho nang ligtas.

Mga Kundisyong Dapat na Iulat ng Mga Doktor

Kailangan ng mga doktor at surgeon na iulat ang mga pasyenteng may edad na 14 na taon pataas na mada-diagnose na nawawala ang ulirat, may Alzheimer's Disease, o may mga kaugnay na sakit (*Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan sa California (California Health & Safety Code*, [CHSC] §103900)).

Bagama't hindi kinakailangan sa batas, maaaring i-ulat ng iyong doktor sa DMV ang anumang iba pang kundisyong medikal na pinaniniwalaan niyang maaaring makaapekto sa iyong kakayahang makapagmaneho nang ligtas.

ALAK AT MGA DROGA

Ang Alkohol/Mga Droga at Pagmamaneho Ay Mapanganib

Pinapahina ng alkohol at/o mga droga ang iyong paghuhusga. Ang pinahinang paghuhusga o mahusay na pandama ay nakakaapekto kung paano ka kikilos sa mga tunog at ano ang iyong nakikita. Mapanganib ding maglakad sa trapiko o sumakay sa bisikleta habang nasa ilalim ng impluwensiya ng alkohol o mga droga.

Nalalapat din ang karamihan ng nasabi tungkol sa alkohol sa mga droga. Ang batas sa pagmamaneho nang lasing ng California ay isa ding batas sa pagmamaneho nang lango sa droga. Tumutukoy ito sa "Pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng alak **at/o** mga ipinagbabawal na gamot." Kung pinaghihinalaan ng isang opisyal na nasa ilalim ka ng impluwensiya ng mga droga, maaaring legal na hilingin sa iyo ng opisyal na sumailalim sa pagsusuri sa dugo o ihi. Ang mga nagmamanehong tumanggi sa mga pagsusuring ito ay sakop ng mas mahabang pagkakasuspinde at pagbawi ng driver license.

Ang paggamit ng anumang droga (hindi tinutukoy ng batas ang inireseta, over-the-counter, o mga ilegal na droga) na nagpapahina sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas ay ilegal. Suriin sa iyong doktor o parmasyutiko at basahin ang label ng babala kung hindi ka sigurado kung makakaapekto sa iyong pagmamaneho ang pag-inom sa gamot. Narito ang ilang katotohanan:

- Ang karamihan ng gamot na iniinom para sa sipon, hay fever, allergy, o upang pakalmahin ang mga nerve o kalamnan ay maaaring magpaantok sa isang tao.
- Maaaring mapanganib ang mga gamot na iniinom kasabay ng alkohol. Maraming gamot ang may mga hindi inaasahang side effect kapag ininom kasama ng alkohol.
- Ang mga pep pill, "uppers," at diet pill ay maaaring magsanhi sa nagmamaneho na maging alerto sa maikling oras. Gayunpaman, sa paglaon, maaari itong magsanhi sa isang tao na maging nerbyoso, mahilo, at hindi makapagtuon ng atensyon. Maaari ring maapektuhan ng mga ito ang paningin.

Ang anumang droga na "maaaring magsanhi ng pagkaantok o pagkahilo" ay hindi dapat inumin bago magmaneho. Tiyaking basahin ang label at alamin ang mga epekto ng anumang drogang iyong gagamitin.

Paggamit o Pagdadala ng Alkohol o Mga Produktong Cannabis sa Sasakyan

Napakahigpit ng batas tungkol sa pagdadala ng alkohol o mga droga sa isang sasakyan, nasa highway man o wala. Labag sa batas na uminom ng kahit na anong dami ng alkohol, o manigarilyo o kumain ng anumang produktong cannabis habang nagmamaneho o sumasakay bilang pasahero sa de-motor na sasakyan. Dapat na puno, selyado, at hindi binuksan ang lalagyan ng alkohol na dinala sa loob ng sasakyan; gayunpaman, hindi nalalapat ang batas na ito sa mga pasaherong hindi nagmamaneho sa isang bus, taxi, camper, o motor home. Dapat ilagay ang bukas na lalagyan ng alkohol sa trunk ng sasakyan o sa isang lugar na hindi inuupuan ng mga pasahero. Ang pagtatago ng nabuksang inuming may alkohol sa glove compartment ay partikular na labag sa batas. Dagdag dito, ipinagbabawal ng batas ang pagdadala ng bukas na lalagyan ng cannabis o produktong cannabis kapag nagpapaandar ng sasakyang de-motor.

Mga Nagmamanehong Wala Pang 21 (May Dalang Alkohol)

Kung wala ka pang 21 taong gulang:

- Hindi ka maaaring magdala ng inuming nakakalasing, beer, o alak sa loob ng sasakyan maliban kung may kasama kang magulang o ibang tao tulad ng tinutukoy ng batas at puno, selyado, at hindi bukas ang lalagyan.
- Kung mahuli kang may inuming may alkohol sa iyong sasakyan, maaaring ma-impound ang sasakyan nang hanggang 30 araw. Maaari kang pagmultahin ng hukuman nang hanggang sa $1,000, at maaaring suspindehin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho nang 1 taon **o** hilingin sa DMV na iantala ang pagbibigay ng iyong unang lisensya nang hanggang sa 1 taon, kung wala ka pang lisensya.
- Babawiin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho sa loob ng 1 taon, kung mahatulan ka ng pagmamaneho nang may konsentrasyon ng alkohol sa dugo na 0.01% o mas mataas o pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng alkohol at/o mga droga. Sa unang paglabag, kakailanganin mong kumpletuhin ang pang-edukasyong bahagi ng lisensyadong programa ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya. Maaaring kailanganin ng kasunod na paglabag ang mas mahabang programa sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya at hindi ka magkakaroon ng pinaghihigpitang driver license upang dumalo sa programa ng DUI.

  Pagbubukod: Maaari kang magdala ng mga inuming may alkohol sa mga saradong lalagyan, habang nagtatrabaho para sa isang taong may lisensya ng off-site na pagbebenta ng inuming nakakalasing.

Anumang Edad ng Mga Nagmamaneho

Ilegal ang magmaneho pagkatapos na uminom ng labis-labis na alkohol sa anumang anyo (kabilang ang mga gamot gaya ng cough syrup), o pag-inom ng anumang droga (kabilang ang mga inireresetang gamot), o paggamit ng anumang kumbinasyon ng alkohol o mga droga na nagpapahina sa iyong kakayahang magmaneho.

Mga Limitasyon ng Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo

Ilegal para sa sinumang tao ang magpatakbo ng sasakyan na may:

- Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo na 0.08% o higit pa, kung may edad na 21 taon pataas ang indibidwal.
- Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo na 0.01% o higit pa, kung wala pang 21 taong gulang ang indibidwal.
- Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo na 0.01% o mas mataas sa anumang edad, kung ang tao ay nasa probasyon ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.
- Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo na 0.04% o higit pa, sa anumang sasakyang nangangailangan ng pangkomersyong driver license—may pangkomersyong driver license man na ibinigay sa nagmamaneho o wala.
- Konsentrasyon ng Alkohol sa Dugo na 0.04% o higit pa, kapag may inarkilang pasahero (passenger for hire) sa oras ng paglabag.

Maaaring magsagawa ang DMV ng administratibong pagkilos laban sa iyong pribilehiyong magmaneho pagkatapos mong makulong o madakip para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya Maaaring magsagawa ang hukuman ng hiwalay na aksiyon para sa parehong paglabag. Nauugnay lamang ang pagkilos ng DMV sa iyong pribilehiyo sa pagmamaneho. Maaaring mapabilang sa aksiyon ng hukuman ang multa, pagkakakulong, pagkaantala ng driver license, o pagsailalim sa isang programa para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.

Kapag naabisuhan ng pagkakasalang pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng hukuman, magsasagawa ang DMV ng **karagdagang** pagkilos upang suspendihin o bawiin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho.

Nalalapat ang mga katulad na probisyon (*Kodigo sa Mga Daungan at Nabegasyon sa California (California Harbors and Navigation Code)*) kapag nagpapatakbo ka ng anumang sasakyang-pandagat, aquaplane, jet ski, water ski, o mga katulad na device. Ilalagay ang mga hatol na ito sa iyong talaan sa pagmamaneho at gagamitin ng hukuman upang matukoy ang "mga naunang hatol" para sa pagsesentensya sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya sa sasakyang de-motor. Gagamitin din ang mga hatol na ito kapag tinutukoy ang haba ng pagkilos na pagsususpinde o pagbawi o mga kailangan sa muling pagkuha, dahil sa paglabag na iyong nagawa habang nagmamaneho ng sasakyang de-motor.

Admin Mismo

Kapag nagmamaneho ka sa California, pinapayagan mong suriin ang iyong hininga, dugo, o sa ilang partikular na sitwasyon, ang iyong ihi kung mahuhuli ka para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng alak, mga ipinagbabawal na gamot, o pareho.

Kung mahuhuli ka, maaaring kunin ng opisyal ang iyong driver license, bigyan ka ng pansamantalang driver license sa loob ng 30 araw, at suspindihin ka. Maaari kang humiling ng pagdinig na pang-administratibo sa DMV sa loob ng 10 araw. Maaaring hilingin sa iyong ng nanghuhuling opisyal na magsumite ka ng alinman sa pagsusuri sa hininga o dugo. Wala kang karapatang kumonsulta sa isang abugado bago piliin o kumpletuhin ang isang pagsusuri.

Kung ang iyong konsentrasyon ng alkohol ay 0.08% o mas mataas, maaari kang arestuhin ng opisyal ng pulisya (CVC §§23152 o 23153). Kung makatuwirang naniniwala ang opisyal na nasa ilalim ka ng pinagsamang impluwensiya ng alkohol at mga droga, at nagsumite ka na ng paunang pagsusuri sa alkohol at/o pagsusuri sa hininga, maaaring hilingin pa rin sa iyong magsumite ng pagsusuri sa dugo o ihi dahil hindi nakikita ng pagsusuri sa hininga ang presensya ng mga droga.

Kung tumanggi kang sumailalim sa (mga) kinakailangang pagsusuri sa dugo at/o ihi, maaaring suspindehin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho dahil sa iyong pagtanggi. Kahit na magbago ka ng isip sa ibang pagkakataon, maaaring suspindehin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho para sa parehong dahilan, bagama't sabay na magaganap ang parehong aksiyon.

Wala pang 21—Hindi Pagkunsinte para sa Paggamit ng Alkohol

Kung wala ka pang 21 taong gulang, dapat kang sumailalim sa isang hand-held na pagsusuri sa hininga, paunang pagsusuri para sa alkohol, o sa isa sa iba pang kemikal na pagsusuri. Kung ang sukat ng iyong konsentrasyon ng alkohol sa dugo ay 0.01% o mas mataas sa paunang pagsusuri sa alkohol, maaari kang suspendihin sa loob ng 1 taon.

Kung ipinapakita ng iyong paunang pagsusuri sa alkohol ang konsentrasyon ng alkohol sa dugo na 0.05%, maaaring hilingin sa iyo ng opisyal na magsumite ng alinman sa pagsusuri sa hininga o dugo.

Kung ipakita ng kasunod na pagsusuri ang konsentrasyon ng alkohol sa dugo na 0.05% o mas mataas, bibigyan ka ng opisyal ng utos ng pagsususpinde at aarestuhin ka para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya (CVC §23140).

Mga Hatol ng Hukuman sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya

Kung mahatulan ka ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng alinman sa alkohol at/o mga droga o pareho, at mayroon kang labis-labis na antas ng konsentrasyon ng alkohol sa dugo, maaari kang masentensyahan na magsilbi ng hanggang 6 na buwan sa kulungan at magbayad ng multa sa pagitan ng $390–$1,000 sa unang beses na mahatulan ka. Maaaring ma-impound ang iyong sasakyan at masakop sa mga singil sa pag-imbak.

Sa unang hatol, sususpindihin ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho sa loob ng 6 na buwan, at kakailanganin mong sumailalim sa isang programa para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya, maghain ng isang Katibayan ng Patunay ng Insurance sa California (SR 22/SR 1P), at bayaran ang lahat ng bayarin bago ibalik ang iyong driver license. Maaaring mag-iba ang haba ng programa. Kung ang iyong konsentrasyon ng alkohol sa dugo ay 0.15% o mas mataas, at mayroon ka nang talaan ng iba pang paglabag na may kaugnayan sa alkohol **o** tumanggi kang sumailalim sa isang kemikal na pagsusuri, maaaring iutos sa iyo ng hukuman na kumpletuhin ang isang 9 na buwan o mas mahabang programa. Kung ang iyong konsentrasyon ng alkohol sa dugo ay 0.20% o mas mataas, at isinangguni ka ng hukuman sa isang pinahusay na programa sa paggamot sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya, masususpinde ang iyong driver license sa loob ng 10 buwan. Maaari ring hilingin sa iyong mag-install ng aparatong pumipigil sa paggana ng sasakyan (ignition interlock device, IID) sa iyong sasakyan. Pinipigilan ka ng aparatong pumipigil sa paggana ng sasakyan sa pag-start ng iyong sasakyan kung mayroon kang anumang alkohol sa iyong hininga. Kung mayroong sinumang napinsala bilang resulta ng iyong pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya, ang panahon ng pagsususpinde ay 1 taon.

Sa mga kaso ng malubhang pinsala o pagkamatay, maaari mong kaharapin ang mga sibil na demanda. Ang lahat ng mga hatol na pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ay mananatili sa talaan ng DMV sa loob ng 10 taon. Maaaring ipataw ng mga hukuman at/o DMV ang higit pang mahigpit na parusa para sa mga kasunod na paglabag sa panahong iyon.

Ang konsentrasyon ng alkohol sa dugo na mas mababa sa mga legal na limitasyon ay hindi nangangahulugan na ligtas kang makakapagmaneho. Halos lahat ng mga nagmamaneho ay nagpapakita ng paghina sa alkohol sa mga antas na mas mababa sa legal na limitasyon. Ang paghinang iyong ipinapakita sa oras na pigilan ka ay maaaring sapat upang mahatulan ka ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya kahit na walang pagsukat ng konsentrasyon ng alkohol sa dugo.

PANLOLOKO

ALAMIN ITO
IULAT ITO
PIGILAN ITO

Iwasan ang panloloko sa trabaho

- **Maling Paggamit ng Impormasyon**
- **Pagtanggap ng Mga Suhol para sa Mga Serbisyo**
- **Pagbibigay ng Mga Mapanlokong Dokumento**
- **Pagnanakaw ng Ari-arian o Pera**
- **Maling Pagbawi sa Mga Bayad**

MAHALAGA ANG INTEGRIDAD

MAG-ULAT NG PANLOLOKO: DMV Investigations, Internal Affairs Contact: Reportfraud@dmv.ca.gov

Northern California	**(916) 657-7742**
Southern California	**(626) 851-0173 o (951) 653-5357**

Bisitahin ang **www.dmv.ca.gov** upang makakuha ng Form sa Pagrereklamo ng Panloloko ng INV 19

California Department of Motor Vehicles

Kapag Nakakuha Ka ng DUI – Mawawalan Ka ng Lisensya!

Ilegal ang magmaneho na may Blood Alcohol Content (BAC) na .08% o higit pa (.04% para sa mga nagmamaneho ng pangkomersyong sasakyan at .01% kung wala pang 21 taong gulang). Maaaring maapektuhan ng ibang mga salik, gaya ng kapaguran, mga gamot o pagkain ang iyong kakayahan upang legal na magpatakbo ng sasakyan. Ibinibigay ng talahanayan sa ibaba ang pagtatantiya ng antas ng alkohol sa dugo batay sa dami ng nainom, kasarian at timbang.
TANDAAN: Kahit ang isang inumin ay malamang na makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas!

BLOOD ALCOHOL CONTENT (BAC)
Talahanayan para sa Lalaki (L) / Babae (B)

Bilang ng Nainom		Timbang sa Pounds								Kundisyon sa Pagmamaneho
		100	120	140	160	180	200	220	240	
0	L	.00	.00	.00	.00	.00	.00	.00	.00	Tanging Ligtas na Limitasyon sa Pagmamaneho
	B	.00	.00	.00	.00	.00	.00	.00	.00	
1	L	.06	.05	.04	.04	.03	.03	.03	.02	Huminang Mga Kasanayan sa Pagmamaneho
	B	.07	.06	.05	.04	.04	.03	.03	.03	
2	L	.12	.10	.09	.07	.07	.06	.05	.05	
	B	.13	.11	.09	.08	.07	.07	.06	.06	
3	L	.18	.15	.13	.11	.10	.09	.08	.07	
	B	.20	.17	.14	.12	.11	.10	.09	.08	Lasing Ayon sa Batas
4	L	.24	.20	.17	.15	.13	.12	.11	.10	
	B	.26	.22	.19	.17	.15	.13	.12	.11	
5	L	.30	.25	.21	.19	.17	.15	.14	.12	
	B	.33	.28	.24	.21	.18	.17	.15	.14	

Ibawas ang .01% para sa bawat 40 minuto ng pag-inom.
1 inumin = 1.5 oz. 80 proof na inuming nakakalasing, 12 oz. 5% beer, o 5 oz. 12% alak.

Mas kaunti sa 5 tao sa 100 ang lalagpas sa mga halagang ito.

Mga Nagmamanehong 21 at Pataas—Mga Programa kaugnay ng Pagmamaneho sa Ilalim ng Impluwensiya at Pinaghihigpitang Driver License

Ang pagsailalim sa isang programa para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ay kinakailangan para sa lahat ng hatol kaugnay ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.

Sa pangkalahatan, kung ikaw ay may edad na mahigit sa 21 taon, magpapatala sa isang programa para sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya, maghahain ng isang Katibayan ng Patunay ng Insurance sa California (SR 22/SR 1P), at babayaran mo ang mga bayarin para sa paghihigpit at muling pagbibigay, bibigyan ka ng DMV ng isang pinaghihigpitang driver license, maliban na lang kung mayroon kang pangkomersyong driver license. Pinapayagan ang unang mga paghatol sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ng isang lisensya na naghihigpit sa iyo na magmaneho papunta/mula sa trabaho, sa panahon ng pagkakaroon ng trabaho at papunta/mula sa isang programa sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya. Gayunpaman, kung itinuturing kang isang banta sa "kaligtasan ng trapiko" o "pampublikong kaligtasan," maaaring utusan ng hukuman ang DMV na huwag kang bigyan ng isang pinaghihigpitang driver license. Maaari ding ipagbawal ng ibang mga pagkilos laban sa iyo ang pagbibigay ng pinaghihigpitang driver license.

Tandaan: Madidiskwalipika ang mga pangkomersyong nagmamaneho sa loob ng 1 taon, at hindi sila makakakuha ng isang pinaghihigpitang pangkomersyong driver license nang hindi nagda-downgrade sa isang hindi pangkomersyong lisensya (tingnan ang *Handbook ng Nagmamanehong Pangkomersyo sa California*, [DL 650] para sa higit pang impormasyon).

Ang pangalawa at mga kasunod na hatol sa pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya ay humahantong sa pagbigat ng mga parusa, kasama ang isang 2 taong pagkakasuspinde o pagbawi nang hanggang 5 na taon. Pagkatapos mong kumpletuhin ang iniresetang panahon ng iyong pagkakasuspinde/pagbawi at nagpatala sa, o nagkumpleto ng bahagi ng, programa ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya, maaari kang makakuha ng pinaghihigpitang driver license upang magmaneho saanman kailangan, kung ikaw ay:

- Mag-install ng aparatong pumipigil sa paggana ng sasakyan sa iyong sasakyan.
- Sumang-ayong huwag magmaneho ng anumang sasakyang walang aparatong pumipigil sa paggana ng sasakyan.
- Sumang-ayon na kumpletuhin ang iniresetang programa ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensiya.
- Magpasa ng SR 22.
- Bayaran ang mga singil sa muling pagbigay at paghihigpit.

KARAGDAGANG MGA BATAS/PANUNTUNAN SA PAGMAMANEHO

Mga Bagay na Hindi Mo Dapat Gawin:

- **Huwag** manigarilyo anumang oras kapag may menor-de-edad sa loob ng sasakyan. Maaari kang pagmultahin nang hanggang $100.
- **Huwag** magtapon o mag-iwan ng mga hayop sa isang highway. May parusa ang krimen na hanggang $1,000 multa, 6 na buwan sa kulungan, o pareho.

- **Huwag** magmaneho ng isang sasakyan habang gumagamit ng wireless na elektronikong device para sa komunikasyon upang magsulat, magpadala, o magbasa ng mga usapan sa text.
- **Huwag** magsuot ng headset o mga earplug sa **parehong** tainga kapag nagmamaneho.
- **Huwag** magmaneho ng sasakyang punung-puno, ng gamit man o mga tao, na hindi mo ito makontrol, o makita ang nasa harap o nasa gilid ng iyong sasakyan.
  - Ilegal ang magmaneho ng anumang sasakyan na may hindi ligtas, hindi matibay na kargada na mapanganib sa kalusugan (CVC §24002(a)). Ang mga hindi naka-secure na kargada (mga hagdan, timba, at nakakalat na gamit sa likod ng mga pickup na trak) ay maaaring magsanhi ng panganib para sa ibang motorista, lalo na sa mga motorsiklo, kapag nahulog ang mga iyon sa kalsada.
- **Huwag** magdala ng anuman sa isang pampasaherong sasakyan na mas malaki sa mga fender sa kaliwang bahagi o higit pa sa 6 na pulgada ang labis sa mga fender sa kanang bahagi. Ang mga kargamentong mahigit sa 4 na talampakan ang sukat mula sa likod ng likurang bumper ng sasakyan ay dapat lagyan ng isang 12 pulgadang pula o fluorescent orange na parisukat na bandila, o 2 pulang ilaw sa gabi.
- **Huwag** payagan ang isang tao na sumakay sa likuran ng isang pickup o ibang trak, maliban kung may mga upuan ang sasakyan at ginagamit ng tao ang parehong upuan at pangkaligtasang belt.
- **Huwag** magsakay ng mga hayop sa likod ng isang pickup o iba pang trak maliban kung maayos na nakakulong ang hayop; iniiwasan nito ang pagkakahulog ng hayop, pagtalon o pagkakatilapon mula sa sasakyan.
- **Huwag** magmaneho ng sasakyang may video monitor, kung nakikita ng nagmamaneho ang monitor at kung nagpapakita ito ng iba pang bagay maliban sa impormasyon ng sasakyan, mga display ng pandaigdigang pagmamapa, external na media player, o impormasyon ng satellite radio.
- **Huwag** magtapon ng anumang sigarilyo, tabako, o iba pang umaapoy o nagbabagang bagay mula sa iyong sasakyan.
- **Huwag** harangan ang iyong paningin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sign o iba pang bagay sa harapang windshield o likurang bintana. Huwag magsabit ng mga bagay sa salamin. Pinapahintulutan lamang ang mga sticker sa windshield/bintana, atbp., sa mga lokasyong ito:
  - Sa isang 7 pulgadang parisukat sa ibabang sulok ng windshield sa gawi ng pasahero o sa ibabang sulok ng salamin sa likod.
  - Sa isang 5 pulgadang parisukat sa ibabang sulok ng bintana sa gawi ng nagmamaneho.
  - Sa mga gilid na bintana sa likuran ng nagmamaneho.
  - Sa isang 5 pulgadang parisukat sa gitnang itaas ng iyong windshield para sa isang elektronikong device sa pagbabayad ng toll.
- **Huwag** harangan o pigilan ang isang prusisyon ng libing. May right-of-way ang mga sasakyang nakikibahagi sa isang prusisyon ng libing, at kapag pinakialaman, hinarang, o siningitan mo ang isang prusisyon ng libing, mapapailalim ka sa isang utos na humarap sa korte (CVC §2817). Pinapangunahan ang prusisyon ng libing ng isang opisyal sa trapiko. Ang lahat ng sasakyang lalahok sa prusisyon ay magkakaroon ng mga tagamarka sa windshield upang kilalanin ang mga iyon at io-on ang kanilang mga headlight.
- **Huwag** magpatakbo ng sasakyan na may visual o elektronikong produkto o device na humaharang sa pagbabasa o pagkilala sa plaka.
- **Huwag** baguhin ang isang plaka sa anumang paraan.

Mga Bagay na Dapat Mong Gawin:

- **Dapat mong** i-on ang iyong mga headlight nang 30 minuto pagkatapos ng paglubog ng araw at panatilihing nakabukas ang mga ito hanggang 30 minuto bago ang pagsikat ng araw.
- **Dapat** mong pahinain ang iyong mga ilaw sa mababababang beam sa loob ng 500 talampakan ng isang sasakyang makakasalubong mo o sa loob ng 300 talampakan ng sasakyang sinusundan mo.

PANG-ADMINISTRATIBO

Pinansiyal na Pananagutan

Hinihingi ng Batas sa Obligatoryong Pinansyal na Pananagutan ng California (*California Compulsory Financial Responsibility Law*) sa bawat nagmamaneho at bawat may-ari ng isang de-motor na sasakyan na magpanatili palagi ng pinansiyal na pananagutan (saklaw ng pananagutan). May 4 na uri ang pinansyal na pananagutan:

- Patakaran sa insurance sa pananagutan sa de-motor na sasakyan.
- Isang deposito ng $35,000 sa DMV.
- Isang surety bond para sa $35,000 na nakuha mula sa kumpanyang may lisensyang magnegosyo sa California.
- Isang katibayan ng insurance sa sarili na ibinigay ng DMV.

Dapat kang magdala ng nakasulat na ebidensya ng pinansyal na pananagutan sa tuwing nagmamaneho ka, at ipakita ito sa isang opisyal ng pulis pagkatapos ng pagpapahinto sa trapiko o banggaan kapag hininging gawin ito. Kailangan mong magbayad ng multa o ipa-impound ang iyong sasakyan kung hindi ka sumunod sa batas na ito.

Mga Kinakailangan sa Insurance

Ipinapahayag ng batas na dapat kang may pinansyal na pananagutan para sa iyong mga pagkilos sa tuwing magmamaneho ka at para sa lahat ng mga de-motor na sasakyang pag-aari mo. Pinipili ng karamihan ng nagmamaneho na magkaroon ng patakaran ng insurance sa pananagutan bilang pruweba ng pinansyal na pananagutan. Kung masasangkot ka sa isang banggaan na hindi saklaw ng iyong insurance, o kung wala kang insurance, sususpindihin ang iyong driver license. Kung hindi nakilala ang nagmamaneho, sususpendihin ang driver license ng may-ari ng de-motor na sasakyang sangkot sa banggaan.

Ang minimum na halagang dapat na saklawin ng iyong insurance* bawat banggaan ay:

- $15,000 para sa isang pagkamatay o pagkasugat.
- $30,000 para sa pagkamatay o pagkasugat ng higit sa isang tao.
- $5,000 para sa pinsala sa ari-arian.

---

* Available ang mga murang patakaran sa sasakyan sa mga county ng Alameda, Contra Costa, Fresno, Imperial, Kern, Los Angeles, Orange, Riverside, Sacramento, San Bernardino, San Diego, San Francisco, San Joaquin, San Mateo, Santa Clara, at Stanislaus. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong ahente ng insurance.

Tumawag sa 1-800-927-HELP bago ka bumili ng insurance upang makumpirma kung ang iyong ahente/broker at insurer ay lisensyado ng Kagawaran ng Insurance ng California (*California Department of Insurance*).

Kapag binibisita mo ang California o kalilipat lamang dito, malaman na hindi lahat ng mga kumpanya ng insurance sa labas ng estado ay pinapahintulutang magnegosyo sa California. Bago ka magmaneho dito, tanungin ang iyong kumpanya ng insurance kung saklaw ka kung sakaling masangkot sa isang banggaan. Kung nasangkot ka sa isang banggaan sa California, dapat na matugunan ang lahat ng sumusunod na 3 kundisyon upang maiwasan ang pagkakasuspinde ng iyong pribilehiyo sa pagmamaneho:

1. Dapat na magbigay ang iyong patakaran sa pananagutan ng saklaw sa pinsala sa katawan at ari-arian na katumbas o higit pa sa mga limitasyong ipinapahayag sa seksyong ito.
2. Dapat na maghain ang iyong kumpanya ng insurance ng isang power of attorney na pinapayagan ang DMV na kumilos bilang ahente nito para sa legal na serbisyo sa California.
3. Dapat mong i-insure ang sasakyan bago ka magpunta sa California. Hindi mo na mare-renew ang patakaran sa labas ng estado, sa sandaling nairehistro na ang sasakyan sa California.

Mga Banggaan sa Iyong Talaan

Pinapanatili ng DMV ang impormasyon sa bawat banggaang iniulat sa DMV ng:

- Nagpapatupad ng batas, maliban kung sinabi ng nag-uulat na opisyal na ibang tao ang may kasalanan.
- Ikaw o kabilang partidong sangkot sa banggaan, kung may higit pa sa $1,000 halaga ng pinsala ng sinumang isang tao, o kung mayroong nasugatan o namatay.

Hindi mahalaga kung sino ang nagdulot ng banggaan; dapat na itago ng DMV ang talaang ito.

Mga Pagkabangga, Insurance, at Menor-de-edad

Kung wala ka pang 18 taong gulang, dapat lagdaan ng iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga ang iyong aplikasyon para sa driver license at akuin ang pinansyal na pananagutan para sa iyong pagmamaneho. Kapag naabot mo na ang edad na 18, awtomatikong magtatapos ang pananagutan ng iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga.

Kung sangkot ka sa isang banggaan, maaaring managot ang iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga para sa mga pinsalang sibil at maaari ka ring pagmultahin.

Pagbubukod: Maaaring ipakansela ng iyong (mga) magulang o (mga) tagapangalaga ang iyong driver license anumang oras habang isa ka pang menor-de-edad.

Pagkuha ng Tiket

Kung pinigil ka ng isang opisyal ng pulisya at sinita para sa isang paglabag sa batas trapiko, lalagda ka sa isang pangakong lumitaw sa hukumang pantrapiko. Kapag pumunta ka sa hukuman, maaari mong ipahayag na nagkasala o walang sala, o maaari mong i-forfeit (bayaran) ang multa sa sitasyon. Ang pagbabayad sa multa ay pareho sa pahayag na nagkasala.

Kung balewalain mo ang tiket sa trapiko at hindi sinunod ang iyong pangakong pumunta sa hukuman, ang hindi pagpunta ay mapupunta sa iyong talaan ng nagmamaneho. Maaaring magresulta ang kahit isang beses lang na hindi pagpunta sa pagsuspinde ng DMV sa iyong driver license. Para maalis ang pagkakasuspinde, kailangan mong alisin ang lahat ng hindi pagpunta sa korte, at magbayad ng bayarin sa muling pagbibigay ng driver license na nagkakahalaga ng $55.

Alinsunod sa batas na may bisa simula Hunyo 27, 2017, hindi na pinapahintulutan ang korte na abisuhan ang DMV kung hindi mo nabayaran ang multa. Ang hindi pagbabayad sa multa ay hindi na magreresulta sa pagsususpinde sa iyong driver license. Upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa bagong batas, bisitahin ang website ng DMV sa **www.dmv.ca.gov**.

Sa bawat oras na hatulan ka ng paglabag sa batas trapiko sa pag-andar, aabisuhan ng hukuman ang DMV, at ilalagay ang hatol sa iyong talaan sa driver license sa pagmamaneho. Idinaragdag din ang mga hatol na inuulat ng mga ibang estado sa iyong talaan ng nagmamaneho.

Pag-iwas sa Opisyal ng Pulisya

Ang sinumang taong tumakas o sumubok na umiwas, habang nagpapatakbo ng sasakyang de-motor, sa opisyal ng pulisyang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin ay nagkasala ng paglabas sa batas na may kaparusahang pagkakakulong sa kulungan ng county ng hindi hihigit sa 1 taon (CVC §2800.1).

Kung mahatulan ang isang tao ng pagsanhi ng seryosong pinsala sa katawan sa kurso ng pagpapahabol sa pulis (CVC §2800.3(a)), sakop siya ng:

- Pagkakakulong sa isang bilangguan ng estado sa loob ng 3, 5, o 7 taon, **o** sa isang bilangguan ng county nang hindi lalampas sa 1 taon.
- Multang hindi bababa sa $2,000, o hihigit sa $10,000.
- Parehong multa at pagkakakulong.

Kapag nahatulan ang isang tao ng hindi sinasadyang pagpatay sa tao na nagresulta mula sa pag-iwas sa pulis sa panahon ng pagpapahabol, sakop siya ng pagkakakulong sa kulungan ng estado para sa minimum na 4 hanggang 10 taon (CVC §2800.3(b)).

Mga Punto sa Talaan ng Nagmamaneho

Mananatili ang iyong mga hatol sa trapiko at banggaan sa iyong talaan nang 36 na buwan, o mas matagal, depende sa uri ng hatol.

Batay ang Sistema ng Pagtrato sa Mga Pabayang Operator (*Negligent Operator Treatment System*, NOTS) sa mga puntos ng pabayang operator at binubuo ng serye ng mga babalang liham na binubuo sa computer at mga kasalukuyang pahintulot laban sa pribilehiyo sa pagmamaneho.

Maaari kang ituring na mapagpabayang operator kapag ipinapakita ng iyong talaan sa pagmamaneho ang isa sa mga sumusunod na kabuuan sa "bilang ng puntos":

- 4 na puntos sa 12 buwan.
- 6 na puntos sa 24 na buwan.
- 8 na puntos sa 36 buwan.

Tandaan: Maaaring magkakaiba ang bilang ng puntos para sa mga nagmamanehong pangkomersyo. Para sa detalyadong impormasyon sa pagbibilang ng puntos, sumangguni sa *Handbook ng Nagmamanehong Pangkomersyo sa California* (DL 650).

Mga Hatol sa Paaralan ng Lumalabag sa Trapiko

Kapag binigyan ng sitasyon ang isang nagmamanehong hindi pangkomersyo para sa 1 puntos sa paglabag sa trapiko, maaaring ialok ng hukom sa nagmamaneho ang pagkakataong dumalo sa paaralan ng lumalabag sa trapiko isang beses sa alinmang 18 buwan na panahon para mabura ang sitasyon sa kanilang tala ng pagmamaneho. Elektronikong inuulat ng paaralan sa hukuman ang pagkakakumpleto sa kurso; gayunpaman, makakatanggap ang estudyante ng resibo ng pagkumpleto mula sa paaralan.

Tandaan: Kapag binigyan ng sitasyon ang isang pangkomersyong nagmamaneho sa isang hindi pangkomersyong sasakyan, **maaaring** maging karapat-dapat ang nagmamaneho na dumalo sa paaralan sa trapiko. Sumangguni sa website ng DMV para sa higit pang impormasyon sa **www.dmv.ca.gov**.

Pagkakasuspinde o Pagbawi

Kung masyadong marami ang makukuha mong puntos para sa pabayang pagmamaneho, ilalagay ka ng DMV sa probation sa loob ng 1 taon (na may 6 na buwang pagkakasuspinde), o babawiin nito ang iyong pribilehiyo sa pagmamaneho (sumangguni sa seksyong "Pang-administratibo" sa pahina 108–114). Ipinapaalam sa iyo ng utos sa iyong pagkakasuspinde o pagbawi ang iyong karapatan sa isang pagdinig.

Sa pagtatapos ng panahon ng pagkakasuspinde o pagbawi, maaari kang mag-apply para sa isang bagong driver license at dapat na magpakita ng patunay ng pinansyal na pananagutan.

Babawiin ng DMV ang iyong driver license kung mahahatulan ka para sa hit-and-run o walang ingat na pagmamaneho na nagresulta sa pinsala.

Tandaan: May kapangyarihan ang mga korte na suspendihin ang driver license ng isang tao.

Pagiging Kumpidensiyal ng Talaan

Available sa publiko ang karamihan ng impormasyon sa iyong talaan sa driver license. Ang address ng iyong tahanan ay matitingnan lamang ng awtorisadong mga ahensya. Ang iyong address sa pagpapadala, kung iba mula sa iyong tahanan, ay mas hindi pinaghihigpitan.

Nananatiling kumpidensiyal ang mga talaan sa pisikal na kundisyon o kundisyon ng pag-iisip ng isang nagmamaneho.

Makakakuha ka ng isang kopya ng iyong talaan sa pagmamaneho sa anumang tanggapan ng DMV sa field nang may bayad gamit ang isang may bisang pagkakakilanlan.

Bandalismo/Graffiti—Lahat ng Edad

Pinapayagan ng batas ng California ang mga hukuman na suspendihin ang driver license ng hanggang 2 taon kung mahahatulan ang isang tao para sa pakikibahagi sa bandalismo, kabilang ang graffiti. Kung mahahatulan ka at wala kang driver license, maaaring iantala ng mga hukuman ang pagbibigay sa iyong driver license ng hanggang 3 taon mula sa petsa kung kailan ka naging kwalipikadong magmaneho.

Mga Paligsahan ng Bilis/Pagmamanehong Walang Pag-iingat

Ang isang taong mahatulan ng pagmamaneho nang walang pag-iingat o nakikilahok sa isang paligsahan ng bilis na magsasanhi ng pinsala sa katawan sa isa pang tao ay sakop sa:

- Pagpapakulong.
- Isang multa.
- Pareho, multa at pagkakakulong (CVC §23104(a)).

Pagdadala ng Mga Baril

Gagawin ng hukuman ang mga sumusunod:

- Sususpendihin o babawiin ang pribilehiyo sa pagmamaneho ng sinumang menor-de-edad na nahatulan ng pagdadala ng itinatagong sandata o live na bala.
- Magpapataw ng mga parusa sa driver license para sa mga menor-de-edad na mahahatulan para sa mga krimeng nauugnay sa mga armas.

Mga Kinakailangan sa Pagpaparehistro ng Sasakyan

Ang sumusunod ay isang maikling buod ng mga kailangan sa pagpaparehistro ng sasakyan ng California. Para makakuha ng detalyadong impormasyon, bisitahin ang **www.dmv.ca.gov**.

Mga Sasakyan sa California

Kapag bumili ka ng bago o nagamit nang sasakyan mula sa isang lisensyadong nagbebenta sa California, mangongolekta ang nagbebenta ng buwis sa paggamit upang irehistro at tituluhan ang sasakyan. Ang buwis sa paggamit ay ipapasa sa Departamento ng Buwis at Pangangasiwa ng Singil ng California (*California Department of Tax and Fee Administration*, CDTFA).

Isusumite ang mga singil at dokumento sa pagsasalin at pagpaparehistro sa DMV na magbibigay sa iyo ng pansamantalang awtorisasyon sa pagpapatakbo. Kadalasan, sa loob ng 6 hanggang 8 linggo pagkalipas ng petsa ng pagbili, makakatanggap ka ng isang card ng pagpaparehistro, mga plaka, sticker, at isang Katibayan ng Titulo sa California (*California Certificate of Title*), kung naaangkop.

Kung lumahok ang nagbebenta sa programa ng Pagiging Awtomatiko ng Kasosyo sa Negosyo (*Business Partner Automation*, BPA), ipoproseso ng nagbebenta o kanilang serbisyo sa pagpaparehistro ang mga dokumento ng DMV at ibibigay ang card sa pagpaparehistro, plaka, at sticker sa customer.

Kung ikaw ay **makakuha o bumili** ng sasakyan mula sa isang pribadong partido, dapat mong ilipat ang pagmamay-ari sa loob ng **10 araw**. Isumite ang sumusunod sa DMV:

- Isang maayos na naendorso at nasagutang form ng Katibayan ng Titulo o Aplikasyon para sa Duplicate o Paperless na Titulo (*Certificate of Title or Application for Duplicate or Paperless Title*, REG 227) sa California.
- Sertipikasyon ng smog, kung kinakailangan.
- Kabayaran ng buwis sa paggamit, kung kinakailangan.
- Form ng Paglipat at Muling Pagtatalaga ng Sasakyan/Sasakyang-Pandagat (*Vehicle/Vessel Transfer and Reassignment*, REG 262), kung naaangkop.
- Mga naaangkop na bayarin sa pagpaparehistro ng sasakyan.

Kapag ikaw ay **nagbenta o naglipat** ng sasakyan, iulat ito sa DMV **sa loob ng 5 araw**.

Maaari mong kumpletuhin ang form ng Abiso sa Paglipat at Pag-release ng Pananagutan (*Notice of Transfer and Release of Liability*, REG 138) online, i-download at ipadala sa pamamagitan ng koreo ang nakumpletong form, o tumawag sa DMV sa 1-800-777-0133 upang hilinging maipadala sa pamamagitan ng koreo ang form.

Mga Sasakyan sa Labas ng Estado

Ang mga sasakyang nakarehistro sa isa pang estado o ibang bansa ay dapat na iparehistro sa California sa loob ng 20 araw pagkatapos mong maging residente o makakuha ng trabaho (sumangguni sa pahina 3 para sa impormasyon patungkol sa karagdagang pamantayan sa paninirahan).

Tandaan: Kung isa kang residente ng California at nakakuha ng **bagong kotse, trak, o motorsiklo** (kasama dito ang ilang sasakyang pinapatakbo ng diesel) mula sa isa pang estado, **tiyaking** natutugunan nito ang mga batas sa smog ng California; kung hindi, maaaring hindi ito maging kwalipikadong irehistro dito. **Hindi** maaaring tumanggap ang DMV ng isang aplikasyon sa pagpaparehistro ng isang sasakyan sa California kung hindi kwalipikadong irehistro ang nasabing sasakyan (CHSC §§43150–43156).

Ang mga hindi residenteng tauhan ng militar at kanilang mga asawa ay maaaring magpatakbo sa kanilang mga sasakyan sa California gamit ang kanilang may bisang plaka mula sa pinagmulang estado o hanggang sa mag-expire ang mga plakang ibinigay mula sa estado kung saan sila huling nakatalaga. Maaari nilang i-renew ang pagpaparehistro sa kanilang pinagmulang estado bago ito mag-expire o irehistro ang sasakyan sa California.

Ang mga bagay na kailangan upang irehistro ang anumang sasakyang wala sa estado ay:

- Nasagutan at nalagdaan nang form ng Aplikasyon para sa Titulo o Pagpaparehistro (*Application for Title or Registration*, REG 343).
- Patunay ng sasakyang nakumpleto ng DMV, ahenteng tagapagpatupad ng batas, o empleyado ng isang auto club.
- Titulo sa labas ng estado at/o huling naibigay na kard sa pagpaparehistro sa labas ng estado, kung hindi naisumite ang titulo.
- Sertipikasyon ng smog, kung kinakailangan.
- Patunay ng timbang para sa mga pangkomersyong sasakyan lamang.
- Mga naaangkop na singil sa pagpaparehistro ng sasakyan at buwis sa paggamit, kung naaangkop.
- Pahayag ng Nakumpletong Pagbubunyag ng Mileage ng Odometer (*Odometer Mileage Disclosure Statement*), kung naaangkop.

Kung binili ang sasakyan mula sa isang nagbebentang nakatala sa programang BPA, maaaring isumite ng nagbebenta ang dokumentasyon sa DMV.

Mga Tip sa Pag-iwas na Manakaw ang Sasakyan

Narito ang ilang tip na magagamit mo upang maiwasang maging biktima ng pagnanakaw ng sasakyan.

- **Huwag iwanan:**
  - — Ang iyong sasakyan na umaandar at walang tao, kahit na bibili lamang sa isang tindahan.
  - — Ang mga susi sa ignition.
  - — Ang mga susi sa loob ng naka-lock na garahe o kahong taguan ng susi.
  - — Ang mahahalagang bagay gaya ng mga wallet, laptop, atbp., nang nakikita kahit na naka-lock ang iyong sasakyan. Itago ang mga ito.
  - — Mga dokumento ng personal na pagkakakilanlan, gaya ng titulo ng sasakyan o mga credit card sa sasakyan.
- **Palaging:**
  - — Isara ang iyong mga bintana at i-lock ang iyong sasakyan kahit na nakaparada ito sa harapan ng iyong tahanan.
  - — Pumarada sa maraming tao, maliliwanag na lugar sa tuwing posible.
  - — Agad na iulat ang nanakaw na sasakyan sa tagapagpatupad ng lokal na batas.
- **Mga Mungkahi:**
  - — Mag-install ng isang mekanikal na device na nagkakandado sa manibela, column, o mga preno.
  - — Pag-isipan ang tungkol sa pagbili ng isang system sa seguridad/pagsubaybay sa pagnanakaw ng sasakyan, lalo na kung nagmamay-ari ka ng isang modelo ng sasakyan na madalas na ninanakaw.
  - — Kapag dapat mong iwanan ang iyong susi sa isang valet, attendant, o mekaniko, iwanan lamang ang susi sa ignition.
  - — Kopyahin ang iyong plaka ng lisensya at impormasyon ng sasakyan sa isang card, at panatilihin sa iyo ang impormasyong iyon at hindi sa loob ng sasakyan. Kakailanganin ng pulis ang impormasyong iyon, kung ninakaw ang iyong sasakyan.

ONLINE NA FAST FACTS TUNGKOL SA DRIVER LICENSE AT IBA PANG LATHALAIN

- FFDL 3 *Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri para sa Driver License*
- FFDL 5 *Mga Kinakailangan para sa Driver License sa California (Ibang Mga Wika)*
- FFDL 6 *Mga Kinakailangan para sa isang Card ng Pagkakakilanlan sa California*
- FFDL 8 *Social Security Number*
- FFDL 8A *Mga Karagdagang Kinakailangan sa Social Security Number*
- FFDL 10 *Potensyal na Hindi Ligtas na Nagmamaneho*
- FFDL 14 *Mga Pamantayan sa Paningin*
- FFDL 15 *Pagpapanatili ng Impormasyon ng Talaan ng Nagmamaneho*
- FFDL 16 *Mga Banggaan ng Sasakyan!*
- FFDL 19 *Probisyonal na Paglilisensya*
- FFDL 22 *Paghahanda para sa Iyong Pagsusulit sa Pagmamaneho*
- FFDL 24 *Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan*
- FFDL 25 *Panloloko Gamit ang Pagkakakilanlan ng Iba*
- FFDL 26 *Proseso ng Mga Pang-administratibong Pagdinig kaugnay ng Kaligtasan ng Nagmamaneho*
- FFDL 27 *Proseso ng Muling Pagsusuri ng DMV*
- FFDL 28 *Mga Nakakagambala sa Nagmamaneho*
- FFDL 29 *Mga Kinakailangan ng Pederal para sa Mga Mapanganib na Materyales*
- FFDL 31 *Mga Aparatong Pumipigil sa Paggana ng Sasakyan*
- FFDL 32 *Limitadong Tuntunin para sa Legal na Pamamalagi*
- FFDL 33 *Pagpili ng Paaralan sa Pagmamaneho para sa Pagtuturo sa Nagmamaneho at Pagsasanay sa Nagmamaneho (DE/DT)*
- FFDL 34 *Fast Facts tungkol sa Pag-donate ng Organ at Tissue*
- FFDL 35 *Pagmamaneho sa Ilalim ng Impluwensiya – Agad na Pagkasuspinde ng Driver License: Mga Nagmamanehong Nasa Edad na 21 at Mas Matanda*
- FFDL 36 *Pagmamaneho sa Ilalim ng Impluwensiya – Agad na Pagkasuspinde ng Driver License: Mga Nagmamanehong Wala Pang 21 Taon*
- FFDL 37 *Pagbabahagi ng Kalsada*
- FFDL 40 *Diabetes at Pagmamaneho*
- FFDL 41 *Pagtulong sa Mga Nagmamaneho na Panatilihin ang Kanilang Kalayaan sa Pagmamaneho*
- FFDL 42 *Mga Kinakailangan sa Pagsasanay para sa Pag-eendorso ng Bumbero*
- FFDL 43 *Isa Ka Bang Beterano?*
- FFDL 45 *Mga Resetang Gamot at Pagmamaneho. Ano ang mga Panganib?*

- FFDMV 4 *Kahilingan para sa Pampublikong Impormasyon - Pagkuha ng Impormasyon mula sa mga Tala ng DMV*
- FFDMV 17 *Paano Ibinabahagi ang Iyong Impormasyon*
- *Gabay sa Senior para sa Ligtas na Pagmamaneho* (DL 625)
- *Gabay sa Pagsasanay ng Magulang-Tinedyer sa California* (DL 603)
- *Paghahanda para sa Iyong Karagdagang Pagsusuri sa Pagmamaneho* (DL 956)
- *Pamantayan sa Pagsusulit sa Pagmamaneho* (DL 955)

Para sa mga halimbawang pagsusulit, bisitahin ang website ng DMV sa www.dmv.ca.gov.

MGA TALA

Ang pagpondo sa programang ito ay mula sa grant galing sa Tanggapan ng Kaligtasan ng Trapiko ng California (*California Office of Traffic Safety*) sa pamamagitan ng Pangasiwaan ng Kaligtasan ng Trapiko sa Highway.

MGA NAGMAMANEHO

- Magmabagal.
- Alertong magmaneho. Tumingin ng mga taong naglalakad.
- Huwag kailanman mag-overtake ng sasakyang nakahinto para sa mga taong naglalakad.

MGA TAONG NAGLALAKAD

- Maging sigurado. Tumawid sa mga tawiran o panulukan tuwing posible.
- Maging ligtas, at nakikita. Magsuot ng mga matingkad na kulay sa araw; magsuot ng reflective na materyal o magdala ng ilaw sa gabi.
- Tumingin sa mata. Huwag ipagpalagay na nakikita ka ng mga nagmamaneho.

SHARE THE ROAD

CALIFORNIA OFFICE OF TRAFFIC SAFETY

CALIFORNIA HIGHWAY PATROL

MGA TALA

I-CLICK ITO O TICKET

Mail to: _____

Address: _____

City, State, ZIP Code: _____